

# DAGITAB

2022-2023

# DAGITAB

2022-2023

Rebolusyonaryong Lathalaing Pampanitikan ng Artista
at Manunulat ng Sambayanan-Timog Katagalugan (ARMAS-TK)



“Sumalig sa lakas ng masa!”

*Ang pabalat ng edisyong ito ay nilikha ni Precious Alyssa “Ka Komi” Anacta, isang magiting na Pulang mandirigmang martir ng Eduardo Dagli Command-NPA Batangas. Sapul nang sumapi sa NPA noong 2022 ay iniambag niya ang kanyang husay sa gawaing edukasyon, propaganda at kultura. Namartir siya sa edad na 25 sa labanan sa Brgy. Malalay, Balayan, Batangas noong Disyembre 17, 2023.*

# NILALAMAN


## PAUNANG SALITA
ni Eduardo Labrador, Tagapagsalita ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid - TK
13

## PAMBUNGAD
mula sa Patnugutan
16

## EDITORYAL
20

## Maikling kwento

### Sina Meroy, Lito at Digna
25

### Sa gitna ng kagipitan, masa ang kanlungan
ni Ka Awit
30

### Ang sining ng paglalang ng masa sa kaaway
ni Ka Pleni
38

### Umiihip sa lusong ang palalong kaaway
44

### Putok sa brasing
ni Ka Jacinta
49

### Ambus
ni V. Sanggangbayan
52

Si Rogelio, ang mapagpalayang ama
ni RA Santiago
58

## Sanaysay

Ang landas na pinili ni Ani
69

Liham
ni Ka Sean
76

Rebolusyon ang tanging lunas sa kanser ng bayan
ni Katarina Liwayway
80

Para saan ang buhay ni Ka Shane?
Mula sa Kalatas
87

Kilusang masa, sinapupunan ng matitibay na kadre at kumander ng armadong pakikibaka
91

## Tula

Lakas ng masa ang bibigo sa pasismo
ni Seed Sumibol
97

Masa at Pulang hukbo tungong tagumpay
ni Ka Pleni
99

Talisay
ni Ka Sayi
102

Prinsipyong bakal
ni Ka Bingbing
104

Nanay Luz
ni Ka Nathan
105

Nang buksan mo ang pinto
ni Gabriela Saka
106

Ang panauhin
ni Adel Serafin
107

Si Nanay, si Tatay
ni Belinda Bukirin
109

Walang kahit na sino ang maniniwala
ni Ka Vera
111

Liwanag ng Pag-asa
ni Ka Rosie
114

Iisang martsa
ni Ka Bingbing
116

Ang lupa
ni Adel Serafin
117

Tangis ng api
ni Ka Rosie
118

Pagpupugay sa mga martir ng Mendiola
ni Caloy Liwanag
120

Sanlibo’t isa
ni Ka Jani
122

Ang kasuklam-suklam na pagmamahal
(Tula Serye)
ni Adel Serafin
123

Hanggang sa muli, kaibigang Kalaw
ni Ka Minda
126

Ang gintong mina
ni Khalil Casan
128

Buwis-buhay ang aming hanapbuhay
ni Ka Pleni
130

Dakilang Partido
ni Ka Olga
133

Pola
ni Ka Hera
134

Katatagan
ni Gabriela Saka
135

Sa ngalan nila
ni Ka Alley
137

Hanggang sa huling hininga
ni Ka Nina

138

## Sa alaala ng mga rebolusyonaryong martir

Ang iniwang talinhaga ng aking rebolusyonaryong ina
mula sa Kalatas
141

Ang kaligayahan ay nasa rebolusyon
ni Adel Serafin
144

Kaibigang oso
ni RA Santiago
147

Salamat kay Senior B
ni Ka Cube
147

Ka Hunter
ni Ka Nathan
153

Pagpupugay, mahal na kasama
mula sa ARMAS-TK
155

Liham kay Ka Andres
ni Ka Kurt
156

Sa saliw ng mga dalangin
ni Ka Enya
158

## Awit

Magsasakang walang lupa
Pulang Bandila-EDC-NPA Batangas
161

Rekoberi erya
ni Eduardo Labrador
163

Ikambyo pasulong
ni Eduardo Labrador
165

## Biswal

Pultaym
ni Ka Sol
168

Sa Kanluran
ni Ka Khabar
169

Impyerno mula sa langit
ni Ka Brando
170

Sa gawaing masa
ni Ka Eunice
171

Indayog sa musika
ni RA Santiago
172

Kerima Tariman | Makata at artista ng masa
ni RA Santiago
173

Tao ang mahalaga
mula sa Kalatas
174

Hukbong mapagpalaya
mula sa Kalatas
175

Mamamayan mag-aklas
ni Ka Komi
176

Tatlong sangkap
ni Ka Komi
177

Hindi kami pagupugpo!
ni K. Panalig
177

## Liham

Liham kina Ka Zhuge at mga kasama
ni Ka Bei
180

Liham kay Ka Mel
ni Ka Hannah
183

## PASASALAMAT

185

Alay Kina
Junalice "Ka Arya" Arante-Isita,
Baby Jane "Ka Binhi" Orbe,
Precious Alyssa "Ka Komi" Anacta
at iba pang manggagawang pangkultura at
rebolusyonaryong martir ng Eduardo Dagli
Command-NPA Batangas na mahigpit na
nakatuwang ng patnugutan sa paglathala ng
Dagitab 2022-2023.

# PAUNANG SALITA

ni Eduardo Labrador, Tagapagsalita
Pambansang Katipunan ng Magbubukid - Timog Katagalugan (PKM-TK)

Ikinalulugod ng PKM-TK ang oportunidad na ibinigay ng pamatnugutan ng Dagitab na isulat ang paunang salita sa isyu nito ngayong 2022-2023. Saklaw ng edisyong ito ang unang taon ng rehimeng US-Marcos Jr., bilang ilehitimong pangulo, punong tagapagtanggol at tukod ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Minana pa ni Marcos sa nakaraang rehimeng US-Duterte ang mga kontra-magsasakang batas, patakaran at lantay-militaristang pamamahala. Pinanatili at hindi binago, bagkus mas pinasahol at pinabangis ang mga kontra-insurhensyang kampanya, at ipinangalandakan nang walang kahihiyan ang kanyang pagiging tuta sa imperyalismong US. Walang pakundangang nagpabaya at walang malasakit si Marcos sa mamamayang di pa nakakabangon sa hambalos at militaristang tugon mula sa pandemyang COVID-19. Ganap na ipinatupad ang patakarang neoliberal sa ekonomiya at agrikultura, tampok ang pagpapaloob sa Regional Comprehensive Economic Partnership, labis na pagsandig sa importasyon ng bigas, sibuyas, asukal, karneng baboy at manok, at iba pa na pumapatay sa lokal na agrikultura hanggang sa pati ang maliit at katamtamang laking negosyo ay nag-aalburuto na. Para lubusin ang pagsasakatuparan ng neoliberal na patakaran ng estado, niluluto ngayon ni Marcos ang *charter change*.

Sa ganitong kalagayan, napapanahon na makulumpon at maipalaganap sa rehiyon ang mga buhay at kamatayan, ginintuang mga aral ng tagumpay ng pagsusulong ng DRB sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng sining at panintikan sa rehiyon na mula sa kontribusyon ng mga kadre at kasapi ng Partido, Pulang kumander at mandirigma, aktibista at patuloy na lumalaban at nanindigang masa.

Nais namin na ipaabot mula sa PKM sa buong rebolusyonaryong kilusan sa TK at pambansang saklaw ang napakainam na tema ng

edisyong ito ng Dagitab, "Sumalig sa higanteng lakas ng masa upang likhain ang makasaysayang igpaw pasulong ng rebolusyon!" Sa nakaraang ding selebrasyon ng ika-55 taon ng pagkakatatag ng mahal na Partido sa ating rehiyon, malinaw ang panawagan at hangarin na "Puspusin ang kilusang pagwawasto! Palakasin ang Partido! Likhain ang pinakamahigpit na ugnay sa masa at pamunuan silang dalhin sa bago at mas mataas na antas ang rebolusyong pambansa-demokratiko!" Taimtim at buo ang pananalig na dapat akuin, iwaksi at pangibabawan ang mga internal na kahinaan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Bago pa man ang panawagang ito, mapagpasyang iginuhit ng Partido sa rehiyong TK ang kampanyang "Ampatin ang mga Pinsala at Pag-atras, Ipreserba ang Natipong Lakas at Ikambyo Pasulong ang mga Gawain at Pwersa!" Tinukoy sa anim na taong paglalagom ang mga internal na kahinaan at salik, kinakailangan iwastong mga kamalian at ang mga mapanlabang tungkulin para sa lahatang panig na pagbawi, pagpapalawak at konsolidasyon.

Susi, angklahan at estratehiko ang paglulunsad ng kampanyang edukasyon sa mga isinulat ng tagapangulong tagapagtatag ng PKP na si Ka Jose Maria Sison. Napakahalaga ng pagbabalik-aral sa mga nauna pang dokumento at sulatin kaugnay ng una't ikalawang dakilang kilusang pagwawasto para sa mas malalim na pagsapol sa mga naging hamon, balakid at muling pagsikad ng lahatang panig na gawain sa kalunsuran at kanayunan. Sa kanayunan, lahatang panig na isulong ang digmang bayan sa pamamagitan ng pagtatayo ng base, paglulunsad ng rebolusyong agraryo at pagpapalakas sa armadong pakikibaka. Gayundin na ang rebolusyonaryong kilusang masa at hayag na kilusang masa sa mga sentrong lungsod ng rehiyon ay tumalunton din sa mga parehong hamon, panawagan at pagtupad ng mga dakilang tungkulin para sa pagpapadagundong ng kampanyang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista. Itambol at itanghal ang superyoridad ng Programa Para sa Demokratikong Rebolusyon, praktika ng pagtatayo at operasyunalisasyon ng demokratikong gubyernong bayan, pagpapatupad ng reporma sa lupa, pagpapagana ng kooperatibisayon sa kanayunan at ang tinatanaw nitong sosyalistang lipunan.

May ilang panahong nabitiwan at di nabigyan ng sapat na pansin ang pagsisinop, pagkokonsolida at pagbubuo ng Panlipunang pagsisiyasat at Pagsusuri sa Uri. Dapat na tumalima sa mga paalala kaugnay ng pagbibigay ng pinakamataas na pagpapahalaga sa gawaing ito. Sa pamamagitan nito, matalas na matutukoy ang suliranin ng masa at kabuuang kalagayan ng mga uri sa lipunang mala-kolonyal at malapyudal na magiging gabay sa ating mga lokal na pakikibaka at kampanyang masa. Kapag nasapol ang di matatawarang halaga ng pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa, magiging matibay itong muog at sandigan ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa at ng BHB sa pamumuno ng Partido para sa dakila at makasaysayang pagsulong ng rebolusyon. D

# PAMBUNGAD

## MULA SA PATNUGUTAN NG DAGITAB

Ang demokratikong rebolusyong bayan (DRB) ay isang digmang bayan at upang maipagtagumpay ito, nararapat na pakilusin ng buong rebolusyonaryong kilusan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang sambayanang Pilipinong inaapi at pinagsasamantalahan. Hindi makakamit ang anumang pagpapalakas ng kilusan kung walang suporta ng malawak na mamamayan at kung gayon, ang sandaling pagkaligta o pagbitaw sa mahalagang prinsipyong ito ay magsasapanganib sa buong kilusan at sa kahihinatnan ng lahat ng ating rebolusyonaryong pagsisikap. Sa diwa ng panawagan ng Partido para sa kilusang pagwawasto, inihahandog ng Dagitab ang isyu nito sa 2022-2023 ang mga likhang sining ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan sa temang "Sumalig sa higanteng lakas ng masa upang likhain ang makasaysayang igpaw pasulong ng rebolusyon!".

Itinatampok ng isyung ito ng Dagitab ang mga likhang-sining na gumuhit, nagsatitik at nabigay-himig sa panawagan sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon para bumalik at sumalig sa masa. Unang-una na ang awiting ***Ikambyo Pasulong*** na inspirado ng kampanyang pag-aaral sa panrehiyong dokumentong "Ampatin ang mga Pinsala at Pag-atras, Ipreserba ang mga natipong lakas at Ikambyo-pasulong ang mga gawain at pwersa!" na naglagom sa ating anim-na-taong pagharap sa kampanyang supresyon ng kaaway—mga tagumpay at kabiguan, mga kalakasan at kahinaan. Nilaman ng mga tulang ***Iisang Martsa***, ***Liwanag ng Pag-asa*** at ***Masa at Pulang Hukbo Tungong Tagumpay*** ang mga panawagan ng kilusang pagwawasto kaugnay ng pagsalig sa masa para muling makapagpalakas at isulong sa mas mataas na antas ang digmang bayan. Malinaw rin itong mababanaag sa mga sining-biswal na ***Sa Gawaing Masa***, ***Indayog ng Musika***, ***Tao ang Mahalaga!*** at ***Mamamayan, Mag-aklas***.

Hatid ng awiting ***Rekoberi Erya*** ang mga tagubiling dapat panghawakan natin sa pagbabalik sa mga eryang pansamantalang naiwan. Kaugnay nito ang nilalaman ng ***Liham para kina Ka Zhuge***

***at mga kasama*** na hinggil sa karanasan ng isang yunit ng hukbo sa pakikipaggitgitan sa kaaway para muling mabalikan ang mga baryong pansamantalang naiwan at inatake ng kaaway. Isinalaysay naman ng tulang ***Talisay*** ang kwento ng tagumpay at mga kasalukuyang hamon sa isang baseng baryo sa kanayunan.

Sa isyung ito ng Dagitab dinadakila at ginagawaran natin ng pinakamataas na pagpupugay ang mga dakilang martir ng rebolusyong Pilipino. Iniaalay ang mga tulang ***Ang Kaligayahan ay Nasa Rebolusyon*** para sa mga kapita-pitagang pinuno ng Partidong sina Benito Tiamzon at Wilma Austria-Tiamzon; ***Ka Hunter*** para kay Arc John Varon; ***Sa Saliw ng mga Dalangin*** para kay Isagani "Ka Ringo" Isita; sanaysay na ***Ang Iniwang Talinhaga ng Aking Rebolusyonaryong Ina*** alay kay Josephine "Ka Sandy" Mendoza; isang ***Liham para kay Kevin "Ka Facio" Castro***; sanaysay na ***Paalam, Senior B*** at dibuho na ***Kaibigang Oso*** para kay Misael "Ka Jorah" Ongtangco; *portrait* ni ***Kerima Tariman | Makata at Artista ng Masa*** at poster na ***Pagpupugay, Mahal na Kasama*** para kay Jethro Isaac "Ka Pascual" Ferrer.

Kasabay nila, pinagpupugayan rin ng ilang mga obra ang kasalukuyang mga rebolusyonaryong patuloy na nagpupunyagi sa pakikibaka laluna ng mga kababaihang mababasa sa tulang ***Katatagan*** at ***Pola*** na alay sa isang bilanggong pulitikal.

Tangan ang diwa't inspirasyon ng mga dakilang martir ng rebolusyon, alalahanin natin sa tulang ***Ang Lupa*** at awiting ***Magsasakang Walang Lupa*** ang dustang kalagayan at matapang na paglaban ng mga magsasakang inagawan ng lupa at patuloy pang dumaranas ng iba't ibang tipo ng pagsasamantala't pang-aapi. Ganito rin ang himig ng mga tulang ***Ang Gintong Mina*** at ***Hanggang sa Muli, Kaibigang Kalaw*** na kwento ng mamamayang pinalalayas ng dambuhala at dayuhang mina. Matitikman naman ang pait na dinaranas ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa tubuhan sa tula-seryeng ***Ang Kasuklam-suklam na Pagmamahal.***

Ipinakikita ng mga tulang ***Sanlibo't Isa*** at ***Buwis-buhay ang Aming Hanapbuhay*** at ng sining-biswal na ***Impyerno Mula sa***

***Langit*** ang pamamasismo at bangis ng mga yunit ng AFP-PNP-CAFGU na nananalasa sa kanayunan sa pamamagitan ng mga FMO. Kasabay nito ang hamon at panawagan ng muling pagbabangong nilalaman ng tulang ***Tangis ng Api***.

Kung wala ang Hukbong bayan, walang kahit ano ang mamamayan at kung wala ang mamamayan, walang lakas ang Hukbong bayan. Sa maikling kwentong ***Sa Gitna ng Kagipitan, Masa ang Kanlungan*** isinalaysay ang karanasan ng isang yunit ng BHB na nakahanap ng kanlungan at pansamantalang luwag sa piling ng masa matapos kumawala sa matitinding FMO ng kaaway. Bayani at inspirasyon sa kwentong ito at sa mga tulang ***Nanay Luz***, ***Si Nanay, si Tatay*** at ***Nang Buksan Mo ang Pinto*** ang masang tulad nina Tay Nestor at Nanay Luz sa bawat Pulang mandirigma. Kung bakit, malinaw na napag-iiba ng masa ang militar sa tunay nilang hukbo na nilaman ng tulang ***Ang Panauhin***. Dahil dito, umaani ng suporta ang Hukbong bayan mula sa masa sa kalunsuran na nilaman ng ***Liham ni Hannah kay Ka Mel***.

Dapat pagpugayan ang katapangan, diskarte, at kapangahasan ng masang biktima ng harassment ng AFP sa magkakatambal na kwentong ***Sina Meroy, Lito, at Digna*** at tulang ***Prinsipyong Bakal***. Tampok rin ito sa biswal-seryeng ***Hindi Kami Pagugupo!*** na kwento ng isang unyon ng mga manggagawa na 'di inalintana ang panggigipit ng pasistang NTF-ELCAC sa kanilang makatarungang pakikibaka. Pinatutunayan lamang ng kanilang determinasyon ang poster ng dibuhong ***Hukbong Mapagpalaya***.

Sa inspirasyon nito isinulat ang tulang ***Sa Ngalan Nila*** na nagpapahayag ng taimtim at di-magagaping panata ng Hukbong bayan na isulong ang DRB para palayain ang buong bayan mula sa lahat ng tipo ng pang-aapi ng imperyalismong US at magkakutsabang paghahari ng malalaking kumprador-panginoong maylupa.

Nakaukit na sa kasaysayan ang pagbabalikwas ng masang api laban sa naghaharing uri. Sa ika-36 taon ng Mendiola Massacre muling ginugunita ang inialay na buhay ng mga magsasaka para sa pakikibaka sa lupa sa tulang ***Pagpupugay sa mga Martir ng***

***Mendiola*** na magpahanggang ngayon ay wala pa ring nakakamit na hustisya. Ang kanilang kabayaniha'y ipinagpapatuloy at iniangat sa mas mataas na antas. Makikita sa mga tulang ***Walang Kahit na Sino Ang Maniniwala*** at ***Lakas ng Masa ang Bibigo sa Pasismo***, at mga dagling ***Ang Sining ng Paglalang ng Masa sa Kaaway*** ang makapangyarihang lakas ng masa para biguin ang anumang pagtatangka ng estado na durugin ang pakikibaka ng mamamayan.

Samantalang marami sa kanila ang tumangan ng armas at sumapi sa BHB tulad ng inspirasyong hatid ng mga kwentong ***Ang Landas na Pinili ni Ani***, ***Rebolusyon ang Tanging Lunas sa Kanser ng Bayan***, ***Para Saan ang Buhay ni Ka Shane?*** at ng biswal na ***Pultaym*** at ***Sa Kanluran***. Kasabay nito, katangi-tanging pagpupugay rin ang dapat nating igawad sa mga masang inialay at sinuportahan ang pasya ng kanilang mga anak na mag-Hukbo at suungin ang masalimuot pero dakilang buhay ng armadong pakikibaka na itinampok sa kwentong ***Si Rogelio, ang Mapagpalayang Ama*** at sanaysay na ***Liham***.

Sa kabilang banda, pinaghuhugutan ng lakas at inspirasyon ng mamamayan ang bawat putok ng tagumpay ng mga taktikal na opensibang inilulunsad ng BHB na itinampok sa mga kwentong ***Ambus***, ***Putok sa Brasing***, at ***Umiihip sa Lusong ang Palalong Kaaway***. Mahalagang komponente ito ng matagalang digmang bayan na mababakas sa poster na ***Tatlong Sangkap***. Pinasisinungalingan ng mga obrang ito ang deklarasyon ng estado na humihina na ang BHB at matatalo na ang rebolusyon. Ang totoo, matatag itong nagpunyagi at nagtitipon ng lakas sa 55 taon dahil sa absolutong pamumuno ng PKP. Nakasaad ito sa tulang ***Dakilang Partido*** at ***Hanggang sa Huling Hininga***. D

# EDITORYAL

## Ang tagapaglikha ng kasaysayan

Madaling sambitin, bukambibig na nga kung tutuusin, ng bawat rebolusyonaryo ang dakilang aral mula sa kritikal na pag-aaral sa kasaysayan ng mga lipunan at tunggalian ng mga uri—ang masa, ang masa lamang, ang tunay na bayani at tagapaglikha ng kasaysayan. Ang esensya nito'y mahahanap sa ating mga pahayag, maririnig sa mga awit at mababakas sa mga sining biswal. Isinisigaw natin sa kalunsuran at kanayunan na sa sama-sama at kolektibong pagkilos ng mga api, babagsak ang mga mapagsamantala at maihuhudyat ang pagdatal ng panibago't mas maunlad na yugto ng lipunan.

Subalit hindi sasapat na mabigkas ang sagradong paniniwala upang magkatotoo at magluwal ito ng materyal na kalagayan. Kailangan itong palagian at matibay na panghawakan, isapraktika sa lahat ng panahon anuman ang kundisyon. Sa nakaraang mga taon, naging malaking hamon sa mga rebolusyonaryong pwersa na isabuhay ang prinsipyo ng mahigpit na pagsandig sa lakas ng masa sa harap ng mga panloob na kahinaan at walang humpay na pasistang pang-aatake ng estado.

Partikular sa huling anim na taong karanasan ng Timog Katagalugan, lumitaw ang malaking kakapusan at, sa ilang pagkakataon, pagbitaw sa tungkuling abutin ang malawak na mamamayan, lalo na ang manggagawang bukid, maralitang magsasaka, mababang panggitnang magsasaka, mga manggagawa't mala-manggagawa, at magsagawa ng gawaing alyansa sa mga panggitnang-pwersa sa gitna ng pukpukang paglaban sa kampanyang supresyon. Hindi napundi ang ilaw ng pakikibakang masa, ngunit napakaraming hindi naabot ng sinag nito. Mistulang nangangapa sa dilim ang kalakhan ng mamamayan habang nananalasa ang pasismo at sinasalanta ng neoliberal na patakaran ang kanilang kabuhayan. Nagmukhang malakas ang hambog na kaaway habang nag-aampat ng pagdurugo ang kilusan. Ano ang nangyari, bakit nagkaganito?

Dahil ang lakas at buhay ng rebolusyon ay nasa masa, magkakamit tayo ng mga tagumpay at patuloy na susulong kung nagagawa nating

pukawin, organisahin at pakilusin ang malawak na mamamayan. Sa kabilang panig, ang pagkaligta, pagluwag o paglihis sa linyang masa ay magreresulta naman sa pag-atras at mga kabiguan.

Bagamat matagumpay nating binigo ang imbing pangarap ng kaaway na lipulin ang kilusan, nagkamit naman tayo ng seryosong mga pinsala't pag-atras dahil naging maluwag ang mahigpit na pakikipag-ugnayan natin sa masa sa proseso ng pagpreserba sa sarili at pag-angkop sa mapanghamong kalagayan. Napapanahong maging kritikal sa sarili at tasahin ang ating mga naging kahinaan at kalakasan sa aspetong ito. Dapat balikan at namnamin, muling itanim sa puso't isip, at payabungin ang marubdob na pagmamahal at pag-asa sa masa, hindi dahil tayo'y mga bulag na romantiko, kundi bilang mga rebolusyonaryong nakauunawa sa batas ng paggalaw at pagbabago ng mga lipunan.

Ang masa sa lipunang malakolonyal at malapyudal ay binubuo ng mamamayang inaapi't pinagsasamantalahan—ng mga manggagawa, magsasaka, semi-proletaryado, peti-burgesya at pambansang burgesya. Sila ay dambuhalang pwersa, libong ulit pa ang lakas sa rumaragasang ilog kung nagkakaisa't kumikilos para sa dakilang adhikaing pambansa-demokratikong rebolusyon. Nasa masa ang yaman, ang bilang, ang lakas, ang talino at ang pamamaraan na inagaw at kinamkam lamang ng sasandakot na mapang-api't mapagsamantalang uri. Lagi't laging lamáng ang masa dahil ang kanilang kapangyarihan ay mula mismo sa tinipong pwersa't lakas ng iba't ibang aping uri, sektor at mamamayan na siyang bumubuhay sa lipunan.

Kayang ibaling ng masa sa pamumuno ng uring manggagawa ang daloy ng kasaysayan at ibunsod ang pag-usbong ng bagong kaayusan. Sa pambansang antas, halimbawa nito ang pagpupumiglas ng mamamayan mula sa pagkaalipin sa kolonyalismong Español na humantong sa pagsiklab at pagtatagumpay ng Rebolusyong 1896. Sa harap ng karuwagan ng imperyalismong US, magiting na hinarap ng mga gerilyang Pilipino ang pwersang Hapones hanggang mapalayas ang mga pasistang mananakop. Hinding-hindi rin makalilimutan ang paglaban ng bayan sa malagim na diktadurang US-Marcos. Nagpataw

ang matandang Marcos ng Batas Militar upang mangunyapit sa kapangyarihan, ngunit sa huli'y winalis siya sa poder ng daluyong ng armado't di-armadong pakikibakang pinag-alab ng mga krimen ng kanyang tutang rehimen. Sa mga ito ipinakitang ibayong lumalakas at bumubulwak ang pwersa ng masa oras na tangkaing pigilan at supilin ito. Ang hindi mapasusubaliang papel at lakas ng kilusang masa sa mga yugtong ito ang dahilan kaya hindi nagtatagumpay ang mga reaksyunaryo na burahin ito sa kolektibong alaala ng mamamayan gamit ang pambabaluktot at kasinungalingan.

Kahit nitong nakaraang anim na taon kung kailan dumanas ng pinsala ang kilusan sa rehiyon ay nagniningning ang katotohanang ang masa ang lakas at pag-asa ng rebolusyon. Ang mga akda at likhang sining na tampok sa edisyong ito ng Dagitab ay halaw mula sa tunay na karanasan ng masa, aktibista, mga kasama at yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at Partido. Sa mga obrang ito inilalahad ang pagkamalikhain, katapangan, katatagan at katapatan ng masa sa adhikain ng rebolusyonaryong kilusan. Narito ang mga kwento kung paano isinasalba ng masa ang Hukbo at Partido mula sa buhay-at-kamatayang kagipitan, kung bakit malalim na naniniwala ang masa sa rebolusyon, at kung paanong ang masa—na dinudusta at hinahamak ng naghaharing-uri—ay nagbabangon sa kabila ng paninibasib ng kaaway at nagiging tunay na bayani. Puspos ang mahabang kasaysayan ng pakikibaka at pang-araw-araw na karanasan sa pagrerebolusyon ng mga patunay kung bakit wasto ang pagsalig sa lakas ng masa.

Ang pananaw sa daigdig na masa ang lumilikha ng kasaysayan na taglay nating mga rebolusyonaryo ay kabaliktaran ng makitid na paniniwala ng mga reaksyunaryo. Para sa mga reaksyunaryo, ang masa ay pasibo at nagpapatangay lamang sa agos ng kasaysayan. Sa mga gahaman, ang masa ay pwersa sa produksyon na pinaghuhuthutan ng yaman. Ito ang dahilan kung bakit iniisip nilang magagapi ang nakikibakang mamamayan sa pamamagitan ng lantay na pwersang militar, na kaya nilang malinlang ang mamamayan gamit ang mga reporma, limos at walang kwentang boladas at mga panlilinlang. Binansagan nilang *'gamechanger'* ang malalakas at sopistikadong armas at sasakyang pandigma sa kontra-rebolusyonaryong gera. Sariling rebolusyonaryong kasaysayan ng sambayanang Pilipino ang

magtuturo ng leksyon sa mga hambog at maghuhusga sa kanilang kahangalan.  Pinatunayan at ipinamalas din ang di magagaping lakas ng masa ng iba't-ibang rebolusyonaryong mamamayan sa daigdig tulad ng mamamayang Byetnames na matagumpay sa kanilang digmang mapagpalaya laban sa ipinagmamalaking "superyuridad militar at yaman" ng imperyalismong US.

Walang puwang para sa sinumang rebolusyonaryo na pagdudahan ang lakas at kapasyahan ng masa na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan (DRB) sa bansa na pinamumunuan ng proletaryong Partido at armadong pakikibaka na inilulunsad ng BHB.  Nasa interes ng masa na ipagtagumpay ang DRB na siyang nagtataguyod ng kahilingan ng masang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa, ng masang manggagawa't sambayanang Pilipino ang pambansang industriyalisasyon, kumprehensibong programang panlipunan, at pagtatanggol sa pambansang soberanya at kalayaan, at pangangalaga sa kapaligiran.  Tulad ng tinuran sa pabulang Tsino na Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok, tiyak ang paggapi sa mga salot na imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo sa sandaling mapukaw at mapakilos ang masa na lumahok sa tunay na masalimuot ngunit lubhang kinakailangang rebolusyon.

Napipinto ang paggising at pagbangon ng kapangyarihan ng masang anakpawis sa harap ng napakabusabos na kalagayan ng bayan at sumisidhing krisis ng imperyalismo sa buong daigdig.  Sa tanglaw ng kilusang pagwawasto, kailangang ihanda at pangunahan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang masang Pilipino upang pasikarin ang anti-pyudal, anti-imperyalista at anti-pasistang pakikibaka sa buong bansa.  Puspusan nating gampanan ang gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa para isulong, palakasin at ipagtagumpay ang digmang bayan anuman ang haraping pagsubok at panganib.  Sa paglawak ng hanay at paglalim ng base ng masang lumalaban, lilikhain ang panibagong yugto ng rebolusyonaryong kasaysayan ng pakikibakang bayan. D



# Maikling Kwento

# Sina Meroy, Lito at Digna

NI KA AWIT

Isa sa mga pinag-iinitang sityo ng sundalo ang Sityo Matalas. Dito naninirahan sina Lito at Meroy. Sa karatig na sityo naman nakatira si Digna. Anim na taon nang singkad ang walang puknat na paninibasib sa kanilang komunidad ng mga pasistang sundalo. Walang inilibre sa kanilang duguang kamay—bata, matanda, lalaki, babae, binata, dalaga. Lahat sila ay nakaranas ng iba't ibang anyo ng panunupil at pandarahas: pananakot, pagbabanta, pagpapasuko, pambubugbog, pangmomolestiya at higit sa lahat, ang pagpapabalik-balik sa kanila sa kampo upang isailalim sa imbestigasyon at intimidasyon.

Oo, may mga utos na hindi nila kayang tanggihan bunga ng sobrang takot sa sundalo. Ngunit wala ni isa man sa kanila ang napasakamay at napahinuhod ng malupit na sundalo.

Minsan silang tinanong ng mga kasama:

"Bakit sa loob ng mahabang panahon ng pang-aatake ng *army* ay nanatili kayong tapat sa rebolusyon at hindi ninyo kami pinabayaan?"

Matapat na tumugon ang masa:

"Kung wala ang mga kasama, wala ang lupang pinakikinabangan namin mula noon hanggang ngayon. Pinagtagumpayan natin ito para ibigay sa amin ang pamamahala at pagpapaunlad.

Kung tutuusin nga, napipilitan lang kaming kumuha ng 4P's at tulong pangkabuhayan dahil kung hindi kami tatanggap ay paparatangan nila kaming mga NPA. Nag-iingat kami. Lalo na ngayon. Marami ang nakaambang mga proyektong pwedeng umagaw ulit sa aming lupain.

At dahil d'yan hinding hindi namin kayo tatalikuran. Marami pa tayong pagsasamahang laban."

## Ang madiskarteng si Ka Meroy

Halos isang buwang nakababad sa kanilang baryo ang sundalo dahil sa *retooled community support program.* Habang nagpapahinga mula

sa magdamag na paghahakot, kasabay ng paghigop ng mainit na kape—ang mainit na kwentuhan ang tanging umaampat sa lamig ng madaling araw.

“Ano namang pakana ngayon ng mga *army* sa inyo?” ang paunang tanong ni Ka Cham.  Katalakayan nila ang isang dosenang masang naghatid ng suplay ng Hukbo sa pangunguna ni Ka Meroy.

“Ay!  Ay!  Ay!  Sobrang pahirap sa amin ‘yang mga *army* na iyan.  Halos isang buwan na kaming pinaghahakot ng kanilang pagkain, at sa loob ng isang buwan ni hindi man lang kami inaalok ng pagkain!” mabilis na sagot ni Ka Meroy.

“Kahit kape, wala!” pagsali ng isang masa.

“At alam n’yo ba, napakalaswa nila!  Nagpapanood sila ng mga *bold* na panoorin kahit maraming bata,” pahabol na sambit ng isa pa.

“At ang nakakatawa, pinipilit kaming mag-*basketball* kahit hindi kami marunong.  At kahit gusto naming pumunta sa aming mga kaingin ay hindi namin magawa dahil sa paliga na yan,” sambit ng masa at sabay-sabay silang nagtawanan ng mga katalakayang Hukbo.

Sa huling tanong ni Ka Cham:

“E, pinaghahakot pala kayo ng *army*.  Paano ninyo nailulusot ang aming suplay?”

“Isinasabay namin sa pahakot nila,” sabay ngiti ni Ka Meroy.

Isang ngiti ng paghanga ang isinukli ni Ka Cham sa naging paraan ni Ka Meroy.  “O di ba? Hindi tayo mauubusan ng paraan basta lagi tayong nag-iisip at nagtutulung-tulong!”

“Tama!” ang tugon ng lahat ng masa.

“O s’ya pahinga na muna tayo at maraming salamat sa inyo.”

“Sige,” muli nilang tugon.

“Kami ay lalakad na,” ang huling sambit ni Ka Meroy sabay abot ng kanyang kamay tanda ng pagpapaalam.

Binagtas ng masa ang masukal na daan pabalik sa kanilang mga tahanan sa tanglaw ng paparating na umaga. Inihahatid ng tanaw nina Ka Cham ang mga masang dinadampian ng silahis ng araw.

## Ang matalas na si Ka Lito

Gabi, unang tunaw ng buwan. Papunta sa mga kasama si Ka Lito kaya halos pusikit na ang dilim nang bagtasin niya ang kahabaan ng ilog.

Isang malakas na tighim ang narinig habang papalapit ang mga kasama sa ilog.

"Magandang gabi!" ang bungad na pagbati ni Ka Lito.

"Magandang gabi rin," ang mahinahon na tugon ni Ka Azon.

"Pasensya na kayo mga kasama kung nahuli ako. Hindi kasi ako basta makaalis hangga't hindi ko natitiyak na nakaalis na sila."

Kaninang bago magtanghalian nakatanggap ng ulat ang mga kasama na hinahanap si Ka Lito ng mga taksil sa rebolusyon na pinangungunahan ni Mario.

"Anong ginawa diyan ng mga demonyo?" tanong ni Ka Azon.

Hindi na nagpaligoy-ligoy pa si Ka Lito sa pagsagot, "Hinahanap sa akin ang patagong baril. Nahirapan ako kasi nandon si Mario na tukoy na alam ko kung nasaan ang baril."

Ganito ang takbo ng usapan nila kanina:

"Kinuha na ng mga NPA ang baril nang hindi ko alam. Kahit tingnan mo pa sa pinagtaguan. Di ba alam mo naman kung nasaan yon?" sagot ni Ka Lito.

"Siguradong alam mo yon kung saan iyon inilipat. Sabihin mo na!" pamimilit ni Mario.

"Ay, sa hindi ko nga alam! E di ba ayaw kong tanggapin 'yang patagong baril na 'yan? Kayo 'tong nagpilit-pilit, tapos ngayong nawawala, ako ang bubwisitin ninyo! Kung makulit ka, puntahan natin ang pinagtaguan.

Sumama ka!" tugon ni Ka Lito.



Hindi na nakaimik ang demonyo at umalis na lulugo-lugo dahil hindi nila napasakamay ang halagang kapalit ng nakatagong baril.

"Aba ang tapang n'yo!" hirit ni Ka Azon sa pagtatapos ng kwento ng masa. "Tiyak babalikan ka nila."

"E di bumalik sila!" sagot ni Ka Lito.

"Paano kung ipatawag ka sa kampo?" sabat ni Ka Omer.

"Ay hindi ako pupunta mag-isa. Hangga't kaya, hindi ako magpapahanap sa kanila," sagot ni Ka Lito.

"Kung talagang malalagay ka sa panganib 'wag kang mag-atubili na sumama sa amin," pahabol na salita ni Ka Wika.

"Aba syempre," sagot ni Ka Lito na unti-unti nang nawawala ang panginginig ng katawan. "O paano mga kasama, mauna na ako sa inyo, pag-uusapan pa namin kung sino ang makakasama ninyo papunta sa kabilang bayan."

Pagdating ng mga masa, muling umusad ang yunit na handa sa magdamagang lakad patungo sa kabilang bayan tanglaw ang papasikat na buwan...

## Ang matapang na si Ka Digna

Malayo pa'y tanaw na ni Ka Digna ang mga bisita na hindi naman katanggap-tanggap sa kanya.

Nag-aayos siya ng mga paninda ng kanyang anak nang tumapat sa kanilang tindahan ang mga salot.

"Di ba may kontak ka sa NPA at taga-bili ng kanilang suplay? Taga-ulat ka rin sa kilos namin!" ngiting-asong bungad ni Totoy.

“Ay!  Ay!  Wala akong alam sa sinabi ninyo,” mariing sagot ni Ka Digna.

“Napakasinungaling mong babae ka!” sabat ng kasamahan ni Totoy.

Hindi nakapagpigil si Ka Digna sa kanyang narinig at pasugod niyang sinuntok sa balikat si Totoy.  “Walanghiya ka, hindi kita kilala. Lumayas kayo dito!”

“Wala akong alam sa sinabi mo!” gigil na sambit ni Ka Digna.

At dahil naramdaman ang matinding galit ni Ka Digna, kumaripas ng takbo ang mga demonyo habang nagsisigaw, “Babalikan ka namin!”

Muling tinugunan sila ni Ka Digna, “Hihintayin ko kayo! Mga hayop kayo!”

At nilamon ng alikabok ang mga demonyo sa tindi ng karipas ng takbo.

“Mga duwag naman pala kayo!” bulong sa sarili ni Ka Digna. D

# Sa gitna ng kagipitan, masa ang kanlungan

*"Ang nalalabing mga buwan ng taong ito ang 'final push' para mapagpasyang talunin ang mga lokal na terorista at teroristang grupo ng mga komunista."*

*– pahayag ng pasista't hambog na*
*AFP Chief General Cirilito Sobejana*
*(Mula sa balita ng Philippine Daily Inquirer, Hulyo 2021)*

Tirik-na-tirik ang araw at tinutuyo ang lalamunan ng mga pulang mandirigmang naglalakbay. Nakatatak sa isip ng bawat isa na kailangang makasumpong sila ng masa. Masa lamang ang kakalinga sa pagal na katawan at gutom na sikmura ng mga kasama. Ipinipreserba na nila ang kanilang lakas para sa paglakad kung saan man mapapadpad ang mga paang napipiit na ng bota. Kasalukuyang nasa isang yugto ng *focused military operation* ng militar ang mga eryang saklaw ng yunit ng NPA.

"Nakabalik na ba si Ka Nico?" tanong ni Ka Baldo, ang kumander ng yunit.

"Naku, wala pa nga pero tiyak hindi 'yun babalik nang walang huli," tugon naman ni Ka Gio, ang instruktor pampulitika ng yunit.

Ilang araw na ring lugaw ang kinakain ng mga kasama. Napilitan silang tibain ang dalawang buwig ng saging at maghukay ng balinghoy na tira-tira sa kaingin ng masa para maibsan ang kanilang gutom.

"Paano yan, dalawang araw na tayong nag-aantay dito ngunit walang dumarating na masa?" tanong ni Ka Jory.

"Mag-iwan na lang tayo ng pambayad na pera, iipit na lang doon sa kubo at mag-iwan ng sulat para makahingi tayo ng pasensya. Maiintindihan naman tayo ng masa," sagot naman ni Ka Gio.

Maya-maya pa, tuwang-tuwang bumungad si Ka Nico sa mga naghihintay na kasama, “O mga kasama, maghanda na ng lulutuan at para makakain na tayo!  Binigyan tayo ng masa ng bigas at manok. Pagsalu-saluhan natin!”  Sabik na ang mga kasamang makakain ng kanin at makahigop ng mainit na sabaw.

“Mukhang nakaginto ka, Ka Nico!” tuwang-tuwa namang sinabi ni Ka Gio.

“Malalaman natin,  pero mga dati silang ugnay ng mga kasama, ilang dekada na ang nakakalipas, sabik na sabik nga n’ong kausap namin, ang tagal na raw nilang hindi nakakakita ng NPA,” ang masayang paabot ni Ka Nico.

“Handa rin silang tulungan tayo, naroon na nga at bumibili na sila ng suplay natin at may nirerekomenda silang pwedeng basehan natin malapit doon sa kanila,” ani Ka Nico.

Agad na nag-ayos ang mga kasama ng paglulutuan at nagkalap ng panggatong.  Inatas ni Ka Baldo kay Ka Jory ang pagluluto.  Aniya, ipaubaya sa eksperto ang ngayon lang muling matitikmang ulam na manok.

“Sarapan mo ang luto, yung tipong makakalimutan ng mga kasama ang mga isipin nila,” pabirong bilin ni Ka Gio kay Ka Jory.

“Ako’ng bahala, bakit, kumusta ba ang mga kasama?” usisa ni Ka Jory.  “Sa tindi rin naman ng pinagdaraanan natin, kahit nga ako minsan napapanglaw, dinadalaw ng sari-saring isipin…,” ani Ka Jory.  Mataman niyang ipinatas ang mga bao upang lumiyab ang gatong na kakaunti lang ang usok.

“Mayroong nagrerehistro ng pagod, gutom.  Mayroon ding ‘di mapakali kapag nakarinig na may kaaway sa kalapit.  Mga bagay na natural na maramdaman, syempre, tao rin ang mga kasama, nahihirapan, nasasaktan, nagiging matibay lang dahil mulat at naninindigan sa rebolusyon…” ani Ka Gio.

“Teka, ikaw, ano ‘yung binabanggit mong nasagi sa isip mo?” tanong uli ni Ka Gio kay Ka Jory.

“Pag-aalala lang sa lagay natin…alam mo na ‘yun, Ka Gio…” mahinang sagot ni Ka Jory.

“Ay, hindi ko pa alam! Sige na, magbukas ka’t baka makatulong sa ‘yo.”

Saglit na tumahimik si Ka Jory. Sa kanyang pag-imik nasabi niya, “Naiisip ko lang minsan, napakahirap talagang magrebolusyon. Tumindi ang kampanyang supresyon sa panahon ni Duterte. Ang dalas at ang sinsin ng operasyon. Ang gawain natin, bahagyang umusad dahil naaantala ng FMO. Paano natin lalabanan ang kaaway? Paano tayo aalpas sa ganitong kalagayan?”

Malalim na buntung-hininga ang pinakawalan ni Ka Gio bago sumagot. “Walang simpleng sagot para riyan. Sa tingin ko, kailangang pag-aralan natin at suriin ang ating naging praktika. Aralin din natin ang mga gabay at lagom na karanasan na ibinahagi ng Partido. Buong bansa ang dumaranas ng mahigpit na sitwasyon pero mayroong nakakapanatili, nakakapagpalakas at umaabante. Matuto tayo mula sa kanila at sa mismong pagsusuri natin sa ating manera.”

“Sana makapag-aral na tayo, Ka Gio. Nakaka-*miss* na rin pumasok sa pulang paaralan,” pabirong sagot ni Ka Jory.

“Tiwala rin akong makakatulong sa atin ang paglapag dito. Mawawala ang panglaw mo sa init ng salubong ng masa sa ‘tin,” ani Ka Nico.

***

Noong malaman ni Tay Nestor na nasa malapit ang mga kasama, walang pag-aatubili kahit napakatanda na, labo na ang mata at hirap na sa paglalakad, pinuntahan niya ang kinasasabikan niyang mga NPA. Kulang ang maghapon para sa kanyang mga kwento. Ipinagyabang niyang dating binabasehan ang lupa nila ng mga kasama. Halos palibutan ang kanyang bahay at walang bakanteng bundok sa dami ng mga kasama. Bagong mag-asawa pa lamang sila ni Nay Bising noong panahon na iyon.

“Napakahigpit ng mga sundalo dito sa aming lugar noon. Maraming ipinatawag at tinakot na mga sibilyan. Kaya hindi ko inaasahang makakakita pa ulit ako ng tulad ninyo,” ani Tay Nestor.

"Salamat Itay at kahit napakatagal nang panahong di na kayo nakita ng mga katulad namin ay tinanggap niyo pa rin kami. Napakatindi ng inyong karanasan pero handa pa rin kayong tumuwang sa amin. Tunay na mahihirapan ang hukbo kung wala kayo," ani Ka Nico.

"At kaming mga masa ay wala ring kahit na ano kung wala kayo," dugtong ni Tay Nestor. Ngumiti si Ka Nico. "Syanga!" masayang sambit ng iba pang mga kasama.

"Huwag kayong mag-alala mga kasama, tutulong kami sa inyo sa abot ng aming makakaya. Titiyakin namin ang inyong kaligtasan habang kayo'y nandito," ani Tay Nestor.



Sa pangangalaga ni Tay Nestor, nakatagal ang yunit sa lugar sa kabila ng tuluy-tuloy at sala-salabat na kilos ng kaaway sa mga karatig baryo. Isang buong kumpanya ng kaaway na sakay ng anim na sikbay trak ang ginamit para maghaluhag sa lugar. Mayroong isang pangyayaring muntikang makadaan ang mga berdugong sundalo sa dating binasehan ng yunit. Buti na lamang at inilipat ni Tay Nestor ang mga kasama sa mas tiyak niyang hindi inaabot ng kaaway.

Habul-habol naman ni Tay Nestor ang mga kasama noong makakita siya ng kaaway na patungo rin sa direksyon na pupuntahan

ng yunit. Maagap rin niyang binubura at ng kanyang pamilya ang mga bakas na naiiwan ng mga kasama sa daan.

"Dito lang muna kayo mga kasama, hahanapin ko ang kaaway. Babalik ako anuman ang makuha kong balita. Kami na ang bahala sa paligid," sabi ni Tay Nestor nang may napabalitang operasyon ng militar sa lugar.

Sa panahong maluwag ang mga kasama, tumutulong sila sa produksyon ng masa tulad ng paglulukad o pagtatabas sa kanilang kaingin. Minsan sumasama rin sa pangingilaw sa ilog ang mga kasama para may pang-ulam kapwa ang hukbo at pamilya ni Tay Nestor sa kinabukasan. Tinuturuan din ng mga kasama ang mga anak ni Tay Nestor sa pagsagot ng modyul.

Minsan naitanong ng kanilang anak na si Shirley, "Bakit po ba may NPA? Ano po bang ipinaglalaban ninyo?"

"Matalino ka talaga, Shirley, magaling kang magtanong!" puri ni Ka Nico sa bata, sabay guhit sa papel.

"Sa bansa natin, may dalawang hukbo, ang reaksyunaryong hukbo at ang NPA. Ang mga sundalo ng gubyerno, tagapagtanggol sila ng mga naghaharing-uri, ibig sabihin, yung mga nang-aapi at nagsasamantala sa mahihirap. Sila iyong mga may-ari ng malalawak na lupain pero di naman nagtatrabaho, o kaya mga may-ari ng malalaking kumpanya na barat magpasweldo sa mga manggagawa. Sila iyong matataas na opisyal ng gubyerno, mga sunud-sunuran sa dikta ng US at China at ng mga dayuhang gustong kunin ang likas na yaman ng ating bansa," paliwanag ni Ka Nico.

Habang nagpapaliwanag ay nagkakahugis ang drowing ni Ka Nico. Isang tao. Walang tsinelas o sapatos. Nakasuot ng *chino* at pantalong may punit pa ang bahaging tuhod.

"Pero kaming NPA, kami ang hukbo ng mahihirap, ng mga inaapi. Nandito kami para ipagtanggol ang karapatan ng magsasaka, ng manggagawa, pati mga bata tulad mo. Ang ipinaglalaban namin ay kung ano ang kahilingan ng mahihirap, tulad ng lupa, sahod, karapatan, kalayaan, at katarungan. Makakamit lang ang mga iyon kung babaguhin

natin ang sistema ng lipunan, kung magkakaroon tayo ng gubyerno na tunay na maglilingkod sa mamamayan, at yung hindi sunud-sunuran sa dikta ng US."

"Kaming NPA, dati ay simpleng mamamayan lang din tulad nyo. Natuto kaming lumaban dahil namulat kami sa tunay na problema ng ating bayan.  Nag-armas kami para lumaban sa marahas na gubyerno at mga sundalo nito.  Hindi nila kusang ibibigay ang ating kahilingan at igagalang ang ating mga karapatan kung hindi natin ito ipaglalaban.  Kita nyo naman kung gaano kapasista ang mga sundalo 'di ba?" banggit ni Ka Nico.

Natapos na ang drowing ni Ka Nico, isang magsasakang may hawak na baril.

"Sabi nga po ni Tatay, buti at nandyan kayo dahil nawawala ang mga abusado sa baryo," wika naman ni Karl, anak din ni Tay Nestor.

Mula noon ay nawili na sa pagpunta sa mga kasama ang magkapatid, minsan pa nga ang buong mag-anak ni Tay Nestor.  Hindi nila alintana ang paglipas ng oras habang nakikipagkwentuhan at nakikipagtalakayan sa mga kasama.

Para magkaroon ng iba pang katuwang ang pamilya ni Tay Nestor sa pagtataguyod sa Hukbo at  para ma-organisa ang iba pang masa, inugnayan ng yunit ang maaayos at dati nang kontak ng mga kasama na rekomendado rin nina Tay Nestor.  Ilan nga lang sa kanila dahil sa kadalaan sa mga sundalo ay matindi pa rin ang takot.  Pero sa abot ng kanilang makakaya tumutulong sila sa pangangailangan at pangangalaga sa NPA.

***

Malayo pa lang, ramdam na ni Tay Lucio kung sino ang parating. Sinamahan ni Tay Nestor sina Ka Baldo para maipakilala kina Tay Lucio. Ang pamilya ni Tay Lucio ay dati ring ugnay ng mga kasama sa baryo.

"Kami, mga kasama, ay natatakot.  Nagpapapulong ang sundalo rito at sinasabi nilang kapag may abutin silang NPA sa bahay ng mga sibilyan ay wala silang sasantuhin.  Ganyan na lang ang banta sa amin ng mga

sundalo. Kahit mga alagang manok namin ay kinakatay nila. Pero dahil dati naman kaming nakakausap ng mga kasama, ililihim namin na narito kayo para na rin sa kaligtasan nating lahat. Pwede rin namin kayong tulungan sa pag-aayos ng inyong pagkain," ani ni Tay Lucio.

Minsan pa sa kalapit ng binabasehan ng yunit ng NPA ay nakilala nila si Tay Pedro. Naglilinis siya ng kanyang kaingin para ihanda sa panibagong pagtatanim. Tinulungan siya ng mga kasama na magbunot ng mga natirang kamote at maggamas ng kaingin.

"Matagal na akong hindi nakakakita ng NPA. Pero noong binata pa ako, madalas ang mga kasama rito sa amin. Maunlad ang organisasyon sa baryong ito dati. Kasama pa ako sa grupo ng mga kabataang magsasakang nabuo rito. Tinulungan ng mga kasama ang mga tao na paunlarin ang produksyon sa pamamagitan ng pagtatanim kaya nakahiligan namin ang pagkakaingin," kwento ni Tay Pedro.

Sa pagtatapos ng pag-uusap ng mga kasama at ni Tay Pedro binigyan niya ng kamote ang mga kasama.

"Sa inyo na mga kasama itong mga kamote. Sayang nga lang at nahuli na kayo ng pagdating, nakaani na kami. Bukás itong kaingin kung kailangan niyo ng mga gulayin. Pasensya na lang mga kasama at wala akong ibang maibibigay sa inyo. Kung anuman ang mabalitaan ko sa lugar namin, ipapaabot ko sa inyo," ang mapag-aalalang banggit ni Tay Pedro.

Nabuhayan ng loob ang mga kasama dahil sa masang muli nilang nakaugnayan at nakasalamuha.

***

Sa piling ng masang katulad ni Tay Nestor, napangalagaan at nakapagpahinga ang pagal na katawan at isipan ng mga Pulang mandirigma kahit sa saglit na panahon. Sa mainit na pagtanggap ng masa, muling nanariwa ang kabuluhan at pangangailangan na lumaban. Tumibay ang sagot sa katanungan na "Para kanino?" sila naglilingkod.

"Inay, itay, magpapaalam na po kami. May panibagong gawain po kami na kailangang tugunan. Kailangan po naming imulat at i-organisa

ang iba pang masang katulad ninyo.  Baon po namin sa bagong gawain ang mga aral at masasayang kwentuhan sa panahong tayo'y magkakapiling," ani Ka Gio.

"Gusto rin naming magpasalamat sa inyong suporta at pag-iingat sa amin.  Walang katumbas ang inyong nagawa," pamamaalam ni Ka Nico sa mag-anak na nagkalinga sa kanila.

"Kailangan niyo po ba talagang umalis?" tanong ni Shirley na nangingilid ang luha sa mga mata.

"Pansamantala lang naman kaming mawawala.  Magtira ka ng modyul para sagutan uli natin sa pagbalik namin," biro ni Ka Nico sa bata.

"'Wag 'nyo rin ho kalimutang magbukas ng selpon at doon kami makikibalita.  Magpa-*password* ho ako para makatiyak kayong ako nga," bilin ni Ka Baldo.  Sumang-ayon si Tay Nestor at mahigpit na nakipagkamay sa kanya.

"Bukas lagi ang aming tahanan para sa inyo mga kasama, hanggang sa muli nating pagkikita.  Tiyak magtatagumpay din tayo mga kasama. Mag-iingat kayo lagi," paalala ni Tay Nestor.

Baon-baon ang mga kataga at alaala ng pamilya nina Tay Nestor, habang ikinukubli ng dilim ng gabi ang paglalakbay na mga Pulang mandirigma, sumagi sa isip ni Ka Jory na tunay ngang walang ibang sandigan ang Hukbo kundi ang lakas at kapasyahan ng masang inaapi at pinagsasamantalahan.  Ito ang dahilan kung bakit hindi magagapi ang rebolusyon.

Marami pa ang tulad nina Tay Nestor na handang ilaan ang kanilang buhay para sa kaligtasan ng kanilang Hukbo at sa pagtatagumpay ng rebolusyon.  Patunay ito na patuloy na mabibigo ang hibang na pakana ng tiraniko, pasista at berdugong rehimen ni Duterte. D

# Ang sining ng paglalang ng masa sa kaaway

NI KA PLENI



## Ang sagot ni Tiyu sa pasistang nagsisino

Gabi nang dumaan ang mga nag-ooperasyong sundalo sa Baryo Buli. Tumigil sila sa harap ng bahay ni Tiyu at saka binulabog ang pagtulog ng binata.

"Anong pangalan mo? Sino ang mga dumadaang NPA dito?" bulyaw ng sundalo.

Inis sa pagkakaistorbo sa kanyang pagtulog, ibinalik ni Tiyu ang tanong sa mga sundalo, "Ikaw nga, dadaan dito, hindi ko naman alam ang pangalan mo. 'Yung iba pa kaya?"

Hindi na nakapagsalita pa ang mga sundalo, saka umalis. Napangiti si Tiyu, at iginayak na ulit ang sarili sa pagtulog. Sa isip niya'y nasambit, mabuti na lamang at nakalipat na sa kabilang baryo ang mga kasama kagabi.

## Paano nakuha ni Edson ang impormasyon?

Pabalik-balik ang mga kabataan sa mataas na bahagi ng prutasan ni Nanay Jenny. Doon tahimik na nakapwesto ang mga kasama, naka-*red alert* dahil sa operasyon ng mga sundalo.

Unti-unti nang nabubuo ang hitsura at manera ng kilos ng kaaway mula sa mga iniulat ng mga kabataang kasapi ng KM[1] sa mga kasama. Isa sa kanila ang dumating sa pwesto na amoy alak.

“Nakainom ka ata, Edson!” bungad na bati ni Ka Misa sabay abot sa kamay ng kabataang edad 23.

“Kinailangan, mga kasama. Ayaw magsabi ng impormasyon sa akin nung taong pinuntahan ng kaaway. Inalok ko muna ng alak saka ako nakipagkwentuhan. Ayun, nang malasing na’y nagkwento rin.”

Susuray-suray ang kamay niyang iminwestra ang nakuha niyang impormasyon kung saan dumaan ang mga sundalo, gayundin ang bilang nila at mga yunit na kasama sa paggalugad. Dahil sa iniulat niyang ito, tuluyan nang nabasa at na-aral ng mga kasama ang katangian ng operasyon ng kaaway.

“Ang direksyon nila ay pababa at palayo, papunta sa kabilang baryo,” pagtatapos ni Edson.

“Hayan! Ayos na pala! Pwede na ulit kayong mamitas ng rambutan at lansones sa ibaba!” bulalas ni Nanay Jenny.

## Sa likod ng ngiti ni Tatay Danny

Magsisilbing gwardya ang mga sundalo sa tatlong araw na pagsi-sensus ng lokal na reaksyunaryong gubyerno sa Baryo Abokado. Naroon din sa baryong iyon ang isang yunit ng Pulang Hukbo. Hindi maaaring birahin ng BHB ang kaaway dahil may mga sibilyang kasama sa aktibidad. Nagpulong ang sangay ng Partido sa lokalidad upang planuhin ang magiging hakbangin.

Nang dumating na ang araw ng pagsi-sensus, sinalubong ng ngiti ni Tatay Danny ang isang iskwad ng mga sundalo.

“Ako po ang maggigiya sa inyo sa bahayan,” magiliw niyang sambit. Si Tatay Danny ang isa sa mga kasapi ng Partido sa baryo.

Tahimik ang mga kasama sa isang gulod na kaingin ng masa habang naka-*red alert*.

“Magtiwala tayo sa masa,” bulong ni Ka Angel sa kanyang ka-*buddy*.

Tatlong araw nang nagrerekon si Tatay Ken, CO[2] ng MB[3], sa paligid upang tiyakin na walang ibang tropa na kasama ang mga sundalong imbwelto sa pagsi-sensus.

Kinahapunan ng ikaapat na araw, tagaktak ang pawis ni Tatay Ken sa pagsalta sa gulod kung nasaan ang mga kasama. Nakita ng mga kasama ang dalisay niyang ngiti habang nag-uulat, "Tapos na ang sensus. Doon sila iginiya ni Danny sa makalawang gulod mula rito, saka umikot pabalik sa malaking daan. Nakalabas na ang kaaway."

### Ituro ang mga taksil na nagtuturô

Pinuntahan ng mga sundalo ang Baryo Pugahan. Iniharap nila sa mga masa roon ang mag-asawang Poncio at Pilata, mga taksil sa rebolusyon. Pinaparatangan nila ang taumbaryo bilang tagasuporta ng BHB.

"Nagkukupkop daw kayo ng mga NPA! Sinu-sino ang mga NPA na pumupunta sa inyo rito?" bwelta ng isang berdugo.

"Ay wala po, ser. Ang pumupunta laang po dine ay iyang dalawang kasama niyo. Sila po ang pinatutuloy namin. NPA po pala ang mga iyan, ser? Ala e, sila ang dapat ninyong hulihin!"

Napikon ang mga sundalo sa matapang na sagot ng masa.

"Mga NPA raw ang tumulong sa inyo para sa proyektong patubig dine sa baryo!"

Lalong ikinapikon ng mga sundalo ang sagot ng masa:

"Ay, ser, perwisyo pala kayo, e! Ni wala naman kayong itinulong para sa patubig, manggugulo pa kayo dine! Si Kagawad ang natulong sa amin kaya kami nagkatubig. NPA po pala si Kagawad?"

### Gamitin ang langit sa pagtawid

Tadtad ng tsekpoynt ng mga sundalo ang kalsada mula sa hangganan ng mga bayan hanggang sa hangganan ng mga probinsya. Kailangang itawid ang tatlong kasama papuntang kabilang probinsya upang gumampan ng mga rebolusyonaryong gawain.

Pinakilos ni Ka Alberto, ang PI[4] ng platun, sina Tatang Goring at iba pang pwersa sa lokal upang humanap ng masasakyan ng tatlong kasamang patawid.

"Ayos na! May sasakyan na sila! Sugo ng langit ang drayber kaya wala tayong magiging problema," ulat ni Tatang Goring kay Ka Alberto nang makabalik na ito sa mga kasama matapos ang mga pag-aayos at pagkausap.

Alas-tres ng madaling-araw nang nagsimulang bumyahe ang tatlong Pulang mandirigma kasama ang drayber.

"Ako'ng bahala sa inyo, huwag kayong mag-alala," walang anumang pangambang turan niya sa tatlo.

Sa tuwing dadaan sa mga tsekpoynt, tatanguan, ngingitian o di kaya'y sesenyasan lamang ng drayber ang mga sundalong nakayapos sa kanilang armalayt. Susuklian din naman ng mga kaaway ng ngiti ang drayber saka palalampasin. Kilalang-kilala ng mga sundalo ang drayber at ang sasakyang ginamit.

Sa tuwing makakalampas sa tsekpoynt, tuluy-tuloy ang talakayan at propaganda ng tatlong kasama sa kanilang drayber. Nang nakarating na sa kanilang destinasyon, lubos na nagpasalamat ang tatlong kasama sa drayber, na siyang ministro ng simbahan sa bayang pinanggalingan nila, dahil sa matagumpay na pagtatawid sa kanila sa kabilang probinsya.

## Ipagkait ang tubig sa mga nanggigipit

Katanghaliang tapat. Mainit ang panahon nang sugurin at palibutan ng mga sundalo ang bahay ni Tatang Selmo. Inabutan nila ang matanda na nagpapainom at nagpapakain ng kanyang mga alagang hayop.

"Tatang Selmo, nag-aalaga ka raw ng mga NPA!" sigaw ng sarhento habang binabasa ang papel na hawak niya.

"Bakit ko naman sila aalagaan e malalaki na ang mga iyon! Ang inaalagaan ko laang e itong mga kambing, baboy at manok ko!" Hindi natitigatig sa pagpapakain ng baboy si Tatang.

“Kasama ka sa listahan! May kaso ka! Tagasuporta ka ng NPA! Nagpapainom ka raw at nagpapakain ng mga NPA!” pandidikdik na banta ng sarhento.

Nagitla si Tatang sa binitawang ito ng sarhento. Kasunod nito’y higit siyang namuhi sa mga sundalong nanggugulo sa kanya. Naalala niya ang masasayang panahong kinalinga niya ang mga kasama sa kanyang bahay. Milya ang pagkakaiba ng mga sundalo at NPA sa pakikitungo sa akin, sambit niya sa sarili.

Pansamantalang nagpahinga ang mga sundalo sa katabi ng bahay ni Tatang Selmo. Maya-maya’y lumapit sa kanya ang isa na may dalang maraming tubigan ng kanyang mga katropa.

“Tatang, makikiinom kami sa igiban mo!” dire-diretso ang lakad ng inutusang sundalo.

Pinigil siya ng matanda, at galit na ibinalik sa kanila ang bantang ibinira sa kanya ng walang-galang na sarhento kanina:

“Ay wag! Bawal na! Di ga’t may kaso na ako sa pagpapainom at pagpapakain ng ibang tao? Bakit ko pa kayo pahihintulutang umigib dito sa akin? Lumayas kayo rito at baka madagdagan pa ang kaso ko!”

Walang nagawa, luluguy-lugoy na bumalik ang sundalo sa mga katropa niya. Dahil walang ibang mapagkukunan ng tubig, umalis din agad ang mga sundalo.

## Tumalilis sa arte ng buntis

Pusikit na ang dilim nang puntahan ng mga sundalo ang bahay ng mag-asawang Mang Alko at Aling Sandra.

Nasa loob ng bahay sina Ka Boni at Ka Lily, dating mga mandirigma ng BHB na naging susing pwersa na sa lokalidad. Sila ang hinahanap ng kaaway.

Isang dipa lang ang distansya sa pagitan ng mga sundalo at ng dalawang kasamang nasa loob ng bahay. Nahaharangan lamang ng

pawid na dingding ng kubo ang dalawa kaya hindi sila nakikita ng kaaway.

"Nandito ba sina Boni at Lily?"

"Hindi ko po kilala yun, ser. Ako po ang lider nitong baryo, pero wala pong ganoon ang pangalan dito," sagot ni Mang Alko.

Nakaamba nang pasukin ng mga sundalo ang kubo nang lumabas ang walong-buwang buntis na si Aling Sandra at sumigaw, "Ano bang meron dito? Ang sakit-sakit na ng tiyan ko, nang-iistorbo pa kayo sa pagpapahinga ko! Aray! Aray! Teka — manganganak na ata ako!"

Hindi magkandaugaga si Mang Alko sa pag-aalala at pag-aasikaso sa asawa. "Saan? Saan ang masakit, mahal? Anong gagawin ko?"



Ikinagitla ng mga sundalo ang eksena. Upang makaiwas, kaagad silang umalis.

"Hoy! Bumalik kayo! Tulungan ninyo ako, ser!" sigaw ni Mang Alko.

Nang nakalayo na ang mga sundalo, bumulong si Aling Sandra sa kanyang asawa, "Walang masakit, mahal. Kunwari lang yun, para umalis ang mga kaaway. Ligtas na sina Ka Boni at Ka Lily." D

______

*1 KM - Kabataang Makabayan*
*2 CO - commanding officer*
*3 MB - milisyang bayan*
*4 PI - political instructor*

# Umiihip sa lusong ang palalong kaaway

Madaling araw, maririnig ang kakaibang tunog na naoobserbahan ng mga nagtataliba. Malakas ang ugong—tunog na pamilyar sa mga kasama. Tiyak nila na *drone* iyon. Naging normal na ito sa pandinig ng mga kasama, dahil napapaligiran sila ng ilang kampo-militar at madalas itong magpalipad ng *drone*.

Maagang naghanda ang mga kasama para sa isang pagtitipon. Maagap silang lumipat ng pwesto sa 'di kalayuan upang doon ilunsad ang aktibidad.

Pagdating sa lugar na pagdarausan, muli nilang narinig ang pamilyar na ugong.

"May *drone*! Kumubli kayo! Ang mga sinampay, tiyaking wala sa hawan," sambit ng isang kasama.

Isa, dalawa, tatlong oras hanggang apat na oras... Nagmantine ang paglipad ng *drone* at nagpapalit-palit lang ng pwesto na tila naka-trayanggulo sa tapat ng kanilang pwesto.

Agad na nagpulong kuman para aralin ang kalagayan. Para sa mga kasama, bago ang karanasang ito na matapatan ng *drone* na eksakto mismo sa pwestuhan. Nagpasya ang mga kasama na lilipat ng pwesto 'pag dumating na ang masa. Ngunit hindi pa nakakarating ang ulat ng masa ay may naobserbahan na ang mga kasama na nasa bahaging taas nila.

"Mga kasama, may mga kaaway na bumubulusok sa itaas ng ating pinagtulugan kagabi!" humahangos na ulat ng isang kasama.

"Maghanda kayo't aalis na tayo. Kailangang makatawid tayo ng daan para hindi tayo abutan ng *blocking* ng kaaway," sabi ni Ka Jet, ang tumatayong CO.

Kaagad na naghanda ang mga kasama at nilisan nila ang pwesto. Makalipas ang isang oras ay nagpahinga ang mga kasama at nagluto ng pananghalian. Habang nagluluto, nakapakat ang buong pwersa. Kaagad na nagpatawag muli ng pulong ang kuman at nagkaisa silang birahin ang kaaway.

"Ka Mami, Ka Sander, Ka Mica at Ka Darwin, pinagpasyahang bumalik kayo sa ating pinanggalingan. Kumanduhin ninyo ang ating pwesto at birahin ninyo ang kaaway," atas ni Ka Jet sa mga Pulang mandirigma.


Walang pag-aatubiling lumarga ang apat na kasama. Makalipas ang isa, dalawa, tatlong oras...walang pumuputok. Nakaalis na pala ang kaaway sa pinanggalingang pwesto.

Bagamat wala nang inabot, pumakat pa rin ang mga kasama sa tabing ilog. Tinaya nilang gagalaw ang kaaway kinabukasan, dahil nakita nito ang kanilang pinwestuhan. Tiyak na hahanapin ng mga berdugo ang mga NPA na hindi nila inabutan.

Kinaumagahan, bandang alas-otso kwarenta, nakita ng mga kasama na dumating nga ang kaaway. Nakasuot sila ng parka at *chino* bilang pagpapanggap at may dala pang gitara. Handa at nakapakat, sinipat ng mga kasama ang kaaway at kaagad na pinaputukan. Matagumpay nilang napaatras ang mga militar. Ligtas silang kumonsentra sa *main body* sa araw ding iyon.

Sa tinatayang reaksyon ng kaaway sa kanilang isinagawang aksyong militar, kinagabihan ay nagpasya na maglakbay na muli ang mga kasama. Habang naglalakad ay napahinto sila nang marinig na naman ang pamilyar na tunog—pinangalanan nila itong si Suki. Ito rin ang *drone* na narinig nila noong isang araw.

Dahil sa mga lawad na parangan na daraanan, nagpasya ang mga kasama na palipasin muna si Suki. Matalinong hakbang ito upang hindi sila makita. Inabot ng alas-11 ng gabi ang paghihintay ng mga kasama sa pagtigil sa pag-ikot ng *drone*. Matapos ito ay muling nagtuloy sa maniobra ang mga kasama.



Kinaumagahan, napansin ng mga kasama na nakatapat na naman si Suki sa kanilang pwestuhan. Kaagad na nagkubli ang mga kasama sa sapa na pinaghimpilan.

Maya-maya, dumating si Tatay Esto. Bagamat bagong kadaupang-palad pa lamang, ipinaliwanag ni Tatay Esto sa mga kasama ang kalagayan ng lugar na dinatnan nila. "Ang lupang ito ay sakop ng Sityo Magiting. Kasama ito sa ipinaglalaban na lupa ng mga tao rito na inaagaw ng pamilyang Aremo," pagbabahagi niya.

"Ganun po ba? Ilan po kayong apektado rito?" tanong ni Ka Mark.

"Marami kami ritong pinepeste ng mga Aremo," ani Tatay Esto.

Kasama ito sa 700 ektaryang lupain na inaagaw ng pamilya Aremo. Hindi na kataka-taka kung bakit parang sinisilihan ang pwet ng naghaharing-uri sa tuwing makakabalitang nasa laylayan ang mga NPA. Pinamumugaran ito ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador na may pakana ng mga mapaminsalang dam, *energy projects, real estate, railroad projects* at iba pang katulad. Malubha ang pagwasak ng mga ito sa kalikasan at dinidisloka ang mga tahanan at hanapbuhay ng maraming bilang ng mamamayan. Ito ang magpapaliwanag sa malaking operasyon ng sundalo't pulis sa tuwing mararamdaman ang presensya ng NPA sa laylayan.

Inimbitahan ni Tatay Esto ang mga kasama sa kanilang bahay sa di kalayuan. Sumama sa kanya sina Ka Mark at Ka Ria upang higit na magpalalim pa ng pagsisiyasat kaugnay sa lupa. Ilang minuto lamang, bumalik na ang dalawang kasama at nagdudumali ang kanilang hakbang.

Muntik na silang abutin ng kaaway sa bahay ng masa. Mabuti at mabilis na nakalabas ng bahay ang dalawa.

Nag-atas si Ka Jet na kalasan ang pwesto. Humanap sila ng mas maayos na pwesto habang naghihintay ng oras pagtawid sakaling tuluy-tuloy na dumikit ang kaaway. Habang nagmamaniobra, nakita na ng isang kasama ang pulutong ng kaaway sa bahaging kanan ng kabilang gulod kung saan sila naroon. Dahil dito, bumalik ang mga kasama upang iwasan matanaw sila ng kaaway.

Kinuha ng mga kasama ang bahaging kaliwa ng gulod. Dito sila tumigil at nagpadilim upang pangibabawan na makita sila ng kaaway dahil sa lawad ang daan.

Nagpapamilyarisa pa lamang ang kuman sa kanilang pansamantalang tinigilan nang maobserbahan ang lagitikan sa ibabaw ng pwesto ng Abe, may naririnig silang nagkakaingay.

"Kung ang kaaway ay nakarating sa pinag-alisan natin at nakita ang ating bakas, malaking posibilidad na sila na iyang nagkakaingay sa itaas," ani Ka Joy, ang *vice* CO ng platun.

Ilang saglit pa, nakita na ni Ka Manny ang gumagalaw na kaaway na naghahawan ng daan. Kaagad nila itong pinutukan at dalawang kaaway ang kaagad na tinamaan sa unang bugso.

Bagama't nakuha ng kaaway ang susing tereyn, pero bigo silang durugin ang mga kasama dahil koordinado ang pamumutok ng buong platun at magiting na lumaban ang mga Pulang mandirigma.

Ligtas na nakaatras at nakawala sa ilang kolum ng kaaway ang mga kasama. Nakarating sila sa Sityo Matapang, pasado ala-una ng madaling araw.

Ano't hindi pa man nakakatulog ang mga kasama'y nariyan na namang tumapat si Suki sa kanilang pwesto! Nang magliwanag ay muli itong nakita—tumbok ang pwesto ng mga kasama.

Ipinaalala ni Ka Bulan, ang instruktor pampulitika ng platun ang kaisahan nang gumabi hinggil sa pagtsi-tsek sa lahat ng mga gamit ng mga kasama na napasulpot mula sa isang kaaway sa uri.

Unang binaklas ang *powerbank*. Siniyasat ng P2[1] ang *powerbank*, at tumambad ang *tracking device* sa loob nito.

Nalusutan pala ng GPS[2] ang yunit, kaya laging silang nasusundan at tumatapat si Suki sa kanilang mga pwesto. Eksaktong lokasyon sa saktong oras ang ibinibigay ng GPS.

Nagpulong ang mga kasama para lagumin ang aral mula sa kanilang naging bulnerabilidad sa seguridad.

"Dapat magsilbing aral ito sa atin. Mahigpit nating ipatupad ang pagbabawal sa pagtanggap ng gadget mula sa masa, kapamilya man natin o alyado, laluna mula sa kaaway sa uri. Gayunman, nabigo natin ang kaaway sa kanyang plano na durugin tayo. Hindi nila tayo maiisahan, basta't huwag tayong muling magluluwag sa mga patakarang panseguridad. Kailangang seryosohin natin ang kaaway sa taktika. Rebyuhin at ipatupad ang ating mga patakaran kaugnay sa seguridad," ani Ka Bulan.

Sa kabila ng makabagong teknika na gamit ng kaaway, napatunayan na kayang itransporma sa opensibang aksyon ang pagtatangka ng kaaway na durugin ang mga yunit ng NPA. Hangga't determinado sa paglaban ang Pulang hukbo, mabibigo ang kaaway sa mga taktikal na labanan tulad ng naganap sa Sityo Magiting.

Ang mga berdugo ang gumagastos ng napakalaki para sa paniktik gamit ang mga makabagong kagamitang elektroniko sa operasyon para lamang durugin ang NPA. Ngunit taliwas sa kanilang inaasahan, sila pa ang nabigwasan ng mga kasama kahit pa may GPS sila.

Sa kanila lamang sumaboy ang alikabok na sila ang may dala, tulad ng pag-ihip sa lusong. D

______

*1 P2 - upisyal sa seguridad at paniktik*

*2 GPS (Global Positioning System) - isang sistemang pang-nabigasyon na gumagamit ng satellite signal para maeksakto ang lokasyon ng radio receiver sa daigdig o sa ibabaw ng daigdig*

# Putok sa brasing

NI KA JACINTA

Maaliwalas ang sikat ng araw noong Abril 28. Kalmado, kabaligtaran ng marahas na hanging nanunuot sa balat na siyang pumuyat sa mga kasama sa lahat sa nagdaang magdamag.

Magkaganoon man, ay nakahanda pa rin sa paglakad ang mga kasama. May mga balita na noon ng kilos ng kaaway sa mga pinanggalingan nila, may pagtaya sila na malamang na mahagip ng operasyon ang kagyat na perimetro kung saan sila naroon.

Binagtas ng mga kasama ang daang brasing. Ito ang tawag sa tinabas na daan ng bantay gubat, upang hindi hagipin ng sunog ang taniman ng DENR[1].

Ang brasing na ito, ang siyang naging lendero[2] ng pangangamkam ng lupa at pagkakait sa mga magsasaka sa kanilang mga karapatan. Inagaw ng mga PML[3] na si Kwari at Piso ang kalakhan ng lupain sa lugar. Ito rin ang daang binabagtas ng Hukbo upang abutin ang masang pinagkaitan ng kanilang lupa at karapatan.

Pinalapad ng operasyon ng kaaway ang daan. Ang mga operasyong militar ang silbing harang sa pagsiklab ng galit ng mamamayan dulot ng nararanasang panggigipit sa kanilang kabuhayan.

***

"Mag-alerto kayo! Masama ang tahol ng aso!" ani Ka Marco, ang VIL[4] ng huling pormasyon, nang marinig ang mga tahol ng aso sa kubo sa hindi kalayuan sa kanila.

"May kumakalasti sa likuran!" sunod na sabi pa niya sa kanyang dalawang ka-*buddy*.

Bilis-bilis silang pumakat at humanap ng kublihan sa tinatayang panganib na nagbabanta.


Sa wakas, lumantad na ang kanina pang kumakalasti sa kanilang likuran. Mula sa ilalim ng kanilang kinatatayua'y nakita ni Ka Marco ang sumbrero ng kaaway. Dalawang kaaway, na nagbubuklat ng kanilang itinabong layak sa bakas na nalikha nila sa brasing.

"Akin ang naka-M203, sa iyo ang naka-R4!" ang naisip na taktika ni Ka Marco at Ka Darel upang tiyakin na may patatamaan at hindi agad makaganti ang kaaway.

Nagsisimula na ring maggalawan ang maliliit na puno sa itaas sa kanilang bahaging kaliwa. Nagmamaniobra na ang kaaway na kinukuha ang mataas na bahagi, nang makumpirma ang bakas ng kadadaang mga kasama.

Ilang saglit pa ay buong katawan na ng kaaway ang nakalantad na ambang hahakbang palusong papunta sa kanilang direksyon. Hindi na nag-atubili ang tatlong kasama na nakakubli sa puno at bato. Muli'y pinakasipat ni Ka Marco at Ka Darel ang papalapit na berdugong kaaway.

"Pak! Pak! Pak!" ang panabay na putok ng dalawa. Agad na tumimbuwang ang naka-M203 at naka-R4. Bumugso na ang putok mula sa tatlong kasama habang ginantihan din sila ng kaaway.



Samantala, agad na nagmando si Ka Peter, ang CO, na suportahan ang mga kasamang napapalaban sa likuran.

"Lalaban tayo!" sigaw ng IL[5] ng ikalawang pormasyon. Nagpapaputok ang mga kasama sa ikalawang pormasyon, at dumugtong ang ikatlong pormasyon sa kanilang kaliwa.

Ligtas na naka-*regroup* sina Ka Marco sa *main body*. Makapal pa rin ang naging palitan ng putok.

Ilang saglit pa ay nagpaatras na si Ka Peter. Habang umaatras ay pumapakat ang isang pormasyon, sakaling may dumikit pang kaaway.

"Ano ang resulta ng labanan? Sino ang nakauna?" tanong ng Ka Peter kay Ka Marco.

"Dalawa ang tiyak na tumumba! Tayo ang nakaunang putok!" sagot ni Ka Marco.

Inulit ni Ka Peter ang ulat ni Ka Marco sa mga kasama sa naging resulta ng labanan.

Tahimik na umatras ang mga kasama at sa di kalayuan ay doon na rin nagluto ng pananghalian. Habang nakaabang sa daan ang isang pormasyon sakaling may dumating na kaaway.

Ang labanan sa brasing, ay tila apoy na kumalat sa katabing barangay.

Ang alab ng paglaban ng BHB para sa mamamayan, ay apoy na hindi mapipigilan ng daang brasing na nilikha ng uring mapagsamantala.

Ipinamalas nito ang kahandaan at kapasyahan ng BHB na biguin ang imbing pakana ng kaaway na durugin ito at wasakin ang baseng masa ng rebolusyon. D

______

*1 DENR - Department of Environment and Natural Resources*
*2 lendero - boundary o pagitan ng mga lupain*
*3 PML - panginoong maylupa*
*4 VIL- vice iskwad lider*
*5 IL - iskwad lider*

# Ambus

NI V. SANGGANGBAYAN

Parang santong pipinturahan ang paligid. Walang kagalaw-galaw. Pero panakanakang pumapagaspas ang mga kayakas ng niyog sa itaas tuwing hihipan ng hanging dala-dala ni Goring. Ang ikapitong bagyo sa taong ito.

Tuwing hihihip ang hangin saka ko isinasabay ang maingat at marahang paghawi sa tuyong layak. Iniipon sa magkabilang tabi para makalikha ng sapat na puwang sa lupa na puwedeng upuan at dapaan.

Tuwing hihihip ang hangin saka ko isinasabay ang pigil na tighim. Pesteng ahem. Epekto na ito ng ilang linggong pagpi-PB[1].

Lilingunin ko ang kanan at kaliwa. Titingnan kung gising si Ka Wong at si Ka Ching. Kapag nakikita kong nalalaglag ang talukap ng mata ni Ka Ching ay bahagya kong babatuhin ng lupa o kaya'y sisipain ang *backpack* na nakapagitan sa amin.

Hindi puwedeng maidlip. Hindi puwedeng mawaglit ni saglit ang maaring pagdaan ng pinakahihintay-hintay naming kaaway.

Noong gabing iyon kinausap ko ang langit. Pero madamot ito sa anumang palatandaan. Palibhasa'y may kasunod na unos si Goring, nalalambungan ng maitim na ulap ni Hanna ang mga bituin at buwan. Dahil pinagkakaitan ako ng kalawakan ng langit, kaagad akong napaawit sa isip —

*Ulap, humabi ka riyan*

*Huwag mong takpan ang buwan*

*Huwag mong sayangin ang kagandahan ng gabi*

*Ang sinag ng buwan, huwag mong ikubli*[2]

Naidlip din ako. Hindi ko alam kung tuloy-tuloy o putol-putol. Walang panaginip sa kahabaan o pagitan ng aking tulog. Kailangang magbangon.



Payapa ang palapa ng niyog nang tingalain ko ito habang iniraraos ang ragasa ng kuryente ng parang puputok na pantog.

Hinaklit ko pataas ang *zipper* ng pantalon habang marahang humakbang pabalik sa puwesto. Wala pala akong kober. Hindi ko ito napansin kahapon dahil silim na nang dumating kami sa *ambush site*. Naalala ko ang bilin ni Ka Belt, ang *overall* kumander, angkupan ang pusisyon. Paganahin ang inisyatiba, pleksibilidad at disiplina.

Parang malaking orkestra ito sa utak ko – disiplina, inisyatiba, pleksibilidad. Inisyatiba, disiplina, pleksibilidad. Disiplina, pleksibilidad, inisyatiba. Hanggang sa umaawit na ito at itinuturo ang bawat tono at tiyempo ng wastong galaw. Sumasabay, humahalo ang katawan sa kalikasan. Hinahalihaw nito ang nag-aalimpuyong kalma sa dibdib. Lubhang nagpaliwanag sa sikat ng araw nang umagang iyon.

Sinisipat ko ang harapan. Tinatantya ko kung makikita ko ang daraan. Ang problema ay wala nga akong kober. Wala nang oras para maghukay ng *foxhole*. Hindi na rin paborableng lumipat dahil maaapektuhan ang buong pakat ng pormasyon namin.

Hinigpitan ko ang mga istrap ng amopots[3]. Inalog-alog ang katawan para maramdaman kung pirmido na ang lapat nito. Wala dapat anumang makasagabal sa paggalaw.

Isinakbit ko ang riple. Tiningnan ang dulo ng Armalite at tubo ng *grenade launcher*. Itinuon ko ang kaliwang palad sa lupa at dahan-

dahang iniunat ang katawan, hita at binti papuntang likuran. Ikinalang ko ang siko habang hawak ang baril at dahan-dahang dumapa. Nakatitig sa akin ang lupa.

*****

"Pinagbawalan ako na putulin ang niyog na ako ang nagtanim. Iligal raw yun."

Sabi niya sa PCA[4] at pulis na aaresto sa kanya, "Yano naman Ser ay, dalawang puno laang ho iyan. Pamakuan ng dingding at bubong ng ibinabangon kong bahay."

Ganiyan ang laging kuwento ni Ka Mon kaninumang magtanong kung bakit siya nag-NPA. Buhat raw nang insidenteng iyon hindi na naaalis sa isip niya ang pangarap na bahay na hindi napatayo. Lagi siyang nakatingala sa balaybay ng niyog na hindi naman niya makawit dahil sa isinampang kaso sa kanya. Pero hindi raw siya nawalan ng pag-asa lalo na nang maisip niyang magsusumbong siya sa NPA.

Kung ilang panahon niyang inabangan ang pagdaan ng Bagong Hukbong Bayan sa lugar nila. Laging kinukumusta ang kumpareng alam niyang may ugnay sa NPA.

Nang sumapit ang pinakahihintay na pagkakataon, walang lingon-likod, sampay ang maliit na bag sa likod dumiretso sya sa yunit ng Hukbong Bayan na nakahimpil malapit sa kanila.

"Anong nakikita mong solusyon, Ka Mon? Ipapatawag ba natin ang meari ng lupa para magharap kayo? Gusto mo bang ipaatras ang demanda?" sunod-sunod na tanong ng kasamang nag-interbyu sa kanya.

"Aba'y huwag na Kasama. Pagkakalaking abala pa nun. Sasama na ako sa inyo," deklarasyon ni Ka Mon. Ilang araw na lamang at tatlong taon na ang nakakaraan mula nang sumapi siya sa NPA. Hindi na mabilang na bahay ng kapwa magsasaka ni Ka Mon ang nalahukan nya ang pagdidingding at pagbububong. Hindi na iilang libong niyog ang nakawit at natapasan ni Ka Mon bilang NPA na natoka sa gawaing pagbibigay-serbisyo ng pagtulong sa gawain ng magbubukid.

Sa unang pagkakataon, lalahok siya sa isang taktikal na opensiba. Nang tanungin si Ka Mon sa pulong pangkalahatan para kuhanin ang komitment ng mga sasama sa TO[5], ang sagot niya, "Sa haba na ng sakripisyo natin, hindi pupwedeng hindi ako kasama."

*****

Bago ang inaasahang unang putok ng riple at pagsabog ng CDX[6], kaagad tumugtog sa isip ko ang ngilngil ng gitara at kalabog ng tambol ng *Calm Like A Bomb*[7]. Parang matagal nang nakaabang ang awitin sa ganitong pagkakataon para magsilbing *soundtrack* sa pinakaaasam na taktikal na opensiba.

*****

Matapos ang halos magkasabay na putok ng riple at pagsabog ng bomba, gumalaw sa parang iisang kumpas ang lahat ng nilalang at bagay sa kanina'y walang kaimik-imik na paligid.

Nauna ang paghiwa ng mga aserong punglo sa hangin. Sinundan ng nakadipang paghawi ng *shockwave* at pagtulak sa mga *shrapnel* sa babagong umiinit na sinag ng araw sa kalsada, patawid sa danawan hanggang sa sapa.

Nagsunuran ang iba pang bahagi ng *ambush site*. Lumulusot, tumatagos at nakikiraan ang mga bala sa pagitan ng mga dahon ng tagbak at hagonoy. Humahaginit sa tabi ng puno ng ipil-ipil at batino. Binubutas ang malalapad na dahon ng taba-tabakuhan.

Hindi man lamang nakahikbi ang tangisang-bayawak sa kanyang nasaksihan. Mapait ang sinapit ng pasistang sundalo na napanood ng mangga at santol.

Sinasaliwan ito ng panaka-nakang pagsabog, malalaki at maliliit, bumubulabog sa alikabok ng lupa at gumigiba sa dibdib ng palalong sundalo.

Naglalagitikan ang basyo ng bala pagdadampi nito sa tabi ng mga paang hindi nainip sa paglalakad at paghihintay sa pagdaan ng tatambangang kaaway. Kasabay ng pag-*open bolt* ng mga riple at

pagpapalit ng *magazine*, umalingawngaw ang pinakamatam-is na hiyaw na maririnig sa umagang iyon – A s o l t !

*****

"Wala na akong granada!" Sigaw ni Ka Ashley.

Nag-ulat sa *VHF radio* si Ka Tisoy, ang kumander ng Platun Abe, na padalahan sila ng granada.  Nang hindi dumating ang inaantay na granada dumampot ng bato si Ka Ashley, inihagis sa kalaban.  Parang *fountain* ang pagtalsik ng tubig sa bahagi ng palayan na binagsakan ng bato.  Nagpapitlag ito sa mga tinambangang sundalo na nagulat kaya bumenta ang katawan para targetin ng mga gerilya.  Sapul!

Ilang beses pa itong ginawa ni Ka Ashley.

*****

Naagaw na ng mga pulang Hukbo ng magsasaka ang kahabaan ng kalsada.  Tiyak at mapagpasya ang kanilang bawat galaw.  Ang mga nag-atubili at nagdalawang-isip sa pagsalakay ay mabilis na inakay ng katapangan ng kanilang kasamahan.  Maya-maya pa ay iisang malakas na puwersa na ang mga nagsanib na pormasyon ng Bagong Hukbong Bayan na nagmamaniobra para tuluyang i*pin-down* ang kaaway.

*****

Bago natapos ang unang araw na iyon ng Setyembre, tampok sa mga pangunahing balita sa buong bansa ang ginawang ambus ng NPA sa mga sundalo at paramilitar ng 85th Infantry Battalion ng Philippine Army sa Tagkawayan, Quezon.

Halos nalipol ang siyam-kataong kawal ng Philippine Army kung saan lima ang namatay at tatlo ang sugatan.  Nakasamsam ng limang ripleng M-16 ang Hukbong Bayan bukod pa sa mga bala.

Noong araw na iyon, hinainan ni Ka Bon ng pritong isda ang mga gerilyang napadaan sa kanyang bahay habang umaatras mula sa ambus.

Wala siyang masyadong imik habang inaalok ng pagkain ang mga NPA. Pero halata sa kanyang mukha ang labis na kasiyahan.

Minsang sinabi ni Ka Bon sa kapwa nya magkokopra, “Nasa sonang gerilya tayo, kailangan nating makipagkaisa sa patakaran ng NPA. Kung makikipagtulungan tayo sa kanila, lalong mabuti.”

Hindi man sabihin, alam niyang para sa masang magsasaka ang matagumpay na ambus. Ang aliwalas sa itsura ni Ka Bon ay katumbas ng pagkilala at pagdakila niya sa ginawang pamamarusa ng BHB sa mga panginoong maylupa at diyus-diyosang sundalo at CAFGU[8].

Walang sinasanto ang NPA lalo na kapag kaaway ng mamamayan. 𝒟

______

*1 PB – physical base*
*2 Ulap - ikalawang kanta sa album na Lakambini (1992) ng Cocojam (Rolly Maligad)*
*3 amopots - pabalbal ng ammunition pouch*
*4 PCA - Philippine Coconut Authority*
*5 TO - taktikal na opensiba*
*6 CDX - command detonated explosive*
*7 Calm Like A Bomb - ikatlong kanta sa album na The Battle of Los Angeles (1999) ng Rage Against The Machine (Tim Commerford, Zack de la Rocha, Tom Morello, Brad Wilk)*
*8 CAFGU – Citizens Armed Forces Geographical Unit*

# Si Rogelio, ang mapagpalayang ama

NI RA SANTIAGO

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ni Niko. Handa na siya. Suot ang itim na *t-shirt, shorts, rubber shoes* at maliit na *backpack*, lumabas siya ng *apartment*.

"Jing, magpapaalam lang ako kay Papa," mahinang usal ni Niko habang inuubos ang hinihithit na sigarilyo. Ilang araw na siyang aligaga sa pagkumpleto ng mga gamit para sa ilang buwan na niyang inaantisipang byahe.

Nakaupo si Jing sa bangko sa labas ng *apartment*. "Sige, alas syete tayo mamayang gabi. *Good luck!"* nakangiti niyang sambit habang umiinom ng kape.

Tumango lamang at umalis na si Niko.

Sa huling araw bago ang byahe lamang nabuo ni Niko sa kanyang loob na magpaalam nang maayos sa kanyang ama. Gusto niya sanang magpaalam pati sa kanyang ina pero hindi na sapat ang panahon. Hindi handa ang dibdib niya sakaling pigilan siya ng kanyang ina. Hindi rin niya alam kung paano ipapaliwanag ang unang pagkakataong hindi siya nag-*noche buena* sa bahay nila.

Tatlong sakay. Dalawang *jeep*, isang bus at kaunting lakad. Amoy na amoy ang simoy ng pasko sa mga establisyimentong puno ng kumukutitap na ilaw, mga *christmas tree* at sari-saring *poster* ng mga promo na *'buy 1 take 1'* na kalokohan ng mga kapitalista sa *holiday season.*

Bago pumasok sa *lobby*, tumigil sa harap ng *parking area* si Niko. Kinakabahan pa rin siya. Ayaw niyang maiyak.

"Gud morneng, Niko!" bati ni Dencio, ang *security guard* na nakatalaga sa posteng iyon.

Bata pa lang si Niko, kilala na siya ng mga tao sa *building* na iyon na pinagtatrabahuhan ng tatay niya.

“Sa’n po si Papa?” tanong ni Niko.

“Andiyan. Sa loob,” sagot ni Dencio.

Kabisadong-kabisado na rin naman ni Niko kung saan hahanapin ang tatay niya sa mga oras na iyon. Alas nuwebe ng umaga. Malamang na nasa *admin office* o nasa kung saang palapag ng *building* at nagtse-tsek ng mga *condo unit* at kausap ang mga tenante o may-ari ng mga yunit. Kulang-kulang dalawang dekada nang empleyado ang tatay niya sa *condominium* na iyon.

“Ah. Dito po muna ako,” sagot ni Niko, sabay hakbang papasok sa *lobby* at diretso sa *admin office*.

“O, ba’t napapasyal ka? Inaantay ka namin umuwi nung Pasko ah. Tawagan mo si Mama. ‘Di ka makontak nung nakaraan e,” nakangiting bungad ni Rogelio, ang tatay ni Niko.

“*Sorry*. Hindi na ako nakapagsabi na ‘di ako uuwi. *Busy* rin kasi talaga ako, Pa. Pwede ba tayo mag-usap? Mga isang oras sana, mamaya kapag break mo,” mababang tonong wika ni Niko.

“Ano bang sasabihin mo? Sige. Kahit ngayon na,” sagot ni Rogelio, nagtataka.

“Mamaya na lang kapag *break* mo. Pwede ba dun tayo sa *parking*?” pakiusap ni Niko.

“O sige. Parang seryosong seryoso ka ah,” nag-aalalang sagot ng ama.

Sa *parking area*, umupo ang mag-ama sa isang *bench* sa likod ng *building*. Kasaliw ng maalinsangang singaw ng lupa ang singhot at hikbi ni Niko.

“Magpapaalam lang ako. Pero hindi niyo kelangan pumayag. Kasi tutuloy pa rin ako kahit ayaw niyo,” tulo ang luha at sipon ni Niko habang basag at garalgal ang boses niya.

“Bakit? Saan ka ba pupunta? Hinahayaan ka na nga namin na hindi ka umuuwi kahit inaabot ka ng ilang buwan na wala sa atin. Kahit bihira

kang kumontak.  Kahit ‘di namin alam saan ka nagpupunta.  Okey lang, basta umuwi ka pa rin pana-panahon,” madiin pero mahinahong sagot ni Rogelio.

Basa na ang *t-shirt* ni Niko at mahapdi na ang ilong niya sa kakapunas ng uhog nang sinabing “Malayo ang pupuntahan ko.  Walang *signal* dun kaya ‘di ako makakakontak.  Mga anim na buwan.  Pero pwede rin na mas matagal.”

“Sabi mo ‘di ka mamumundok?” napupunit na rin ang dibdib ni Rogelio.  Alam na niyang mag-e-NPA ang anak niya kahit hindi nito direktang sinasabi.

“Basta, tutuloy na ako, Pa.  Lagi kayong mag-iingat.”  Mahigpit na yumakap si Niko sa kanyang ama.

“Alam ko sa inyong magkakapatid, ikaw ang *independent*.  Kayang-kaya mo ang sarili mo.  Pero ‘di ko akalaing dadating ka sa ganitong punto.  Mag-iingat ka dun ha?” Pigil na pigil ang luha ni Rogelio at niyakap ang kanyang bunsong anak.

***

Dalawang taon ang lumipas…

“Magandang umaga, Kuya Dencio!  Nandiyan po si Papa?” bati ni Niko sa *guard post* sa likod ng *condominium*.

“Aba Nikooooo!  Ang tagal mong nawala ah?  Oo, andiyan si Papa mo sa loob,” nasurpresang sagot ng matandang gwardiya.

Tumapak muli ang mga paa ni Niko sa pamilyar na de erkon na opisina—ang mismong huling opisina na tinuntungan ng kanyang paa bago mamaalam sa buhay sibilyan.  Inabutan niyang muli roon ang isang mababa, mas marami nang puting buhok at malaki ang tiyan na mamâ.  May hawak na *android* habang tahimik na nagbabasa si Rogelio.

Sa pagkakataong ito, ibang-iba ang pananamit ni Niko.  Naka-*long sleeves polo* na kulay asul, naka-*tuck in* na pantalon na itim at naka-balat na sapatos.  Matagal siyang nakasilip lamang sa pintuan.  Ikinakalma niyang muli ang sarili.

“Pa,” usal ni Niko pagkabukas ng *sliding door.*

Unti-unting umangat ang ulo ni Rogelio. Nanlaki ang mga mata at napangiti.

“Uy Niko!” masayang-masaya ang nagulat na ama.

“Ba’t nandito ka? Saan ka galing?”

Yumakap si Niko bago sumagot, “Dumaan lang ako. Ayaw mo ba?” pabirong sagot niya habang ramdam ang bara sa lalamunan. Sa pagkakataong ito, nagtagumpay siyang hindi umiyak.

“Ka-*chat* ko ngayon ang kaibigan ko. Kanina lang pinag-uusapan ka namin. Nami-*miss* na kita kako. Tapos bigla kang dumating. *Answered prayer*,” nangingilid ang luhang pagbabahagi ni Rogelio.

“O ‘di ba? *Instant!*” dagdag pang biro ni Niko.

“Dumaan ka na ba kina Mama? Nag-aalala ‘yun sa’yo. Pati mga ate mo. Kahit bisitahin mo lang sila,” sabi ni Rogelio.

“Hindi. Kasi baka may mga mata dun sa bahay,” sagot ni Niko. “Labas tayo, usap tayo sa ibang lugar, Pa.”

Tumungo sa isang *convenience store* ang mag-ama at doon nagtuloy ng usap sa pagitan ng *chocolate chip cookies* at kape.

“Alam mo ba, Papa, na mali itong pagpunta ko dito? Kasi nasa trabaho ako. Pero ‘di ako nagsabi na pupunta ako dito. Baka masalang ang *security* niyo. Pati syempre *security* ko. Alam mo naman, hindi na ako tulad ng dati,” sabi ni Niko.

“May proseso kami sa organisasyon. Pero ‘di ako sumunod,” dagdag niya.

“E bakit kasi hindi ka sumunod sa proseso?” malumanay na tanong ni Rogelio.

Sa katunayan, maraming kontradiksyon na kinakaharap si Niko sa mga panahong iyon. Matinding pangungulila at krisis ang bumabagabag


sa kanya. Bagamat mali ang kanyang ginawa, alam niyang sa isinagot ng kanyang ama, ay tama ang kanyang pinuntahang tao. Ikinagulat niyang hindi sinagpang ng kanyang ama ang pagkakataon para hatakin siyang umuwi. Dito siya natauhang unawa at tanggap na ng kanyang ama ang kanyang piniling buhay, maging ang mga konsekwensya nito.

Napangiti at napatitig sa malayo si Niko. "Oo nga. Mali ako," tanging naisagot niya.

Nangilid ang kanyang luha. Ikinagalak niya ang inabot na kamulatan ng kanyang ama sa kabila ng mga limitadong pagkakataon na makapagbigay ng propaganda at paglilinaw kahit noong hindi pa siya NPA.

"Naintindihan ko naman ang mga sinabi mo sa sulat. 'Yung iniabot sa amin nina Lisa at Marin, 'yung mga kasamahan mo. Iyak nang iyak ang mama mo. Buti na lang dumating ang sulat mo. Kaso isang taon na rin na wala ka nun," kwento ni Rogelio.

"*Sorry*, kasi hindi ako nakapagreserba ng kontak para sa inyo kaya inabot ng ganun," paliwanag ni Niko.



“Nakakatuwa sila.  Parang ikaw lang din.  Simple lang manamit, *shorts* at *t-shirt* lang.  Magagalang sila.  Naalala ka nga namin nang makausap namin sila ni Mama mo,” dagdag ni Rogelio.

“Ikaw lang naman ang ayaw makipagkilala sa kanila noon e.  Sabi sa’yo mababait ang mga tibak[1] e!” nakangiting kantyaw ni Niko.

“Nakarating ba sayo ang mga padala namin?” tanong ng ama.

“Oo naman.  Maraming salamat, Pa, ha?” buong pusong pasasalamat ni Niko.

Magaan lamang na nag-usap ang mag-ama.  Para bang walang namagitang dalawang taon na patlang sa lutong ng tawa at huntahan nila na pumuno sa tahimik at maaliwalas na *convenience store* na iyon.  Nakatulong kay Niko ang *‘reunion’* nilang mag-ama sa pagklaro ng kanyang isip.  Nagpasya siyang bitiwan ang kanyang mga bagahe upang muling sumulong at tupdin ang kanyang mga rebolusyonaryong tungkulin.

“Minsan, napalaban kami.  Nadaplisan ako,” pabulong na kwento ni Niko.

“O tapos?” nakangiti at sabik pang tanong ng kanyang ama.

Sa tagpong iyon, masaya si Niko sa ipinakitang pagyakap ni Rogelio sa kanyang pasya na tahakin ang rebolusyonaryong landas, sa pagpili niyang hindi na lamang maging isang anak ng kanyang ama at ina kundi anak ng bayan sa pagsapi niya sa NPA.

Bago matapos ang araw na iyon, nagpasya si Niko na bumalik sa mga kasama at nagpasalamat sa kalahating araw na nakapiling muli ang kanyang ama. Iyon na rin ang huling pagkakataon na nagkita sila.

***

Makalipas ang tatlong taon, sa isang kapehan sa loob ng sonang gerilya…

“Mga kasama, ngayong araw na ito, inaalaala at pinararangalan natin ang mga pumanaw na mahal sa buhay ng mga kasama natin kamakailan

lamang. Isa rito ang tatay ni Ka Leo na namatay dahil sa kumplikasyon sa puso at iba pang sakit. Tinatawagan natin si Ka Leo upang magbahagi tungkol sa kanyang ama," wika ni Ka Erin, ang tagapagpadaloy.

Tumayo si Niko, na mas kilala ng mga kasama bilang 'Ka Leo', at tumungo sa entablado.

"Maraming salamat, Ka Erin," panimula ni Niko.

"Nagpapasalamat ako sa pagkakataong ito para makapagluksa at magbigay-pugay sa aking ama. Siya si Rogelio..."

Pang-anim sa pitong magkakapatid si Rogelio. Mahirap ang buhay nilang itinaguyod ng kanyang ama na sapatero. Nasa elementarya pa lamang nang maulilang lubos sa magulang si Rogelio. Mula noo'y ang ate niyang panganay ang nagtaguyod sa pagpapalaki sa kanya at sa bunsong kapatid na si Rigor.

Lumaki si Rogelio na matino at may prinsipyo. Matalino siya sa klase at mahilig sa Math. Tulad ng tipikal na kabataang lalaki na laman lagi ng mga kalye sa lungsod, paborito niya ang basketbol. Kung saan-saan din siya nakakarating para sumali sa mga *chess tournament* sa Kamaynilaan noong binata pa. Pala-biro at mabait siya kaya naman wala siyang kinasasangkutang gulo o away at kaliwa't kanan din ang mga kaibigan. Kapatid ng naging matalik niyang kaibigan ang kanyang naging nobya at kalauna'y magiging ina ni Niko.

Napilitan si Rogelio na bitiwan ang pangarap na maging inhinyero nang tumigil sa pag-aaral noong nasa ikalawang taon siya sa kolehiyo. Pinili niyang magtrabaho at pag-aralin si Rigor. Tumulong rin siya sa ate niyang noo'y may sarili nang pamilya. Nagsimula siyang maging *book keeper* sa isang malaking kumpanya ng *bookstore*. Ipinamalas ni Rogelio ang husay sa pagiging malikhain at kontrol ng kamay sa paglikha ng mga disenyo at *lettering* sa mga *pre-made greeting card* sa kanilang kumpanya. Naging *sideline* rin niya ang pagsulat ng mga pangalan sa mga diploma at sertipiko noong hindi pa nauuso ang *digital printing.*

Napagtapos niya si Rigor bilang arkitekto habang nagbibigay ng panggastos sa mga pamangkin sa kanyang ate. Tatay na nga ang turing

sa kanya ng mga ito kahit binata pa lamang siya noon dahil iniwan ang mga ito ng kanilang ama.

Bumuo ng sariling pamilya si Rogelio. Halos taun-taon siyang na-*promote* sa kanilang kumpanya noong huling bahagi ng *1980's* hanggang maagang bahagi ng *1990's* hanggang maging *supervisor* bago maipanganak si Niko.

Ngunit sa kasamaang palad, mababangkarote ang *bookstore* na pinapasukan ni Rogelio at naging *publishing house* na lamang ang naluging kumpanya. Isa siya sa nawalan ng trabaho nang magsara ang mga *branch* nito sa bansa.

Nahirapan si Rogelio na makahanap muli ng trabaho dahil di hamak na maraming mas bata at may diploma na tinatanggap sa kanyang mga sinubukang pasukan. Bilang padre de pamilya, kailangan niya lalong magpursige. Habang naghahanap ng trabaho, nag*buy-and-sell* sila ng kanyang misis. Sinubukan din nilang magtinda ng gulay at isda. Hindi pa tumutuntong sa eskwela noon si Niko na isinasama sa pagtitinda ng kanyang ama at ina.

Hanggang sa makapasok si Rogelio bilang *maintenance personnel* sa isang *condominium*. Marami siyang naging kaibigan na mga may-ari at tenante ng mga yunit dito. Mayroong duktor, abugado, direktor, pari, panginoong maylupa, negosyante at dayuhang naninirahan na sa Pilipinas. At syempre, kaibigan niya ang mga *janitor, security guard*, manininda at marami pang iba kahit sa labas ng kanyang pook-trabaho. Biro nga ng kanyang mga kaibigan, pwede na siyang tumakbong mayor sa dami ng kakilala.

Mahirap pa rin ang buhay dahil maliit ang sahod niya mula sa pagiging manggagawa sa serbisyo sa *condominium*. Sa pagtagal, naging bahagi ng *admin personnel* si Rogelio ngunit babahagya lamang ang alwan nito sa kanilang pangangailangan. Sa tuwing makakabenta siya ng *condo unit,* nakakakuha siya ng komisyon at insentibo. Katuwang ang kanyang maybahay na mananahi, napagtapos niya ang kanyang dalawang anak sa pag-aaral hanggang kolehiyo. Maaga siyang nagretiro sa edad na 60 nang lumala na ang sintomas ng matagal na niyang binabalewala na karamdaman. Bagamat maysakit, walang ibang

inisip si Rogelio kundi ang magbigay para sa pamilya. Nag*buy-and-sell* siyang muli, sa pagkakataong ito, ng *frozen goods* at *seafood*. Sa huling taon bago bawian ng buhay, natuto siyang magluto, maglaba at maglinis ng bahay habang masayang inaalagaan ang kanyang mga apo.

Malaki ang impluwensya ni Rogelio kay Niko—mula sa hilig sa musika at sining, sa pagiging pala-biro, mapagkaibigan at malambot ang puso. Si Rogelio ang nagturo sa kanyang tumugtog ng gitara at magkahilig sa mga lumang awitin. Malimit na pareho sila ng mga piling kanta sa *videoke* kaya hindi aari ang iisang mikropono sa kanilang tahanan! Madali rin siyang matuto at makaangkop sa Generation MZ[2] at naging aktibong *social media user* mula nang turuan siya ni Niko na gumamit nito. Dahil dito, hindi mahirap para sa kanya na unawain ang subkultura at lenggwahe ng kanyang mga anak at iba pang kabataan.

Noong pultaym nang kumikilos si Niko sa lungsod, pana-panahong niyayakag ni Rogelio sa paborito nilang kainan ng halu-halo ang anak. Bago maghiwalay, nariyang bibigyan niya ang anak ng bagong damit o sapatos. Ang biro niyang palagi, "Mukha ka nang yagit!" Ngunit alam ni Niko na paraan lamang ito ng ama dahil ayaw niyang tumanggap ng pera.

"Maaaring hindi siya naging rebolusyonaryo o kasapi ng kahit anong organisasyong masa pero para sa akin, siya ang pinakamapagpalayang ama. Napaka-*supportive*, puno ng pagmamahal, *cool*, mapagbiro, madiskarte at mapagbigay. Matalik ko rin siyang kaibigan. Napakalaki ng kanyang ambag para makapagpatibay ako ng pasya na manatili sa buhay Hukbo. Ikinararangal kong siya ang aking naging ama at kung may pangalawang pagkakataon, siya pa rin ang tatay na pipiliin ko," dagdag pa ni Niko.

Tinapos ni Niko ang kanyang kwento sa isang maikling tula:

## Para Kay Papa

*Kapag may namamatay, sinasabi nilang sa 'Kabilang buhay'*
*doon, maaaring magtagpo muli ang mga nagkahiwalay.*

Ngunit tanging sa pag-alaala
mananahan ang kanilang gunita.

May hangganan ang ligaya, gayundin ang hinagpis
at tulad din ng tao'y may katapusan ang pagtangis.

Lumisan ka mang wala ako sa iyong piling,
batid kong naging sapat ang mga sandaling pinagsamahan natin.

Itinuro mo sa akin ang magbigay at tumulong nang walang kapalit.
Inihanda mo sa sarili kong mga paa'y humayo at tumindig.

At nang ako'y handa nang maglayag nang mag-isa,
ipinakita mo sa akin ang maging mapagpalaya.

Dakila ka't ikinararangal ko na ikaw ang aking ama
Saanmang dako ako makarating, baon ko ang iyong mga adhika. D

———————
1 tibak – aktibista
2 Generation MZ – henerasyong millenial at Gen Zers o sinumang ipinanganak sa pagitan ng 1980 hanggang 2005 na mataas ang digital fluency



# Sanaysay

# Ang landas na pinili ni Ani

Sa pamantayan at kahingian ng mga kapitalista sa pagtanggap ng empleyado na pasasahurin nila sa murang halaga, hindi na ako papasa.  Ani ang tawag sa akin, mahigit singkwenta anyos na ako ngayon.  Maaaring mahina ang isip at katawan, mabilis nang lokohin sa sukatan ng naghaharing uri ngunit doon sila nagkakamali.

Pitong taon na akong nawalay sa aking pamilya.  Wala na rin halos akong ipinagkaiba sa mga OFW[1] na napilitang lisanin ang kanilang tahanan upang hindi mapatid ang panglaman sa sikmura ng binubuhay na asawa't mga anak.  Mula Negros, iniwan ko ang pagtutubo, pangingisda at pagpapanday at dumayo ako sa Batangas dala ang pag-asam na makahanap ng mas maayos na trabaho, pero bumagsak din lang ako uli sa pagiging manggagawang bukid sa tubuhan!

Mas mataas naman ang arawang sahod dito ng P100 kumpara sa Negros, pero ang pait ng kalagayan ng pagiging manggagawang bukid sa tubuhan ay walang ipinagkaiba, lalo na nang walang kaabug-abog na magsara ang CADPI[2] pagpasok ng taong 2023.

Delubyo sa kabuhayan ang hatid ng pagkakasara ng CADPI, lalo para sa mga katulad naming dayong maggagapak. Pinilit ng estado na ipasa sa ibang *azucarera* tulad ng Universal Robina Corporation at Progreen ang pag-ilo sa daan libong metriko tonelada ng tubo sa lalawigan, pero sa reyalidad, tanging ang malalaking plantadores ang nasa prayoridad ng programa nito kaya apektado nang labis ang maliliit na plantador at karaniwang magsasaka.

Ang epekto nito sa amin, humina nang maige ang kita sa paggagapak.  Kung dati'y kumikita kami ng P4,900 sa halos araw-araw na nakakagapak sa dalawang plantador, ngayon ay tatlong beses na lang sa iisang linggo at mapalad nang makapag-uwi ng P1,050 katumbas ng isang linggong gana.

Mas pinasahol pa ng ganitong usapin maging ang kondisyon sa paggawa.  Kadalasan ay biglaan at paspasan ang pagpapagapak, palibhasa'y sinasamantala ang pambihirang pagkakataon na maisingit

sa programa ng pag-ilo ang tubuhan ng maliliit na plantador. Walang gabi o araw na pinipili, kung anumang oras kami tawagin ng kabo, obligadong mag-trabaho. Ang problema, kadalasa'y hindi pa namin agad na nakukuha ang aming sahod. Kung makuha man, ubos na rin halos sa dami na ng aming nabale. Puro utang pa at halos maiyak na ako sa pag-iisip kung saan kukuha ng maipapadala sa aking pamilya sa Visayas. Makaisip man akong umuwi na lang uli doon, ni pamasahe ay problema pa rin! Hindi ko na talaga malubos maisip ang aking gagawin.

Hanggang isang gabi, muli kaming binalikan ng mga nakilala naming kaibigan, ang mga NPA. Noong nakaraang taon pa namin sila unang nakilala. Pinulong nila kami at binigyan ng mga pag-aaral hinggil sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Nabuo rin kami sa isang lihim na grupo at nagkaroon ng panimulang gawain na sama-sama naming napagtagumpayan.

Nakakatuwa na sa muli nilang pagbalik, mas klaro at mas lapat sa aming kasalukuyang problema ang dala-dala nilang programa. Matiyaga nilang ipinaliwanag ang tunay na motibo ng malaking burgesya kumprador na pamilyang Roxas sa biglaang pagpapasara ng CADPI, ang katakawan nito sa higanteng tubo at ang monopolyo't manipulasyon ng naghaharing uri sa industriya ng asukal.

Itinuro nila sa amin kung paano igigiit at ipaglalaban ang karapatan namin sa kabuhayan mula sa aming sariling lakas at pagkakaisa. Binigyan din nila kami ng ideya at pamamaraan kung paano patataasin ang aming kita at pauunlarin ang katayuan ng aming pamumuhay mula sa sama-samang pagkilos at paggawa.

Natutunan namin na may karapatan at kakayanan pala kaming ipagtanggol ang aming sarili mula sa pinaka-maliit na tipo hanggang sa pinaka-matitinding anyo ng pagsasamantala sa mga tulad naming sakada. Bukod sa mababang sahod, at pagkawala halos ng trabaho dahil sa di-makatarungang pagsasara ng CADPI, pinapahirapan din kami sa araw-araw ng madayang kuwenta at mataas na interes sa aming utang.

Itinuro din nila sa amin ang kahalagahan ng pagbubuo ng samahan bilang daluyan ng aming pagkakaisa. At ang higit na nakakatuwa, hindi lang kami ang kanilang naorganisa. Hindi pala usapin ang pagiging dayo




o lokal na manggagawang bukid, ang pagiging sakada o ang pagiging magsasaka, maski ang plantador at mga CLOA[3] *holder*. Natututunan namin na lahat ito, apektado ng mas malaking problema ng lipunan.  At walang ibang solusyon kundi ang magbuklod at sama-samang kumilos ang lahat ng inaapi at pinagsasamantalahang sektor sa ating lipunan.

Hindi lang pala ang pagsasara ng CADPI ang ugat ng problema, kundi ang tatlong salot na nagsasabwatan at nagpapahirap sa mamamayan — ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Dahil mas malaki kaysa pinagsama-samang tubuhan sa Batangas ang problema, kailangan talaga na mas marami ang magkaisa at maorganisa. Nabuksan ang aming kaisipan sa maraming bagay hanggang sa aming pagtatanong at pag-aalam din mismo sa aming mga kababaryo at kapwa magsasaka, nakarating sa aming kaalaman ang kampanya kaugnay sa ayuda para sa mga naapektuhan ng pagsasara ng CADPI.

Hindi na kami nag-dalawang isip pa na lumahok at maging kabahagi nito. Alam namin na ito ay ligal at makatarungan dahil mismong mga nasa gubyerno ang nagpatupad ng programang ito matapos na nakipag-dayalogo pala sa kanila ang ilang kinatawan ng magsasaka sa Batangas. Nakakatuwa namang malaman na hindi lang pala kami ang nakararanas ng kahirapan at naghahanap ng solusyon sa aming problema. Kaya naman, walang alinlangan na lumahok kami sa kampanya at tumulong na maipaliwanag at mapalahok pa rito ang marami pa naming kakilala.

Natuto rin kaming magpaliwanag at mamuno sa iba't ibang mga aktibidad na nagsusulong ng aming kampanya para sa ayuda. Dati, akala namin, mga may pinag-aralan lang ang kayang makiharap at makisalamuha sa iba't ibang tao. Kaya rin pala namin iyon! Pakiramdam ko tuloy, naging mga bagong tao kami sa dami ng aming natutunan at naging bagong karanasan. Natutunan namin maging ang halaga ng pagsasakripisyo kapag may nais kang makamit. Boluntaryo kaming lumiliban pansamantala sa trabaho kapag may mahahalagang lakad na may kinalaman sa itinataguyod naming kampanya para sa ayuda. Siguro, ganito rin ang nakita at naunawaan ng mga panggitnang pwersa sa baryo na apektado rin ng usapin sa tubuhan. Kalaunan, nagbibigay na rin sila ng suportang moral at materyal para sa aming kampanya, nakakataba ng puso!

Sa sobrang kaabalahan namin, hindi na namin halos namalayan na matagal-tagal na rin palang hindi namin muling nakikita ang aming mga 'kaibigan'. Pero nababalitaan din siguro nila ang mga nangyayari sa amin. Tama pala ang sinasabi nila sa amin, na kapag nagkaisa, malaki talaga ang magagawa namin para lutasin ang aming problema.

Pagkalipas ng ilang buwan, biglang nagdatingan sa aming baryo ang mga sundalo. Noong una, nakiraan lang sila at kunwaring nagtatanong ng direksyon. Kalaunan, hinahanap na nila ako. Nang ako ay kanilang makausap, sinabihan nila ako na "Ikaw pala ang pinuno!"

Hindi ko maintidihan ang nais nilang ipakahulugan, naroong pagod pa ako sa paggagapak kaya yamot ko nalang nasabi na 'Ser, si Lito Lapid ang alam kong pinuno!'

Wala sigurong mapala sa amin, kalaunan umalis din sila at sa kabilang baryo naman nag-ikot. Doon sila humihimpil mismo sa mga bahayan. Hindi nila sinasabi kung ano'ng pakay nila at lagi silang umiikot sa mga bahayan. Kalaunan, natuklasan din namin ang kanilang motibo. Ipinamalita nila sa mga tao na hindi raw totoo ang ayuda. Tinakot ang mga tao, hinanap ang mga nanguna sa pagpapalista at ang lider ng mga lokal na samahan na nabuo.

Kalaunan, mga naka-sibilyan naman ang nagpunta sa amin. Mga opisyal daw sila ng Army. Nag-iwan pa sa amin ng kontak namber at pinipilit kaming mag-ulat kapag may NPA daw sa malapit. Sabi ko, "Ser di ako marunong magselpon!" Aba, at inutusan pa akong ipa-*text* ko nalang daw sa mga kasama ko. Sa loob-loob ko lang, *kung may selpon lang ako, pag-abalahan ko pang mag-ulat sa mga kasama kaysa sa inyo!*

Marami pa silang mga itinatanong na hindi naman namin alam, pati mga taong hindi naman namin kilala ay pilit nilang ipinapaamin sa amin. Hanggang sa pinagbantaan na kami na aarestuhin. Rebelde raw kami dahil marunong kaming mangatwiran. Sa isip ko lang, *may batas na ba ngayon na nagbabawal mangatwiran para sa alam mong mali at tama?*

Sabi ko na lang, "Ser, ang rebelde baril ang hawak. Kami sa paggapak pa lang ubos na ang oras, nagkakandapuyat na nga sa pagka-karga ng tubo." Umalis din sila paglaon, pero nagbanta na muli nila akong babalikan.

Sa kasunod nilang pagbalik, nagkataong may gapak kami sa ibang bayan. Napag-alaman ko na lang mula sa opisyales ng aming barangay na inoobliga akong mag-*report* sa kampo dahil kung hindi ay huhulihin daw nila ako.

Dito na ako napag-isip nang malalim. Malaki na nga ang problemang pinapasan ko sa kabuhayan, pagbabantaan pa akong makukulong. Matay ko man isipin, wala akong alam na ginawa kong masama. Magpalinis na lang daw ako ng pangalan, payo sa akin ng ilan. Pero wala naman akong kasalanan para kailanganin kong gawin ito? Dahil ba may nakausap kaming NPA? Maiiwasan ba namin iyon kung sila naman ang napadaan sa amin? Dahil ba nakinig kami sa itinuro nila? Pero wala naman silang masama at maling sinabi.

O dahil ba naging aktibo kami sa pag-aayos ng ayuda? Pero gubyerno naman mismo ang namigay ng ayuda? Nagkaisa lang kaming mga magsasaka para maigiit ito sa kanila.

Kapag nakinig sa NPA, sabi ng sundalo, rebelde na rin kami. Kapag sa gubyerno pumunta at nagsabi ng problema, rebelde pa rin daw?

Nang malaman nang isang kababaryo ang akusasyon at pamalita ng sundalo tungkol sa akin, biniro ako nito, "Aba, NPA ka na rin pala!"

Naisip kong umuwi na lang sa amin. Pero naisip ko rin na kahit gawin ko ito, paulit-ulit lang ang mangyayari. Ganoon pa rin ang aking magiging kapalaran. Naalala ko ang aking mga naging 'kaibigan' at ang kanilang mga paliwanag tungkol sa ugat ng problema at solusyon sa lipunang Pilipino.

Unti-unting gumaan at nagliwanag ang nabibigatan kong isip at kalooban. Magaan ang mga paa na tinalunton ko ang bahay ng isa sa mga tukoy kong susing pwersa sa baryo. Sa kanila ako nagpa-abiso kung paano makakadugsong sa mga kasama.

Nang masundo ako ng mga kasama at makarating kami sa pwestuhan, panatag kong inilapat ang akong likod, at matapos ang mahabang panahon ng pagod sa paggagapak at panliligalig ng kaaway, animo nakatagpo ng kapayapaan ang aking isip at katawan sa piling ng mga kasama. Kay himbing ng unang gabi ng tulog ko sa loob ng sonang gerilya!

Nang mga sumunod na araw, napuno ang aking maghapon ng mga pag-aaral pampulitika at pagsasanay militar. Kalaunan, nakasubok na rin akong lumahok sa gawaing masa ng yunit. Higit kong naunawaan at naramdaman ang kabuluhan ng aking naging pasya.

Nang minsang mag-aral kami ng isang isyu ng Ang Bayan, bukod sa pakikinig sa talakayan ay inihanda ko ang aking sarili at ang nais kong sabihin matapos ang pag-aaral. Tamang-tama, nakaipon ang mga kasama, bulong ko sa isip. Nang hingan ng komentaryo ang mga mag-aaral matapos ang talakayan, inipon ko ang hangin sa aking dibdib na wari bang ito ang pinaka-makabuluhang hinga ng aking buhay sabay sabing, "Hindi na ako uuwi sa aming tahanan dahil dito na ang tirahan ko.

Magpu-*fulltime* na ako!"

Kinamayan ako ng mga kasama at itinuloy ang talakayan sa isang *welcome* kapehan.

Ako na ngayon si Ka Ani, sa edad kong kasing gulang ng Partido at Hukbo na 54 anyos, may malusog na isip at pangangatawan, may malinis na rekord ng pagkatao sa baryo, ay kwalipikado at pasok sa pamantayan ng pagiging kasapi ng Bagong Hukbong Bayan! Hindi ko alintanang tinahak ang landas ng armadong pakikibaka upang tuldukan ang terorismo at pasismo ng estado sa lahat ng uring pinagsasamantalahan. Ang tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon, hustisya, kapayapaan at kalayaan ay ating makakamit sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba!

______

*1 OFW - overseas Filipino worker o migranteng Pilipino*
*2 CADPI - Central Azucarera de Don Pedro, Inc.*
*3 CLOA - Certificate of Land Ownership Award*

# Liham

NI KA SEAN



Araw ng Martes noon, at tandang-tanda ko pa ang lahat. Hindi ko kayo malilimutan. Hinding-hindi.

Magkasama kami noon ng aking pamangkin at magsisilid na lang kami ng niluto naming kopra. Maalinsangan. Tagaktak ang pawis sa magdamag at maghapong pagluluto at pagtitigkal. Maghahanda sana ako noon ng pang-kalamay para may maihanda man laang sa darating na pagtatapos ng aking apo sa *junior high school* kaya nagmamadali na ako.

Alas-tres ng hapon.

May dumating na tatlong armadong kalalakihan na naka-sibilyan. Matangkad at malalaki ang katawan, may isang mahaba ang buhok at ang isa ay baangin, mga naka-bota. Binati ko sila ngunit padarag nila akong tinanong kung nasaan daw ika ang kanilang mga kalaban.

Pero dahil hindi ko nagustuhan ang tabas ng dila ng mga nagpakilalang tropa ng pamahalaan sinabi ko na hindi ko alam at hindi ko na sila pinansin. Sa hindi kalayuan, dumarating na ang kanilang mga kasamahan — mga unipormado at may kasamang CAFGU.

Pinalibutan nila ang aking koprasan.

Tinutukan at galit na pinaratangan kami na mga suporter ng NPA. Tumanggi ako sa akusasyon.

Hindi ko malilimutan ang nanlilisik at pulang-pula nilang mga mata. Mga matang bumasag sa tyempo't pintig ng aking puso. Nangatog na ang aking tuhod, kamay at nagsimula nang mamawis ang aking noo.

Nagtanong ako, "Bakit niyo kami ginaganito?" Ngunit imbes makipag-usap ay sinipa nila ang aking ari hanggang sa mapayuko ako sa hapdi. Sinalo nila ako at pilit itinayo sabay tiik sa leeg.

Hindi na ako makapagsalita. Hindi na ako makagulapay. Ang tangi ko na lang kausap ay ang sarili at inisip na ano ang aking kasalanan at bakit nila ako ginaganito?

Tanging luha na lang ang sumisigaw sa oras na iyon. Tanging luha na lang ang nangungusap sa aking pamangkin nang tumakbo na siya at humingi ng tulong.

At tanging sila na lang ang masaya noon.

Pinaghukay nila ng balon ang aking pamangkin at itinanong kung para saan. Walang pag-aatubiling sinabi ng mga militar na para raw sa akin.



Habang naghuhukay ang aking pamangkin, paulit-ulit nilang minamasahe ng sipa at suntok ang aking katawan.

Lampas-tuhod na ang nahukay ng aking pamangkin.

Itinulak nila ako sa hukay at piniringan. Madilim. Naghihintay na lang ako na madinig si Kamatayan at marahang ibulong na —

*Ito na ang iyong katapusan.*

At hanggang sa huling patak ng aking luha'y pinaamin nila ako sa isang gawaing hindi ko ginawa. Pinaamin nila ako sa mga taong ngayon ko lang nakita.

Wala akong inamin dahil wala akong aaminin.



Umalis na ang mga berdugo at iginapos nila sa akin ang isang bangungot na aking babaunin hanggang sa aking huling hininga.  Makalipas ang ilang minuto ay itinayo na ako ng aking pamangkin at isinakay sa paragos.  Dinala niya ako sa pinakamalapit na maghihilot sa baryo.

Hindi na ako nakapaghanda dahil naiwan na namin ang aming kopra sa koprasan.  Hindi  ko napaghandaan na ako pala ang gustong tapusin ng mga sundalo.

Inireklamo ko ang pangyayari sa barangay.  Ngunit hindi sumipot ang mga sundalo.  Tatlong beses silang ipinatawag pero ni anino ay walang nagpakita.  Idinulog ko sa radyo pati na kay Tulfo.  Ngunit ni isa kanila ay walang pumansin.

Siguro ganun talaga kapag mahirap, hindi pinaniniwalaan.  Walang nais makinig.

Dumating sa bahay ang CAFGU na amin ding kababaryo, dala ang liham na naglalaman ng pera at —

*Pasensya na kayo. Napagkamalan lang kayo. Itigil niyo na ang pagrereklamo.*

Hindi ko sila mapapatawad.  Gusto kong magmura pero wala rin itong magagawa.  Halos sumabog ang aking puso sa tuluy-tuloy na paglabas-masok ng hininga't galit sa aking dibdib.

Makalipas ang ilang araw, may dumating na namang liham.  Kinabahan ako at nagalak.  Nag-aalala raw ang mga kasama at nagsabing aaksyunan ang nangyari sa akin.  Nagpaabot din sila ng pagpupugay sa ipinakita kong katatagan at kapasyahan na ilantad ang pangyayari.  Tunay na huwaran.

Hindi ko maiwasang umiyak. Sariwa pa sa aking isip ang katagang buhay ma'y ialay kung kinakakailangan. Hinding-hindi ko malilimutan ang aking sinumpaan, sa Partido at sa mamamayan.

Alam kong darating din ang panahon, makakamit ko rin ang hustisya.

*Salamat sa inyong liham, mga kasama.*

*Ikinararangal ko ang pasya ni Ka Dante, ang aking pamangkin.*

*Hanggang sa muli.*

# Rebolusyon ang tanging lunas sa kanser ng bayan

NI KATARINA LIWAYWAY

Ginising na naman ako ng nakakasilaw na liwanag. Hays, kasabay ito ng halu-halong ingay; mga pasyenteng namimilipit sa sakit, mga puyat na bantay na nagkukuwentuhan at nagtatrabahong mga doktor at iba pang manggagawang pangkalusugan.

"Kumain ka na?" tanong ko sa bantay kong 'kaibigan'.

Tumango siya kasabay ng pag-abot ng rasyon ko ng pagkain mula sa ospital. Dalawang pandesal at isang takal ng *spaghetti*. Matapos itong ilapag ay nagsimula na rin akong maglakad para dumumi sa banyo habang bitbit ng nakataas kong kamay ang botilya ng suwero na dumadaloy sa aking mga ugat. Hindi ko na inintindi ang paligid, aba'y 'lalabas na', ika nga!

"Wooh!" masuka-suka kong sambit nang salubungin ako ng masangsang na amoy nang buksan ko ang pintuan ng palikuran. Nagkalat sa sahig ang dugo, puno ng ihi ang baradong *urinal* habang dumi naman ang sa kubeta. "Maka-ihi na nga lang!" matawa-tawa kong sambit. Wala naman akong *choice* dahil iisa lang ang CR sa *emergency room* (ER). Hindi rin naman ako pwedeng magpigil ng ihi dahil makakapagpalala ito ng sakit na nararamdaman ko.

"Musta?" nakangiting salubong sa akin ni Makmak. Ay, si Makmak nga pala, kapwa ko pasyente. Mapayat, maitim, at palangiting kabataan na may malalang sakit sa sikmura. Walong gabi na siya sa ER. Naghihintay na may mabakanteng kwarto, natutulog at kumakain sa *wheelchair*. Ulitin ko lang ha, walong gabi na siyang nakaupong natutulog at pana-panahong namimilipit sa sakit. Madalas pang walang bantay dahil kailangang kumayod ng mga kapatid niyang manggagawa kaya naman kita kong nag-uumapaw siya sa galak nang sabay-sabay siyang dalawin ng kaniyang mga ate't kuya.

BLAG!

Pinutol ng kalabog sa sahig ang pag-uusap namin ni Makmak. Sinundan ito ng sabay-sabay na tilian at buntong-hininga ng maraming tao sa ER.  Napabalikwas ako patalikod at dito tumambad sa akin ang isang matandang lalaki na nakasubsob ang mukha.  Pumutok din ang *catheter*[1] niya kaya nagkalat ang madugong ihi sa sahig.

“Anong pangalan mo, ‘tay?” sambit ng isang doktor.

“Jose... Jose dela Cruz,” sagot naman ng nakadapa pa ring si Tatay Jose.

Nagpatuloy ang doktor sa pagsisiyasat ng kalagayan niya habang inalam naman namin ni Makmak kung bakit nahulog ang matanda. Biglang napamura si Makmak.  Aba naman!  Baklas pala ang harang sa gilid ng kama ni Tatay Jose! Matagal na raw itong sira, kwento ng isang *janitor*.

“Aba, milyon ba ang halaga ng kapirasong bakal na ‘yan para hindi mapalitan ng pampublikong ospital na ito?!” batikos ng isang pasyente.

Nakipagkwentuhan ako kay Tatay Jose matapos siyang kausapin ng doktor.  Dati pala siyang tsuper ng dyip na napilitang tumigil sa pagtatrabaho noong magkasakit hanggang malubog sa utang.  Ayaw na nga raw sana niyang magpa-ospital pero matindi na ang kaniyang sakit sa bato at dilaw na dilaw na rin ang kaniyang balat at mata.  Kitang-kita nga naman.  ‘Di nagtagal ay bumalik na rin ako sa kama nang makapagpahinga naman ang Tatay Jose.

Kinagabihan ay naalimpungatan ako sa iyak ng isang matandang babae.  Nang tumagilid ako ay nakita ko na itinutulak ang kama ni Tatay Jose papunta sa ICU[2] kasunod ang babaeng umiiyak.  Dahil sa gamot kong nakakaantok, nakatulog ulit ako.  Iba talaga ang tama kapag nakasuwero kumpara sa gamot na iniinom.

Umaga na ulit.  Nagising ako sa tapik ng nars.  Nakasimangot siya! Siguro kanina pa ‘ko ginigising.  Aba pasensya na ho’t tulog mantika.

“Lipat na tayo sa *ward*, sir.” sambit niya.  Habang itinutulak niya ang nilipatan kong *wheelchair* ay napansin kong wala na sa ER si Makmak.  Iba na rin ang nakahiga sa dating pwesto ni Tatay Jose.  Nang


mapadaan kami sa *cashier* ng ospital ay nakita ko ang kaniyang asawa, ang babaeng umiiyak kagabi.

"Nay! Musta si Tatay?" nakangiti kong sigaw.

Hindi siya sumagot, bagkus ay luha at pag-iling-iling ang kaniyang itinugon kasabay ng biglang pagpawi ng ngiti sa aking mga labi. Patay na pala si Tatay. Nalason na ang kaniyang dugo at mga internal na organo dahil sa palyadong bato. Maaagapan pa sana kung tunay lang na libre ang serbisyong medikal sa ating bayan. Kung gayon, hindi sana siya nabaon sa utang at nag-alangang magpagamot nang maagap. Ngayon, huli na ang lahat, wala na si Tatay Jose. Kausap ko lang siya kagabi, eh.

Nang makarating kami sa ikatlong palapag, napagtanto kong ang '*ward*' pala na binabanggit, na inaakala naming maayos na kwarto ay isa lamang pasilyo. Sunod-sunod ang kama ng mga pasyente sa kaliwang bahagi ng daanan habang daanan naman ang kanan. Aba'y para akong artista habang binabaybay ang pasilyo dahil ang sunod-sunod na mga pasyente at bantay ay nakatitig. Ganoon pala talaga, siguro dahil buryong na rin sila at walang magawa. Normal na rin sa ospital ang mga bangkay na ibinababa sa *morgue* kasunod ng umiiyak na kaanak. Madalas na dahilan, hindi naagapan dahil hindi agad nagpagamot, dahil nabaon na sa utang.

"Napakarami palang Tatay Jose." sa isip-isip ko.



Dito ako nagpahinga at kalauna'y naoperahan.  Napakasakit nga naman kapag napawi na ang pampamanhid ng operasyon. Dito rin ako binisita ng aking mga magulang.  Nagtalakayan kami ni Mama tungkol sa lipunan at sa digmaang sibil na mayroon sa ating bayan. Ano ang Partido, ano ang Hukbo, ano ang gawain ng mga Pulang mandirigma. Si Papa, maganit pa, hindi nakikipagtalakayan.  Madalas ay nagyoyosi sa labas at naiiwan si Mama kasama ko. Sadya nga naman, isa lang rin ang pwedeng bantay.  At saka mahirap at masalimuot basagin ang kultura at mga maling ideya na naitanim sa isang tao na ilang buwan na lang sana, ganap na pulis na.  Idagdag pa ang nasasagap niyang mga itim na propaganda sa *internet*.  Minsan nakakapagod, pero ika nga ng mga kasama, sa aktibo, mahusay, at masipag na panghahamig ay tiyak na magkakaroon ng pag-unlad.

Dito ko rin nakilala sina Nanay Rosing at Ate Ana. Kapwa bantay ng magkaibang pasyente.  Sila rin ang sumalubong at tumulong nang dumating kami sa pasilyong *ward*.  Pareho ring asawa ang kanilang binabantayan.  Ang kay Ate Ana, inoperahan sa tiyan at tinanggalan ng napakalaking bato sa lapay.  Ipinakita pa nga niya sa amin, sinlaki ng pinagsamasamang tatlong dumi ng kambing.  Pasensya na, wala na akong maisip na ihambing.  Eh 'di kambing.  Dating drayber ng taksi ang kaniyang asawa pero matagal na ring hindi nakapagtatrabaho. Baon na rin sila sa utang.  Ang kay Nanay Rosing naman ay may sakit sa sikmura, at ilang beses nang naoperahan at tinubuhan.  Wala na rin silang mapagkunan ng panggastos.

May isang gabi na lumapit ang doktor sa kanilang mag-asawa.

"Tay, magandang gabi po!  Nabasa niyo na po ba ang resulta ng *biopsy*[3] na ginawa sa inyo?" anang doktor kasabay ng pagtataka namin kung bakit napakahinhin nito magsalita.  Umiling naman ang mag-asawa.

"*Malignant* po ang bukol niyo sa tiyan," malungkot na sabi ng doktor.

Nagtinginan naman ang mag-asawa dahil hindi nila alam ang ibig sabihin nito.  Napansin ito ng doktor kaya agad niya itong pinaliwanag.

“May kanser po kayo, Tatay.” banggit ng doktor kasabay ng paghimas sa braso ni Tatay.

Nagtuloy sila sa pag-uusap tungkol sa gamutan pero pansin kong hirap ang mag-asawang iproseso ang kanilang mga narinig, lalo na si Tatay. Tulala. Tila halos wala na siyang naririnig matapos siyang sabihan na may kanser. Si Nanay Rosing naman ay agad siyang kinausap at nginitian.

“Kaya mo ‘yan! Kaya natin ‘to,” aniya.

Maya-maya ay lumapit sa amin si Nanay Rosing. Nakipagkuwentuhan at hindi na rin napigilang pasimpleng umiyak. Matapos nito ay nagsitulog na kami.

Nagising ako ng alas-dose ng hatinggabi para umihi. Gising pa si Tatay, tulala. Nagising na naman ako ng alas-dos para uminom ng gamot, gising pa rin si Tatay, tulala. Hanggang sa naalimpungatan ulit ako noong alas-kwatro, gising pa rin siya kahit nakahiga. Nakatitig pa rin sa kawalan.

Malamang ay iniisip kung saan kukunin maging ang kanilang pamasahe sa pagpunta sa mga sesyon ng *chemotherapy*[4] dahil ultimo sa araw-araw na pangkain ay hirap sila.

‘Di kalaunan ay inilipat na sina Ate Ana ng puwesto kaya’t napalitan na rin ang nakapuwesto. Isang matandang lalaki na may diperensya sa gulugod, kasama ang kaniyang anak na nasa 30-anyos, wari ko. Pakinig ko ang kanilang usapan.

“Walanghiyang Sara Duterte ‘yan! Nasa isang daang milyon, higit isang linggo lang ginastos?” anang anak.

“Kaya nga ‘nak eh, samantalang ang mga normal na Pilipinong gaya natin, nagkakasakit na’t lahat kakabanat ng buto may makain lang. Gaya ko, nakuha ko naman ito sa pagtatratabaho ko, eh. Kabibigat ng ipinabubuhat, napakaliit naman ng sweldo,” sagot naman ng ama.

Nagpatuloy ang kanilang talakayan at di kalauna’y nakisali na rin ako at pormal na nakilala si Tatay Ato. Noong ako’y nakakatayo na ay

ako ang minsang nagsisilbing bantay niya lalo kapag bumibili ng gamot ang kaniyang anak matapos siyang maoperahan sa gulugod. Panay naming pagtalakayan ang pampulitikang sitwasyon lalong-laluna ang tumitinding krisis pang-ekonomya gaya ng pagtaas ng mga bilihin at langis.

Sa pakikipagtalakayan ko kina Makmak, Tatay Jose, Ate Ana, Nanay Rosing at kay Tatay Ato at sa kaniyang anak, mayroon akong napansin. Iisa ang ningning ng kanilang mga mata, ngunit hindi ito dahil sa ngiti, na siyang ibinabalandra ng kulturang '*resilient'* ang mga Pilipino kaya't kayang-kayang pleksible at masayang lampasan ang anumang 'pagsubok ng Panginoon', at siyang ginagamit ng estado upang takasan ang kanilang mga pananagutan. Bagkus ang kinang sa kanilang mga mata ay pangingilid ng luha, ito ay iyak ng masang anakpawis na araw-araw pinarurusahan ng lipunang malakolonyal at malapyudal na nagsisilbi sa iilang naghaharing uri at nagpapanatili sa ganitong bulok na sistemang pangkalusugan. Ito ay luha ng mamamayang nabubuhay sa pagitan ng kanilang mga sahod, at apektado maging ng pisong taas-presyo ng pangunahing bilihin at krudo. Ito ay hinagpis ng tulalang pasyenteng tinanggap na lamang ang kaniyang kamatayan kaysa mabaon sa napakalaking utang ang kaniyang pamilya. Ang kanilang bawat salita ay sigaw para sa pagbabagong panlipunan at panawagan para sa demokratikong rebolusyon ng bayan!

Nang ako ay palabasin na ng mga doktor sa ospital matapos ang ilang araw na paghihintay at pagpoproseso ng papeles ay masigla kaming sinamahan ni Nanay Rosing. Pinalo pa nga niya ang aking kamay nang tangkain kong buhatin ang isang bag ko.

"Magpagaling ka ha, huwag ka nang babalik! Ingat kayo sa biyahe!" nakangiti niyang sambit matapos ilapag ang aming mga gamit.

Ang hindi nila alam, kasapi ako ng Kabataang Makabayan. Maging ang 'kaibigan' kong bantay ay KM rin. Alam na naming bulok ang sistema, pero iba pala ang masaksihan mismo ang paghihirap at pagdurusa ng sambayanan. Kwentuhan naming dalawa, tama ang pinili naming landas.

Pag tuluyan na 'kong magaling, mag-e-NPA na ako. Hahawak ako ng sandata, lalahok sa digmang bayan. Makikibaka para sa isang malayang lipunan kung saan tunay na libre ang serbisyong pangkalusugan para sa mga mamamayan. Isang lipunan kung saan hindi na kinakailangang tipirin ng isang ina ang kaniyang sikmura makabili lang ng ilang pirasong gamot para sa kaniyang anak. Isang lipunang sosyalista!

Isang lipunan na hindi ko na maisusulat ang kuwentong gaya nito. D

______

*1 ICU – intensive care unit*

*2 catheter – tubong ikinakabit sa ari para maging daluyan ng ihi*

*3 biopsy – proseso ng pagkuha ng tissue o laman ng isang bahagi ng katawan para pag-aralan*

*4 chemotherapy – proseso ng panggagamot sa isang taong may kanser gamit ang radiation*

*5 resilient – matatag, hindi natitinag*

# Para saan ang buhay ni Ka Shane?

MULA SA KALATAS

Mataas na panggitnang magsasaka mula sa Bicol ang uring pinagmulan ni Ka Shane pero hindi naging maalwan ang kanyang buhay. Hindi siya nakapagtapos ng kolehiyo dahil sa kahirapan at impluwensya ng bulok na kultura. Taong 2009, umalis siya sa kanila upang makapagsapalaran sa Maynila sa pangarap na makapagpundar ng buhay na kanyang maipagmamalaki.

Pagdating sa Maynila, naging *boy* sa palengke si Ka Shane, naging barbero din siya at matapos ang ilang buwang paghihintay, natanggap siya bilang manggagawa sa kumpanya ng biskwit. Laking tuwa niya na natanggap siya sa trabaho. Pumirma siya sa tatlong buwang kontrata. Nag-*apply* siya bilang *operator* ng makina sa pabrika ngunit itinalaga siyang *reliever* sa iba't ibang departamento.

Bilang *reliever*, naikot niya ang mga departamento at natutunang patakbuhin ang halos lahat ng mga makina rito. Nakilala niya ang mga kapwa manggagawa at nakita ang iba't ibang porma ng pagsasamantala. Napakarami pala nilang kontraktwal. Pare-parehas silang laging pagod — 16-24 oras na pagtatrabaho pero kapiranggot ang sahod na P420.

Wala pa siyang alam noon hinggil sa pag-uunyon ngunit naririnig niya na ito. Pinaghusayan na lamang niya ang kanyang trabaho at makalipas ang siyam na buwan ay naging regular na siya. Makalipas ang apat na taon, nagtayo ng *sister company* ang naturang kumpanya sa Laguna. Isa si Ka Shane sa mga inilipat doon upang magsanay ng mga dagdag *operator* para sa bagong bukas na pagawaan. Pumirma sila sa kontrata na nagsasabing mananatili ang kanilang istatus bilang regular at ang kanilang sahod bagama't ililipat sila ng pabrika.

Ngunit makalipas ang ilang buwan, hinainan siya ng kumpanya ng bagong kontrata. Dito nakalagay na ibabalik sila bilang kontraktwal at bababa ang sahod mula P680 tungong P370 at tatanggalin ang kanilang mga benepisyo at *bonus*. Napilitan silang pumirma sapagkat mawawalan sila ng trabaho kung hindi siya sasang-ayon sa bagong kontrata.

Lubos ang kanyang galit noon sa kumpanya. Matapos silang gamitin sa pagpupundar ng bagong pabrika at pagsasanay sa mga bagong empleyado, ay nilapastangan pa sila. Inapakan ang kaniyang karapatan ngunit hindi pa niya alam noon kung paano ito ipaglalaban. Makalipas ang isang taon ay kusa na rin siyang nag-*resign* dahil sa hirap ng trabaho at hindi nakabubuhay na sahod.

Ilang buwan siyang nagpalipat-lipat sa mga pagawaan. Pumasok siya sa pagawaan ng tsitsirya, *noodles* at sabon. Hindi siya nakatagal sa mga ito dahil napakahirap at napakadelikado. Naranasan niyang maghapong maghakot at magpakete ng mga tsitsirya, mapasuan ng balat sa kamay sa pagawaan ng *noodles* dahil wala silang *personal protective gear.* Pinakamalala nang matuklapan ang kaniyang batok hanggang likod dahil sa tapang ng kemikal na pinapasan.

Sa sunod na pinasukang pabrika, lahat sila ay kontraktwal. Maski ang kasamahan niyang 26 taon nang nagtatrabaho rito. Dito na niya naranasan ang sunud-sunod na 16-24 oras na *shift* para habulin ang *export quota*. Naaaksidente ang kanyang kapwa manggagawa. Nariyang may nabalian ng braso, daliri, na-*stroke*, at may namatay pa nga.

Dito, narinig niya muli ang salitang "unyon". Sa pagkakataong ito, mapapasali na siya rito.

Kakatwa ang kwento ng pagpasok niya sa unyon. Hindi niya alam na ang kasama pala niya sa *boarding house* ay pangulo at pangalawang pangulo ng unyon. Minsan siyang niyaya ng "tagay" ng mga ito. Bilang manginginom, agad-agad at tuwang tuwa siyang sumama. Hindi pala totoong inuman ang pupuntahan nila kundi pag-aaral—pag-aaral ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP).

Sa pag-aaral, dahil hindi pa niya ito lubos na nauunawaan, binatikos pa niya ang pag-uunyon at protesta. Sabi niya "Dudurugin lang kayo ng malalaking kapitalista, panggulo lamang kayo sa mapayapang buhay at dagdag trapik pa."

Bagama't ganito ang kanyang sagot, patuloy pa rin siyang pinaliliwanagan ng mga katrabaho niyang kasapi ng unyon. Hanggang sa niyakag na naman siya sa isang "piyestahan" sa isang pabrika




ng inumin. Akala niya, maraming pagkain at alak kaya't sumama siya.

Papalapit na sa pagawaan nang bigla silang sinugod at babatutain ng mga pulis. Nakita na rin nila ang malawak na piket ng mga manggagawang iligal na tinanggal, bitbit ang panawagan ng hustisya, dagdag sahod at maayos na kalagayan sa paggawa. Ang akala niyang piyestahan, kilos protesta pala! Sa galit niya sa pulis, nakisali na rin siya sa piket at tumulong pa sa pagtibag sa *gate* ng pabrika.

Dito na siya lubusang namulat at nagpasyang sumali sa unyon. Natutunan niyang kaya naman pala nilang labanan ang malalaking kumpanya basta't sila ay sama-samang kikilos.

Isa siya sa mga nanguna sa paglulunsad ng welga sa loob ng kanilang pagawaan sa kabila ng maraming beses na *harassment* at pananakot sa kanila ng kumpanya. Nag-organisa rin siya ng kapwa manggagawa at nagpalalim ng pampulitikang pag-aaral. Nakabisa na niya ang MKLRP na mistulang nagbibigay siya ng pag-aaral habang nagpo-propaganda.

Hanggang sa hindi na siya nasapatan sa pagkilos sa lungsod at nagpasyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ika niya, "Bukod sa sarili at aking mga katrabaho, gusto kong tumulong at magsilbi pa sa higit na malawak na masang Pilipino sa kanayunan."

Tinalikuran niya ang kaniyang mga bisyo at kinalakhang buhay, at sinuong ang kanayunan kahit palampa-lampa ang kaniyang mga paang sanay sa semento at kalsada, hindi sa putik at sukal.

Sa proseso ay hinarap niya ang maraming krisis sa sarili. Naiisip niya ang kanyang pamilya at ang buhay-sibilyan. Bakit nga ba siya

nagpapakahirap sa bundok kung pwede namang bumalik sa dati niyang buhay? Makikitagay. Barkada. Subalit napangibabawan niyang lahat ang mga ito. Ngayon ay walong taon na siyang Hukbo.

Maraming beses na rin siyang napalaban, natamaan ng bala, at napahiwalay sa yunit. Mayroon siyang karanasan na ilang linggong napahiwalay sa mga kasama matapos ang isang labanan. Habul-habol siya ng mga sundalo. Sa bawat puntahan niya, wala siyang kakilala. Walang pagkain at kahit barya man lang. Minsa'y gusto na niyang sumuko sa sobrang pagod, gutom at sakit na naramdaman dahil sa tinamong sugat sa labanan, ngunit hindi niya ito ginawa, ang kanyang dahilan:

Ang masang pinaglilingkuran niya. Lagi niyang nasa isip na, "Iisa lang naman ang buhay ko, sa rebolusyon ko na ito iaalay."

Taglay pa rin niya ang tatak ng isang proletaryado — matalas ang pokus sa trabaho, nais matuto ng mga bagong gawain, disiplinado, mataas ang pagpapahalaga sa kolektibong buhay at may tapang. Masigla siya sa paglahok sa produksyon kahit pa hindi naman siya marunong magsaka. Dahil sa kanyang kasigasigang matuto at gumampan ng mga gawain, isa na siya ngayong medik at kadreng militar. Makikita sa kanya ang kahalagahan at malaking ambag ng uring manggagawa sa BHB.

Ang pang-aapi at pagsasamantala sa kanila ng kapitalista ay hindi mawawakasan hangga't hindi nagwawagi ang rebolusyon. Ika niya, dito natin simulan sa kanayunan ang pagpapalakas hanggang sumulong papunta sa kalunsuran. Ang papel nilang manggagawa ay magsilbi bilang mga hindi kinakalawang na pyesa sa makina ng rebolusyon na magpapanday ng malayang lipunan.

Alam niyang sa hinaharap ay marami pa siyang daranasing kahirapan at sakripisyo, ngunit alam din niyang matatag niya itong mahaharap basta't alam niya kung para kanino at bakit niya ito ginagawa. Ngayon ipinagmamalaki niya ang kanyang buhay — isang buhay na buong puso niyang iniaalay sa masa. D

# Kilusang masa, sinapupunan ng matitibay na kadre at kumander ng armadong pakikibaka

Ka Soju! Paano ho kayo umabot nang matagal sa Hukbo?" napaisip ako sa tanong ng isang kabataang bagong sampa sa yunit. Matagal-tagal na ring walang nagtatanong sa akin ng ganoon dahil sa katangian ng gawain kong pare-parehong mukha ng kagyat na mga kakolektibo ko lang din ang madalas kong makita at makausap. Nanariwa sa akin ang sarili kong rebolusyonaryong kasaysayan — na sa mas tumitinding sitwasyon sa kasalukuyan ay halos makalimutan ko na.

Walang madulas at walang mabilis na yugto sa proseso ng pakikibaka at lahat ng iyon ay aking pinagdaanan. Bata pa lamang ako ay may naipundar ng rebolusyonaryong kilusan sa aming erya. Wala naman talagang madali ngunit dahil ang aming baryo ay nasa kasagsagan ng matinding isyu laban sa lupa at iba pang mga panlipunang suliranin, ito ang nagtulay sa akin upang mapaloob sa mga saligang organisasyong masa. Nagmula ako sa uring panggitnang magsasaka at lubog ang aming pamilya sa produksyon. Niyog, palay at mani ang ilan sa mga karaniwang tanim sa aming lupa. Ito ang pangunahing pinagmumulan ng kabuhayan ng aming pamilya. Subalit sa tuwina ay nakaamba ang pagpapalayas sa amin sa lupa sapagkat inaangkin ng isang maimpluwensyang angkan ng panginoong maylupa at burukrata ang humigit kumulang 92-ektaryang sinasaka ng aking mga magulang at iba pang kababaryo.

Buhat nang naipaloob ako sa organisasyong masa ay natuto akong puspusang makitunggali at imulat ang aking mga magulang sa kung ano ang kalagayan at sitwasyong kinakaharap ng bansa at partikular sa aming baryo. Ipinaliwanag ko sa kanila ang halaga na manindigan sila at aktibong makibahagi sa pagtatanggol sa aming lupa mula sa mga nangangamkam sapagkat kung maaagaw sa amin ang lupa, tiyak na ibayong kahirapan ang dadanasin ng susunod na salinlahi.

Hindi kalaunan, ang binhi ng kilusan sa aming baryo ay sumibol. Naging kasapi rin ng Sangay ng Partido sa lokalidad ang aking mga magulang at naorganisa rin ang ilan pa sa aking mga kapatid. Tuluy-tuloy na tumaas ang aking kamalayan at lumalim ang pag-unawa sa rebolusyon. Mula sa simpleng pagkilos sa lokalidad ay tinanggap ko nang buong puso ang pagiging kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas. Lumahok ako sa mga gawaing pang-ideolohiya at pampulitika sa baryo. Naging masigasig ako sa pagdalo sa mga pag-aaral ng mga kursong PADEPA at MLM. Naging mayor na tungkulin ko rin ang pagpapalawak at pag-oorganisa sa mga katulad kong magsasaka. Naging hamon ito sa akin upang higit na magsikhay at buong giting kong tupdin ang gawain bilang ambag namin sa pangkabuuang pagsulong ng rebolusyon.

Sumigla, lumakas at lumawak ang kilusang masa sa aming baryo. Nabuo ang matibay na paninindigan ng mga magsasaka upang ipagtanggol ang lupa, ilantad ang kabulukan ng sistemang nagbibigay kapangyarihan sa iilan upang walang habas na angkinin ang mga lupang pinaghirapang bungkalin at pagyamanin ng mga magsasaka. Naging masigla rin ang paglahok ng mga magsasaka sa baryo sa mga pampulitikang pakikibaka. Naging bahagi sila sa pagpapatalsik sa kurap na rehimeng Erap, mga makasaysayang Lakbayan ng mamamayan mula sa Timog Katagalugan hanggang Kamaynilaan, pakikibaka para sa pagbawi ng nakaw na yaman ng diktadurang Marcos at kumpensasyon sa mga biktima ng Batas Militar at mga militanteng pagharap at pagbigo sa pasistang pananalakay ng estado at mga militar sa karapatang pantao.

Kalaunan, sa kabila ng paggamit ng iba't ibang pakana ng pandarahas, pananakot at panlilinlang, nabigo ang PML na palayasin ang mga magsasaka sa aming baryo at hanggang sa kasalukuyan ay nananatili pa rin silang nakapusisyon sa lupa at inaani ang mga tagumpay ng rebolusyong agraryo at ang yamang luwal ng tuluy-tuloy na pagbubungkal sa lupa.

Sa antas na inabot ng aming baryo, naging madali na lamang sa amin na magtayo ng Milisyang Bayan na magtatanggol sa buong baryo laban sa terorismo at pasismo ng mga naghaharing uri sa pamamagitan ng bayaran at berdugong mga pulis at sundalo.

Naglunsad ng mga pagsasanay-militar ang mga kasama sa aming baryo bilang tugon sa rekwes naming dagdag na kaalaman sa pagdepensa sa baryo at sa aming mga sarili—bagay na hindi namin maaasahan sa reaksyunaryong sundalo na ibigay sa amin.  Kung sila man ay nagsasanay, iyon ay upang ibayong protektahan ang mga ninakaw na yaman ng naghaharing-uri sa bansa.  Ang malinaw na pagkakaiba ng AFP-PNP sa NPA at ang brutal na krimen ng reaksyunaryong sundalo ang nagpatibay ng aking kapasyahan na sumapi sa NPA.  Kung tutuusin, mahusay ang kampanyang pagpapasampa ng Sangay ng Partido sa aming baryo.  Hindi ako nagdalawang-isip na mag-NPA dahil suportado ako ng aking mga kababaryo kaya ganoon na lamang ang naging kasigasigan at kapursigehan ko sa paggampan ng lalong naging kumprehensibong mga rebolusyonaryong gawain.

Sa halos tatlong dekada rin ng aking pagkamulat at pagkilos, naging saksi ako sa mga tagumpay na iniluwal ng sama-samang pagkilos ng masa at paglakas ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan. Nasaksihan ko kung paano naiangat ang antas ng kalagayan ng pamumuhay ng masa mula sa pagiging maralitang magsasaka hanggang sa magawang makapagpatapos ng mga anak sa pag-aaral dahil tuluy-tuloy silang nakakapagbungkal ng lupa at nakakapag-alaga ng mga hayop matapos mabigo ang mga pagtatangka ng PML na agawin sa kanila ang kanilang lupang sakahan.  Napaunlad din ang praktika sa pagsasaka at natuto ang mga magsasaka na magtayo at mangasiwa ng mga kolektibong sakahan at kooperatibang tindahan at militanteng nakapaggiit ng mga kinakailangang subsidyo ng estado para sa mga magsasaka.

Napataas din ang disiplina at pagkakaisa sa mga baryo. Napatigil ang mga nakawan ng hayop, nasawata ang mga maton at masasamang elemento sa baryo na nagiging daluyan ng mga iligal na negosyo ng ilang burukrata at mga upisyal ng pulis at militar.  Dahil dito, higit na napahigpit ang pagkakaisa ng masa, ng Partido at ng NPA.  Naobliga ang mga PML na kilalanin ang lakas ng kilusang masa at rebolusyonaryong kilusan.  Sa baryong aking pinagmulan at sa mga bayang karatig pa nito, nauso ang *absentee landlord* matapos matakot nang magsiahon sa mga inaangkin nilang lupa sa kabundukan ang mga PML dahil sa lakas at impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan.

Ilan lamang ito sa mga tagumpay na sa tuwing aking babalikan ay lalong nagpapatibay sa kawastuhan ng aking pasya na isanib ang aking sarili sa makatarungang pakikibaka ng sambayanan. Hindi ko alintana ang mga sakripisyong karaniwan nang kinakaharap ng bawat mandirigma ng NPA — ang halos walang makain kapag galing sa mga atrasan, ang mapuputik at mahihirap na daan, kagat ng niknik, pagkababad sa ulan, pagkawalay sa pamilya at marami pang iba. Iniisip ko na hindi lamang ako ang nag-iisang dumaranas ng ganoon kundi ang buong Hukbo at di hamak na mas matindi ang hirap na nararanasan ng mga masa, kaya tuwing nasa ganoong kalagayan, iniaangkop ko na lamang ang aking sarili.

Ang pagiging matagal nang kadre at kasapi ng NPA ay hindi madali dahil proseso itong nararanasan. Masalimuot din ang mga krisis na kinaharap ko sa sarili, lalo at kalaunan ay sa loob ng Hukbo na rin ako nakabuo ng rebolusyonaryong pamilya. Kabilang sa kinaharap kong kontradiksyon ang pangingibabaw sa personal na interes na makapiling sa tuwina ang asawa at mga anak. Hamon din kung paanong patuloy na haharapin ang kontradiksyon sa mga magulang at kapatid, na sa tuwina ay pinag-iinitan ng kaaway dahil sa naging katayuan at paninindigan ko sa kilusan.

Pero sa tuwing kinakaharap ko ito, pinanghahawakan ko na lamang ang mga salita at aral ng ating mga dakilang guro at ng mga kasamang naging inspirasyon ko, upang magawa kong pangibabawan ang bawat hirap at sakripisyo.

Kaya para sa mga bagong sumisibol pa lamang na mga kadre, kumander o PI, lagi lang maging handa sa bawat pakikibakang kakaharapin at hanggang sa pinakamataas na antas ng sakripisyo, ang kamatayan. At habang nabubuhay pa, dapat nating buong puso at determinadong gampanan ang bawat rebolusyonaryong gawain upang tuluy-tuloy na maitaas ang yugto ng pakikidigma tungong estrahetikong pagkapatas hanggang tagumpay.

Ang sabi ni Ka Benito Tiamzon, “Totoong tumatanda na ang Partido, pero lagi itong bago at bata basta’t napapanatili nating sariwa ang alab at sigla natin sa pakikibaka.”

Sa tanong na ‘Paano ko nagawang magtagal at magpakatatag sa loob ng Hukbo?’ Ito ay dahil sa tuwina, hawak ko ang adhikain ng uring pinagsasamantalahan at inaapi. Ang kasaysayan ng aking pagsisimula at buong pagkilos ay isang bahagi lamang ng kasaysayan ng pagpupundar at pagpupunyagi sa pagtatayo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa aming baryo at sa buong lalawigan. Nagawa kong tumagal at magpakatatag sa pagkilos sa loob ng hukbo dahil malinaw kong batid sa aking sarili na hangga't hindi lumalaya ang sambayanan mula sa pagkubabaw ng tatlong salot – ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo – kailanman ay walang tunay na kaunlarang mararanasan ang karaniwang tao na katulad ko. Sa ganito, inilaan ko na ang aking buong buhay, lakas at kabataan sa matagalang digmang bayan upang ganap na wakasan ang mga salot na ito. Dapat na patuloy na magpunyagi at lampasan ang bawat sakripisyo at balakid. Hindi tayo kailanman mag-iisa, kaagapay natin ang masa at mga kasama hanggang tagumpay! D



# Tula

# Lakas ng masa ang bibigo sa pasismo

NI SEED SUMIBOL*

Sa isang baryong di-kalayuan sa sentro,
Nakakubli, isang baseng konsolidado.
Sa kinasabikang pagbalik ng hukbo sa erya,
Gawain at makinarya, masinop na itinakda.

Sa pagwawasto ay seryoso,
Puspusang inaral paglalagom ng Partido.
Sa masa'y lulubog, lalahok nang buong puso,
Gawai'y puspusin sa umpisa hanggang dulo.

Isang hapong singkad, ang masa'y namamahinga,
Pasistang kaaway, sa tatlong trak ay bumaba.
Kaaway na walang pasintabi, sa pookan ay nanagasa,
Sindak ang madatnan, masa'y ininteroga.

Hanap daw nila'y ipinagbabawal na bisita,
Paasik na iwinasiwas mga litrato nilang dala.
Mga kubo ng masa'y pinalibutan, hinimpilan
Kinontrol ng kaaway, mga pasukan at labasan.

Ngunit masa'y di nagpadala sa pangambang bumulaga,
Paligid ay nilinga, 'pagkat agwat ng hukbo ay iilan lamang na dipa.
Nagkakandasamid man sa lumukob na kaba,
Mahusay na nanindigan hanggang kaaway ay manawa.

Mga masang alisto, sa hukbo'y kagyat nag-ulat.
Hukbong nakikiramdam, nagplano't nagpasiyasat.
Paglipad ng *drone*, inaral ang padron
Inaral ang pagkawala't paglabas sa kahon.

Buong-tapang, tuluy-tuloy nag-uulat ang masa
Subaybay ang kaaway, iginuhit pa sa mapa
Ginawan ng paraan makarating sa mga kasama,
Umuusok-usok pa pati pagkaing inihanda.

Mga masang nagkakaisa, tumindig, nag-organisa
Inilantad, pinalayas mga sundalong pasista
Plano ng kaaway, naantala, nagulo
Naobligang harapin sa kanila'y nagre-reklamo.

Malinaw ang guhit, kung saang panig nakatayo,
Ang masa ay sa hukbo, sa naghaharing-uri ang mga berdugo.
Sa tangkang ang hukbo'y lupigin sa ensirkulo,
Ang masa ang lakas na sa kaaway ay bibigo.

Mahusay na maniobra, matalinong pagbasa,
Sa galaw ng kaaway ang masa ang mata.
Gutom man o uhaw, pagod ang kinaharap
Hangga't nariyan ang masa, tagumpay ay tiyak.

FMO ng kaaway pirming mabibigo,
Hangga't ang masa at hukbo'y isang muog na buo
Di kailanman matitinag kilusang rebolusyonaryo,
Ibayong lalakas pakikibakang armado! D

** Ang Seed Sumibol ay alyas sa pagsusulat ni Baby Jane "Ka Binhi/Ani" Orbe, kadre ng Partido at political instructor ng yunit ng NPA-Batangas na sinalakay ng pinagsama-samang pwersa ng AFP-PNP sa Brgy. Malalay, Balayan, Batangas noong Disyembre 17, 2023. Isa siya sa anim na Pulang kumander at mandirigma at dalawang sibilyan na namartir sa labanan. Kilala si Ka Binhi, na nagtapos ng kursong BA Theater Arts sa Polytechnic University of the Philippines, bilang mahusay na manggagawang pangkultura.*

# Masa at Pulang hukbo tungong tagumpay

NI KA PLENI

Sa gitna ng unos ng panunupil sa bayan
Magpunyaging makibaka sa mapanlikhang paraan
Kapiling ang masa sa bawat paglaban
Pamunuan ng Partido ang lahat ng larangan

Kung walang puknat ang galugad ng mga pasista
Ipatupad ang mga batayang taktikang gerilya
Iwasan ang malakas, atakehin ang mahina
Gumitgit at turuan ang masa

Sa gubat na walang tao at puno nang sukal
Huwag malibang at doon magtagal
Huwag ipagkamaling muog na matatag
Sa pagkukutang-bundok, Hukbo'y mabubuwag

Lumabas ng gubat, lumapag sa masa
Yakapin ang anakpawis, lakas natin sila
Imulat, organisahin at pakilusin ang laksa
Sa pagkakaisa, tatlong salot mapupuksa

Huwag mag-atubiling sa masa kumausap
Ang gintong iyong hanap ay ang masang kaharap.
Kung sa hanay nila, tayo ay lumubog
Tiyak may gintong kadre tayong mahuhubog.

Takbo ng kasaysayan, masa ang lilikha
Itayo mga sangay, hanggang lumawak, sumanga
Paramihin mga aktibista at propagandista
Ang karaniwang tao, gawing mandirigma



Sa pakikibaka, gamitin lahat ng arsenal
Ang hayag, ang lihim, ang armado at ligal
Sa lahatang-panig, sa kanayunan at kalunsuran
Sa bawat pag-abante, walang maiiwan!

Pangunahin sa lahat, at huwag kalilimutan
Pagpapaigting ng matagalang digmang bayan
Magpalakas ng sarili habang tayo'y lumalaban
Makakamit ang paglakas kung tayo'y lalaban!

Pananahimik ng mga riple, dapat nang magwakas
Sanayin mga mandirigma't maging mapangahas
Taktikal na opensiba, koordinadong ikumpas
Gapiin mga berdugo, kumpiskahin mga armas!

At kung sa digmaan, may kasamang mabuwal
Panghihina'y igpawan, katapangan ang ikintal
Inspirasyon ang buhay at dugo nilang inilaan
Magpapalagablab sa 'ting kapasyahang lumaban

'Wag panghinayangan, mga taksil na sumuko
Sila'y walang halaga, sa rebolusyo'y nagkanulo
Sasandakot lamang silang nasilaw sa salapi
Mga latak na ayaw magpanibagong hubog ng sarili

Higit na malawak ang karagatan ng ating pwersa
May maliliit na alon at paghampas na dambuhala
Kapag nalikha natin ang pagdaluyong ng digma
Tiyak ang pagkalunod ng mga kaaway ng masa

Anumang bangis ng halimaw na estado
Sa panghahalihaw sa bayan at paglukob sa mga baryo
Kahit pa gamitin ang mga sandatang moderno
Iya'y tigreng papel, sa sambayana'y magugupo.

Higit ang paglakas kapag ating nagapi
Ang mga kahinaan at mga pagkakamali
Batong nakadagan, hadlang sa pag-abante
Punahin ang sarili, iwaksi ang mga bagahe!

Pakamahalin ang masa, bumalik sa kanila
Kung sila'y lilimutin ay walang mapapala
Tiyak ang pagsulong kapag tayo'y nagkaisa,
Tiyak ang tagumpay dahil atin ang masa!

# Talisay

NI KA SAYI

Nakatutuwang tanawin ang ‘yong halina
tahimik mong parang, sariwa mong sapa.
Mangga, abokado, guyabano, langka
mga yaman mong hitik sa sarap at sustansya.

Ngunit di lamang ito ang iyong hatid
higit sa lahat, ang mamamayang tigib
sa pagkakaisa’t pagsasanib
ng bawat isang lakas, talino at dibdib.

Palibhasa’y pinuspos ng diwa’t karanasan
ng mga naunang nangahas lumaban
naging pundasyon ng lakas at tapang
baseng pundar ng rebong kilusan.

Pinakikinabangan sa kasalukuyan
lahat ng pinaghirapang ipundar ng kaisahan
ng hukbo’t masang sa Partido sumalig
kaya’t mga tagumpay atin noong nakamit.

Nakaguhit sa isip ang kasaysayan
ng noo’y mga musmos na sya ngayong tumatangan
sa tawag ng panahon at pangangailangang
ibalik dating sigla, itaas pang kakayahan.

Lumuwag na ba mahigpit nating pagkakabigkis?
Sumulpot mga sigalot at tampuhan
away sa lenderos, sa karapatan sa tanim
mga dudahan, naging pabigat na dalahin.

Tila bang nalimutan lalim ng samahan?
ang nabuo nating ugnayang
nakabatay sa prinsipyo't panlahat na kagalingan
laban sa komun na kaaway ng bayan.

Walang puwang ang pagkakanya-kanya
pagkat ating kaaway laging nakatudla
sa pananamantala at pagpapasasa
sa yamang Talisay naman ang lumikha.

Isama pa itong mabangis niyang kuta
nagtatago naman sa lakas ng sandata
hatid lamang ay perwisyo't pinsala
sa buhay at kabuhayan ng masa.

Kaya't enerhiya'y umaapaw
sa mga aral kayo'y likas na uhaw
para pangalagaan yaring tagumpay
ipagkait sa sinumang mang-aagaw.

Pagkakaisa'y muling nailatag na
sa'ting mga pulong at pag-aaral ng MALEMA
ang kalahati nito'y titiyakin na
ng ating mga nakatayong makinarya.

Mahigpit na tanganan ang determinasyon
at kaakibat nitong inyong dedikasyon
sa simulain at hangarin ng Partido
tiyak tayo'y lalago!

Hindi lamang maibabalik dating sigla ng Talisay
kundi malalagpasan pa, mga nakamit nang tagumpay
Muling magliliyab ang tangang sulo
na sa kaparanga'y lalagablab pang lalo!

*7 Hulyo 2023*

# Prinsipyong bakal

NI KA BINGBING

Taga-bili ka raw ng suplay
May katungkulan sa sangay
Nag-uulat 'pag may sundalo
Kuryer at kasapi ng grupo

Pangalan mo'y nakalista
"*Supporter* ka" ika
Iyan ang paratang sa'yo
Ng nahihibang na sarhento

Nagkokopras ka nang ika'y dukutin
Dose oras ipiniit na walang kain
Nanginginig kahit bumbilya
Habang ika'y iniinteroga

Hawak ang 'yong kwelyo
Sapak doon at dito
Sa kulata at tadyak
Hindi ka pumipiyok

Buhay ko man ay ialay
Ang mahigpit mong kaabay
Ang linyang sinumpaan mo
Nakakuyom sa iyong kamao.

*Inspirasyon ang katapangan ng isang kasapi ng sangay ng Partido sa lokalidad na dumanas ng tortyur at panggigipit sa kamay ng berdugong AFP, Hulyo 2023.*

# Nanay Luz

NI KA NATHAN

Luz ang kanyang pangalan,
Masang aming natuluyan
Nang kami'y masilayan
Dali-daling tumayo sa upuan,
Sabay sambit,
"Mga kasama, kayo pala yan!"

Saglit lang ang itinigil sa kanilang tahanan,
Ngunit ramdam ang init ng pagtanggap
Sa Bagong Hukbong Bayan.

Sa aming pag-alis
Kami'y pinabaunan
Tig-iisang baso, habilin ay pakaingatan
At muli nyang sambit,
"Tuwing iinom kayo, maaalala nyo lagi ako,
At sana'y di makalimutan."

Walang ibang maisukli
Kundi ang pangakong magkikitang muli
Awiting Anak ng Bayan, pinakinggang mabuti
Lumuluhang masa, nagsimulang ngumiti.

"Paalam mga kasama,
hihintayin namin ang inyong pagbalik,
Mahigpit na yakap,
hanggang sa muli!" D

*22 Abril 2022*

# Nang buksan mo ang pinto

NI GABRIELA SAKA

Mula kami sa malayong paglalakbay
Mga balikat, tuhod, paa hanggang ngayo'y nangangalay
Ilang panahon na nga ba ang dumaan
Simula nang mag-umpisa kaming taluntunin ang kanayunan?
Maglakad na tila walang kapaguran
Magbahagi ng aming nalalaman
Mag-alay ng buhay alang sa sambayanan

Wari'y di na yata maalala ng ilan
Ang sagot sa tanong na Kailan?
Kailan nilaan ang kaisa-isang buhay para sa pangkabuuan?
Kailan tinalikuran ang marangyang buhay upang kayo'y paglingkuran?
Kailan nagsimulang tanggapin na pamilya'y maaaring di na masilayan?
Sanhi ng marahas na digmaan noon hanggang sa kasalukuyan..

Di alintana
Hirap at pagod
Sakripisyo'y kinakaya
Dahil alam namin na kapalit ng lahat ng aming nararanasan
ay buhay na sagana at malaya para sa karamihan

Kaya nang mag-umpisa kayong buksan ang pinto
Ngitian at patuluyin ang inyong Hukbo
Tiyak na ang isang hakbang tungong tagumpay
Dahil ang masa at hukbo ay magkaagapay

Tatanawin namin..
Na bukas din kayo na kami ay samahan
Hindi lang sa loob ng inyong tahanan
Kundi sa lahat ng sulok ng ating bayan
at hikayatin ang inyong mabubuting anak
na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. D

# Ang panauhin

NI ADEL SERAFIN*

Dumating silang walang paabiso,
Kasunod ng naggugulungang bato.
Inakalang unggoy lamang na naglalaro,
Ngunit nagpanauga'y mababalasik na sundalo!

Ang payapa at tahimik naming baryo,
Ginalugad, inikot nang ilang linggo.
Hanap daw nila'y kalaban ng gubyerno,
Gubat o bundok, sa kanila'y bantay-sarado.

Mga magsasaka, kanilang inimbestiga,
Tinutugis naming NPA, inyo bang nakita?
Tuloy ang manghang naitanong ng isa,
'Kung kayo ay tigre, ano ang kulay nila?'

Sa pagdating ng panauhing hindi katuwa-tuwa,
Tsinelas at bota ng masa biglang nangawala.
Hindi pinaligtas pati takip ng kaldero,
Bagkus ipinanligo, tubig naming inigib pa sa malayo.

Pinagbawalang umahon ang mga magsasaka,
Kung mapagkamalan, hindi sasantuhin ng bala.
Nang walang makita, sa wakas ay umalis din,
Iniwanan ay basura't mga lamog na imisin.

Hindi pa naglalaon, mayroon na namang dumating,
Mga mukhang pawang bago lang sa paningin.
Bihis nila't pananalita katulad din sa amin.
Magalang na bumati't naglahad ng kanilang layunin.

Nakangiting nagpakilala 'kami po'y mga kasama...'
Ang akala ng isa'y isasama na siya.
Takot na napawikang 'ako po'y pamilyado, magpapaalam pa.'
Nang magkalinawan, ay mga NPA pala!

Mga taong-labas, balbas-sarado, terorista -
Ang nakakintal sa aming isip bago namin sila makilala.
Sabi ng gubyerno, sila daw ay masamang tao.
Ngunit nang aming makaharap, kabaligtaran ang napagtanto.

Walang alinlangan silang nakisalamuha sa amin,
Karapatan sa lupa ang tema ng aralin.
Paano ipagtatanggol ang aming kabuhayan?
Paano pauunlarin? Binuo ang bakasan.

Ni hindi kami nakaramdam ng takot o pagdududa.
Araw o gabi, katuwang sila sa pagkokopra.
Ipinaunawa nila sa amin kung ano ang rebolusyon,
Na ang masa ang puso't laman ng dakila nilang layon.

Parehong armado, ngunit ano at magkaiba?
Sa kilos, salita, sa taglay nilang diwa.
Ang nauna'y sundalong nananakot, nagbabanta
Ang ikalawa'y hukbong nagtataguyod sa aba naming adhika.

Kinatatakutan namin ang muling pagdating
Ng mga berdugo't kasuklam-suklam na panauhin.
Ngunit sa paglisan ng hukbong lumapat sa amin,
Iniwang mga aral, di namin lilimutin.

Ngayon ay ganap na naming naunawaan,
Ang tunay na terorista ay ang gubyernong gahaman,
At ang mga sundalong nagtatanggol sa mayaman,
Ang tunay na kalaban ng aping mamamayan!

** Kilala si Junalice Arante-Isita bilang Adel Serafin, Belinda Bukirin na kanyang nom de plume sa rebolusyonaryong panulaan. Minahal siya ng masa bilang si Ka Arya, Ka Enya at Ka Minda. Siya ay tubong Lipa City, Batangas at namulat bilang kabataang estudyante sa UP Manila. Naglingkod siya sa rebolusyon hanggang sa mamartir sa edad na 37 noong Marso 26, 2024 sa Brgy. Elvita (Tubahan), Rosario, Batangas. Kagawad siya ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa TK sa panahon ng kanyang pagkamartir.*

# Si Nanay, si Tatay

NI BELINDA BUKIRIN

Isang umagang singkad, ang ina ay nagtaka,
Anak na kalipon kung saan na naggala.
Hinanap sa niyugan, anak na magkokopra
Bakit maraming nagtatapas?', anak nama'y nag-iisa.

Doon ay kanyang nadatnan 'di inaasahang bisita
Masiglang tumutulong, magalang na nagpakilala.
Anak na hinahanap, kausap na pala
Makabuluhang pagtatagpo'y doon na nag-umpisa.

Sa lilim ng punong sampalok, mga diwa'y nagkabuklod.
Ang hukbo ng magsasaka'y walang alinlangang kinupkop.
Matapos maipaliwanag prinsipyo nila't layon,
Niyakap nang lubos ng masang nagniniyog.

Si Nanay na namulat sa buhay na karaniwan,
Mula sa isla ng palayan, napadpad sa niyugan.
Sa pagtataguyod ng mga anak, naubos kanyang oras,
Kasabikan sa kaalaman, sa kanya'y mababakas.

Si Tatay na sa bahay pirming naiiwan,
Di na makalayo dahil sa sakit ng katawan.
Mga kasama niya sa bahay lagi na lang masigla
Pagkakauwi galing bundok, di maubusan ng hunta.

Asawa niya't mga anak lagi nang paahon,
Sa wakas aniya, lupa'y binigyan ng atensyon.
Ngunit sino itong mga kaibigan na sa kanila'y yumayakag?
Upang ang lupa'y pagyamanin, paunlarin nang ganap.


Isang gabing pusikit, si Tatay din ay pinasyalan.
Mga bagong anak, NPA ang ngalan.

Hanggang nagkatiyap ang luma't bagong kaisipan,
Isang makabuluhang ugnayan ang ibayong nahinang.

Si Nanay, si Tatay mga bagong ama't ina,
Sa hukbong napawalay sa kani-kanilang pamilya.
Pinto nilang ibinukas, tulad ng kinasabikang yakap,
Para sa hukbong tunay na nagsisilbi sa laksang naghihirap.

Si Nanay, si Tatay at marami pang tulad nila,
Ay lakas na bumubuhos para sa mga Pulang Mandirigma.
Sa layuning wasakin sistemang mapagsamantala,
Itayo at hubugin ang bukas na malaya. D

*19 Setyembre 2023*



# Walang kahit na sino ang maniniwala

NI KA VERA

Wala nang NPA sa Batangas
Sabi ng estadong hibang
Habang sa kampo, nabubuang na
ang mga Heneral
malapit nang bugbugin
ang kanilang mga upisyal
sa paniktik
Lintik!

Paano ba naman,
sa 54 taon nang pakikipagdigmaan,
hindi matalu-talo mga yapak
sa lalawigan.
Bang-aw na sa kayayagyag ng
kanilang mga paa
sa tuktok ng Banoi at Batulao
ang mga mersenaryo,
Aba, e hindi pa rin madurog
ang hinahanap nilang Hukbo!

Lustay ang nakaw sa bayan
sa mga operasyong hatid ay gulo
Hindi umaatras sa pananakot na pagpatay
o pagsasampa ng gawa-gawang kaso
Kaya nakailang panggap na
ang pinapunta nila sa mga tao.
Pasung-paso na ang mga sundalo
Sa maaanghang na komentaryo.

Habang hindi nila namalayan
ang pagdalpak ng Pulang Hukbo
doon sa di gaanong malayo,
at ang mainit na pagsalubong ng masa.
Nailingid sa kanila
ang pulong-masa
ang pagbubuo ng
mga Ganap na Samahan,
at lalong hindi nabalitaan
ang pagbuo ng mga bagong
Sangay ng Partido
at Milisyang Bayan,
ang paglawak ng saklaw
ng Pulang Kapangyarihan
hindi lang sa kabundukan,
kundi pati sa tabing-dagat,
hanggang kapatagan!

Habang sa kilos ng Hukbo'y bulag sila,
Panay-panay ang ulat ng masa
tungkol sa mga 6x6 na dumaan
Puno ang mga sasakyan
ng mga naka-*full battle gear* na kawatan
at pagkabalik ay wala na itong laman.
Direksyon ng tatahakin maski pinanggalingan,
pwesto ng kaaway, tukoy kung saan.

Isinusumbong ng magsasaka
ang mga CAFGU't Piptinaynt
na nakakampo,
Mga pananim at saging
na nawawala sa puno.
Ultimo kambing at manok
Ninanakaw nila.
Pati asawa ng may-asawa,
Mga tampalasang talaga!

Inulat din ang kaaway na may bilang na kinse,
kina Mamay Rudy nagkakape
limang minuto lang ang layo
sa nagpapahingang Hukbo.
Tinuro pa pati ang ilog
na magandang daanan
para makaiwas sa labanang
hindi pinaghandaan.

Kahit saan man magpunta
wala nang naniniwala
sa kwentong barbero
mula sa telebisyon at radyo
rindi na ang tainga
sa sirang plaka,
sa huwad na palabas
ng bulok na estado.

Pagka't ang mamamayan
Ang makapal na kagubatan
Ang malawak na tubuhan
ang baseng nilalanguyan
Dumarami ang masang api
na sa rebolusyon sumasapi
at kahit ilang ulit pang palabasin
na ang kilusa'y naghihingalo at
nalalaos na,
walang kahit na sino ang maniniwala.



# Liwanag ng pag-asa

NI KA ROSIE

Sama-sama tayo sa
pagbagtas
sa tiyak nating maaliwalas
na landas
tawirin natin ang layo,
lusungin natin kahit
palanas
at ahunin ang burol,
maging bundok na
pinakamatataas

Mabilis nating lakbayin ang
kapatagan
pangahas na abutin ang
pampang
ng mga ilog at dagat, at
pumakabila
sa dako kung saan naroon
ang masa

Hindi na tayo mangangapa
sa dilim
pagkat may bakas na
tayong susugsugin
na yapak nilang mga
nauna't nabuwal
sa tindi ng unos na dumatal

Laging may silay ng munting liwanag
sa gitna ng pighati ating mababanaag
na dapat hanapin at maapuhap
nang mapalakas muli ating hanay

Tanglaw na mula sa dakilang karanasan
ng makasaysayang pakikipaglaban
ng masa na proletaryong pinamumunuan
hawak ang MALEMA, dakilang kaban

Liwanag na ito'y nagniningas pa
sa puso at dampa ng masa
sa ngiti at diwa ng bawat mandirigma
sa determinasyon ng bawat komunista

Hatid ang pag-asang walang hanggan
kabayanihan at kagitingang
di alintana ang sakripisyo't kahirapan
alay sa katubusan ng sangkatauhan

Magkapit-bisig tayo, mga kasama
suungin ang lupit at bangis ng digma
pagliyabin sa puso ng masang tigib sa dusa
dakilang adhikaing para sa kanila.

Tumugon sa bawat hamon
mag-ambag nang ubos-kaya't dunong
pangibabawan ang mga limitasyon
tugunin ang tawag ng ating panahon

Mga bagahe'y ganap nating iwaksi
lampasan lahat ng mga balakid
lawakan ang tanaw at pag-iisip
upang tagumpay ay ating makamit! D

*22 Hulyo 2023*

# Iisang martsa

NI KA BINGBING

Yakapin ang kahingian ng pag-igting ng digma
Itanghal ang kawastuhan ng rebolusyunaryong pakikibaka
Dahil sa ating muling pagwawalay at paghayo
Nasasabik na tayo sa higit pang pagkatuto.

Linyang masa ang gabay, 'wag na 'wag kalilimutan
Suliranin ng masa'y pakasuriin at pagkunutan
Lutasin mula kaliit-liitan hanggang malalaking problema
Sapulin ang ekonomyang pampulitika

Iwaksi ang empirisismo sa lahat ng aspeto
Ipatas nang maigi ang pangunahi't segundaryo
Ubos-kayang tupdin ang takdang programa
At sakaling magkamali'y maging tapat sa pagpuna.

Tayo'y hahakbang sa iisang martsa, sabay-sabay
Walang dapat maiwan, lahat tayo'y mag-aalalay
Sama-sama tayo sa pighati, sa paglaban, sa tagumpay
Sandigan ang masa, ang bawat isa'y kaabay.

Lipulin mga pasista, magpakahusay sa taktika't teknika
Kumprehensibong sumipat, maging pleksible't handa
Mangahas makipagtagisan nang ngipin-sa-ngipin
'Wag pagagapi! Pulang hukbo, sulo ng Partido'y pagningasin!

Darating ang araw ng muling pagkikita
Sa pagkakataong iyon, tiyakin natin ang laksa
'Di lamang mga kwento, mga karanasan o tawanan
Kundi laksang dagdag pwersa sa Bagong Hukbong Bayan!

*Binigkas sa isang kapihang bon voyage matapos ang matagumpay*
*na kumperensya sa isla ng Mindoro noong Enero 2022.* D

# Ang lupa

NI ADEL SERAFIN

Masdan mo ang lupang kumapit sa iyong mga paa,
Nakapagkit na tulad ng iyong pagka-aba.
Masdan ang mga kalyong tumigas kasabay ng pagtanda,
Larawan ng buhay na hamak at dukha.

Isang buo, isang tipak, makitid o malawak
Tinitibag, inaatag, hinuhulma, sinusukat
Makikita mo itong buo, ngunit hindi iyo.
Mapasaiyo man ay kakapiraso.

Ang lupa ang pinag-uugatan ng lahat —
ng buhay at kamatayan, ng kapayapaan at kaguluhan.
At ang kasaganaan o karukhaan,
ay itinatakdang lahat ng kamay na may tangan.

Ang lupa ay digma,
isang tunggaliang namumuo't nag-aalma.
'Pagkat ang lupang pinagbubuwisan ng pawis at lahat
Sa tuwina'y inaagaw sa laksang nagpakahirap.

Pakamasdan mo ang lupang kumapit sa iyong mga paa,
Hatid nito'y biyayang di umusbong nang kusa.
Dahil ang buhay ng lupa'y nasa iyong pagpapala,
At ganap lamang yayabong sa pagkapigtas ng mga sagka...

Makapangyarihang hintuturo ng mga panginoon,
Silang umaangkin, turo dito, turo doon..
Panahon nang tagpasin ang daantaong pagkaalipin,
Ang lupa at kapangyarihan sa nagbubungkal ay isalin! D

*16 Abril 2023*

# Tangis ng api

NI KA ROSIE

Nagliliyab ang poot sa puso
nagpupuyos sa galit ang diwa
nag-uumalpas ang kapasyahang lumaban
para sa bawat karapatang niyuyurakan
mga batang walang laban
mga maysakit at sugatan
mga pamilyang pinaslang.

Nagliliyab ang parang
ng bawat magsasakang ninanakawan
ng buhay, lupa at kabuhayan
humihiyaw ang katarungan
sa ibabaw ng kanilang libingang
libingan ng dangal at katarungan
nangangakong magbabangon at lalaban.

Pag-asa'y patuloy na bumubukal
pagkat laging may tinig ang api
pagkat laging may luhang papatak
kapalit ng dumanak na dugo
laging may tatangis para sa mga dukha,
may poot na pupukaw sa diwa
ng kapwa api't nagdurusa.

Sa bawat pagkabuwal
may bagong magbabangon
sa bawat pagbagsak
may itataas na kamao
walang sandatang mananahimik
pagkat laging may pupulot ng armas
para itutok sa mga kriminal na pasista.

Sa ibabaw ng puntod
taimtim ang panata
ng lahat ng biktima at naulila
lahat ng kinitlan ng buhay at inagawan ng laya
igagawad nilang tunay na hustisya
hustisyang mahal na sisingil sa pagkakasala
ng lahat ng nang-api't nanggahis sa kanila.

Aagawin ng lahat ng inapi ang tugatog
Magtatayo sila ng bantayog
ng mga tunay na bayaning tagapaglingkod
habang pinapanday bagong muog
at estadong sila'ng nasa tuktok
maghahatid ng laya at hustisya
demokratiko at lipunang masagana.

*Alay sa pamilya Fausto na minasaker sa Negros at sa lahat ng pamilyang winasak ng estado, 17 Hunyo 2023.*

# Pagpupugay sa mga martir ng Mendiola

NI CALOY LIWANAG

Enero 22, 1987 labing tatlong buhay ang nawala
Sa pakikibaka ng magsasakang mahihirap
Tunay na reporma sa lupa ang tanging hinahangad
Iparating kay Aquino ang mithiing pangarap

Sadyang duwag at marahas ang estado
Magsasakang walang armas ay pinatay nito
Ginamit ang mersenaryong pulis at sundalo
Upang ipagtanggol ang papet na gobyerno

Tatlumpu't anim na taon ang nagdaan
Katarungan para sa mga biktima ay di pa nakakamtan
Lalong dumarami ang mga pinapaslang
Sa pagtatanggol ng lupang binubungkal

Ang lupang pinagbuwisan ninyo ng buhay
Ipaglalaban ng mga kauring naiwan
Itatayo namin ang muog ng himagsikan
Sa malawak na masa doon sa kanayunan

Katawang lupa lamang ninyo ang kanilang napatay
Ang diwa at prinsipyo ninyo ay mananatiling buhay
Aming paglaban di mahahadlangan ng kanyon at bala
Ang ating hangaring palayain ang uring magsasaka

Mga dakila kayong kauring magsasaka
Buhay n'yong ibinuwis sa daang Mendiola
Laging gugunitain at laging alaala
Inspirasyon namin kayo sa pakikibaka

Pagpupugay at pagdakila sa inyong kabayanihan
Sumpa at pangakong di namin bibitiwan
Dudurugin ang estadong pahirap sa bayan
Tunay na reporma sa lupa ay ating makakamtan

*Isinulat noong Marso 5, 2008 sa Bacoor, Cavite. Muling itinanghal noong Enero 22, 2023, ika-36 anibersaryo ng Mendiola Massacre.*



# Sanlibo’t isa

NI KA JANI

Sanlibo’t isa mong tuwa, sangkatauhan ang biktima.

Ikaw ang maysala, hayok at masiba sa kapangyarihan
Ikaw na nagpakalulong sa karangyaang dulot sa ami’y kahirapan
Walang hanggang kirot sa sikmura, papatayìng dilat ang mata
Sanlibo’t isang bunganga, sambayana’y gutom na.

Isinilid mo kami sa loob ng mga impyernong engklabo
Dugo namin ang langis sa makina ng mga demonyo
Pinaluluwal ng yaman hanggang humimlay ang pagal naming mga kaluluwa
Sanlibo’t isang likha, lahat ng tubo ay sa ‘yo pa.

Tigang, buhaghag o mapulang lupa, kahit anong klase’y kaya naming linangin
Ilang dekada man naming bungkalin, sa papel na may selyo’y iyong angkin
Lupaing ninuno o linang ng magsasaka, lahat sa panginoong maylupa
Sanlibo’t isang ektarya, sa iyo’y kulang pa.

Saanman magtungo ay naroon ka’t nagpapasasa
Mala-linta, mala-pandemya, winawasak ang buhay ng aba
Ikaw ang nakikinabang habang kami’y nilalapastangan
Sanlibo’t isang ganti, panata naming isakatuparan!

Sadyang kakawala ang ibon sa kanyang hawla
At ang tao nama’y sa kanyang tanikala
Lahat ng inapi, binusabos at pinagsamantalahan
Higit pa sa sanlibo’t isa ang mamamayang lalaban!

# Ang kasuklam-suklam na pagmamahal

TULA SERYE NI ADEL SERAFIN

## Buti pa ang asukal, nagmamahal

Buti pa ang asukal, nagmamahal
Pero ang sentral, hindi man lang —
Maski nakaw-tingin, di man lang namamansin,
Kahit 'kaibigan' lang, malayong marating.

Ang mga kamay na lumilikha ng yaman sa asukal,
Walang saya o tamis na natitikman.
'Di man lang makaramdam ni kaunting kilig,
Lugmok sa hirap, bugbog lagi sa krisis.

Sa loob ng mga plantasyon, ginigiling ang magtutubo.
Pinipiga ang katas, niyayasak sa pag-ilo.
Hindi pinapaligtas, maski pa bagaso.
Hanggang sa dulo, sinasagad ang tubo.

Daan-taong kasaysayan ng pagyaman ni Don Pedro,
Hinuthot kada sentimo sa pawis ng magtutubo.
Wala itong katumbas ni anumang pagsuyo,
Ito'y labang ipagtatagumpay ng dugo sa dugo.

Kumukuyog ngayon ang lahat ng may kapital,
Burgesyang hangal na kumokontrol sa sentral.
Iatras, iabante ang industriya ng asukal,
Nakakapanibugho ang kanilang pagkakamal!

Ngunit ang magtutubo, kapag siya ang nagmahal,
Hahamakin ang lahat, armas man ang katapat.
Kung paghulagpos ay pinintakasing lubos,
Pagtibag sa kaapihan ang tiyak na huhugos.

Hayaang magmahal ang asukal, habang nagmumura ang mga nagpapagal.
Kapag galit at paghihimagsik ang damdaming isinusubi,
Tinamaan ng lintik — lintik lang ang walang ganti,
Babangon, lalaban ang masang api!

## Kapag nagmahal ang di dapat magmahal

Kapag nagmahal ang di dapat magmahal —
Hindi ito bawal.
Kapritso na ito ng monopolyo sa kapital.
'Hangga't sila ang umaangkin sa lahat ng kalakal.

Kalaguyo nila ang anak ng diktador,
Ang pangulong bulaan, hambog at pulpol.
Nagpupulot-gata ang mga kumprador,
Ismagler at hoarder na pulos tirador!

*Price cap* sa bigas ang ipinagyayabang,
Paano pa'ng magmamamahal ang saradong tindahan?
Kung hindi ba naman singkad ng kahangalan,
Kung sino'ng maliit, siyang pinag-diskitahan.

Mga tao'y inuutusang maghigpit ng sinturon,
Lusot na ang kapitbahay sa suot na puruntong.
Itong sambayana'y kalansay na sa gutom,
Habang milyon ang halaga ng isang kain ni Bongbong!

Kapag nagmahal ang mga di dapat magmahal —
Bigas, langis, kuryente, asukal.
Ito'y kasalanang mortal,
Ng gubyernong inutil at kriminal.

Kung tamis ng pangako ay laging naglalaho,
Tama na ang lokohan, oras nang matuto.
Kung tayo'y parating inuuto sa ilusyon ng kaunlaran,
Makatwiran lamang na mag-aklas at lumaban!

*Inspirasyon ng may akda sa tula serye na ito ang sunud-sunod na balita ng 'pagmamahal' na lumiligalig sa masang anakpawis noong Setyembre 2023.* D



# Hanggang sa muli, kaibigang Kalaw

NI KA MINDA

Papalayo na ang kanilang sigaw,
Hindi na halos marinig ang kanilang pagkampay.
Namamaalam na ang kaibigang Kalaw,
Hanggang sa muli, ang huning umaalingawngaw...

Kayo ba ang lilisan, o ang hukbo niyong kaibigan?
Sa pagitan ng malawak na gubat at kalaan,
May panglaw na tatanawin ang nagisnang tahanan,
Habang binabagtas ang estrangherong kabuyukan.

‘Pagkat may bantang bumubulabog
Gumigiling, naglalayag sa mga gubat at bundok,
Mga higanteng pison na nakaambang dumurog
Sa mga lupa’t ilog, lason ay aagos.

Kasama nila’y mga sundalo ng gahaman,
Mababagsik, barilán, handang manibasib kanino man.
Kasama nila’y mga hunyangong dayuhan,
Naglalaway, sumasakmal sa laksang gintong yaman.

Pumapailanlang, naghahamon ang hinagpis ng kaibigang Kalaw,
Dumadagundong, naghahanap ng katugon ang kanyang mga hiyaw.
Ipagtanggol natin ang gubat, huwag hayaang mawasak
Animo’y mensaheng isinasaad ng baritono niyang agak.

Matikas na ipinapagaspas ng kaibigang Kalaw ang kanyang mga pakpak,
Inuuli ang kagubatan sa paglaban niyang hinahangad.
Kung maiyayapak lamang niya ang kanyang mga paa sa kabihasnan,
Ihahatid niya ang balita ng delubyong nakaabang.

Sandaling pamamaalam, kaibigang Kalaw.
Kami ang papalaot sa mundong 'di mo mabaybay.
Upang ihatid ang mga salita sa likod ng iyong sigaw,
At ihugis ang paglaban sa nagbabadyang pagkagunaw. D



# Ang gintong mina

NI KHALIL CASAN

Mayaman ang bayan ko,
Ngunit naghihirap ang mamamayan nito.
Sagana sa  ginto,
Ngunit dinarambong ng dayo.

Nananangis ang ibong Kalaw,
Sa tahanan niyang nagbabadyang magunaw.
Ano'ng ilalaban ng tibay ng malabayabas
Sa gawang-taong delubyong sa kanila'y wawasak?

Ang malalaking ilog na pinagmumulan ng buhay,
Sa mga kemikal ng mina iglap na mamamatay.
Ang saganang dagat, ang lupang biyaya
Lalasuning lahat, wala silang ititira.

Hanggang kailan maririnig ang mga tawanan at kilig
Ng mga batang nagtatampisaw sa malinis na tubig?
Hanggang kailan mamamasdan ang mga naglilinang
Na masiglang umaahon sa kanilang mga niyugan?

Hanggang kailan maririnig ang mga kalantog ng bao,
habang nagtitigkal ng kopras na niluto?
Kung sa kapitalista, ito'y para lamang pagtubuan,
sa tulad nating aba, ito'y dakilang kayamanan.

Huwag o huwag nating hayaan,
na ang lahat ng ito ay makamkam ng dayuhan
Sama-sama nating ipagtanggol ang kabundukan
Na ating kinagisnan at minanang tahanan.

Huwag tayong pasisilaw sa baryang salapi,
na sa ating mga palad ay 'hagyang dadampi.
Huwag tayong pabubulid sa matatamis na pangako,
sa ganid nilang hangad na nakawin ang ginto.

Silang mga tampalasang binubulag ng kasakiman,
walang pakundangan sa wawasaking kinabukasan.
Walang pakialam sa taghoy ng kalikasan,
at sa mga buhay na umaasa sa yaman ng kagubatan.

Tayong mga dukha, tanod ng kabundukan
Tayo ring lumilikha, nagpapagal, nagbubungkal
Bumubukal sa 'ting palad walang ubos na biyaya,
Karugtong ng paghinga, hangga't ang lupa ay lupa.

Atin ang mga bisig na mananaig,
Upang igupo ang mga sakim,
Lipulin ang mga ganid,
Tiyak ang tagumpay, sa ating pagbibigkis! 𝓓



# Buwis-buhay ang aming hanapbuhay

NI KA PLENI

Malalaki, makakapal at mahahabang tabla
Ang kanilang pinaaagos habang hinihila.
“Mag-ingat!
Baka ka matumbok nyang kahoy na napakabigat!”

At nang kami’y kanilang makita,
Tila tinakasan ng dugo ang kanilang mukha.
Iniabot namin ang aming mga palad, saka pakilala
“Mga NPA kami, kamusta?”

Nang marinig ang aming winika
Si Tatay Magkakahoy ay napabuntung-hininga,
“Akala nami’y mga sundalo na!”

“Buwis-buhay!” ang naihihirit
Ni Tatay sa bawat nyang pagbuburlit
Sabay tanong, “mga kasama,
Hindi ba bawal sa inyo ang aming ginagawa?”

Kaagad naming sinagot ang kanilang agam-agam
“Sa katunayan po, ‘Tay, amin ding ipinagbabawal
Sa aming patakaran ang inyong hanapbuhay
Dahil hangad nating mapangalagaan ang kalikasan.

Pero dahil walang ibang mapagkunan
Ng pagkain at panggastos sa araw-araw,
Sa ilalim ng gobyernong walang alam
Kundi kayo’y nakawan at pahirapan
At walang lupa, trabaho at serbisyong panlipunan
Na kayo’y napapakinabangan,
Naiintindihan po namin ang inyong pangangailangan
Na suungin itong mapanganib niyong kabuhayan.”

Lumuwag ang kanilang dibdib sa aming winika.
"Mabuti pa pala kayo't nakauunawa
Di pares ng mga sundalong walanghiya!
Kung kami'y kanilang masakbat
Ang mga kahoy at konsumo nami'y sunog lahat!

Dadalhin sa presinto at ibibilanggo
Habang napapadyuskupo
Ang pamilya naming magpipyansa.
Kaya naman kayo'y makaaasa
Na sa mga militar ay wala kaming suporta.
Mabalitaan lang namin ang pag-ahon ng mga sundalo,
Kami'y tila palos na kikilmot sa bato.
Sila ang pangunahing sa ami'y nanggugulo".

Nakapalagayang-loob na nina Tatay
Ang mga kasamang sa kanila'y dumalaw.
Lumaon pang higit ang talakayan
Upang sa kanila'y kasunod na maglinaw.

"Gayunman, 'Tay, amin kayong hinihikayat
Na sa pagkakahoy, kung maaari'y umawat
Iba pang trabaho, sikaping maghanap
Upang mapreserba ang ating mga gubat,"

Tumango ang mga magkakahoy bilang pagsang-ayon
Sa isinusulong ng mga kasamang kapulong.

"Marahil, mga kasama, kung kami'y may sariling lupa
Ay hindi pagkakahoy ang paraan para kumita
Napilitan lang kami lalo't gipit ang sitwasyon
Ang iba nga'y dahil sa mahigpit noong *lockdown*
E 'di na nakapaglako ng panindang *ice scramble.*

"Sa wari rin naman namin, mga kasama,
Mga dambuhalang kumpanya ang tunay na perwisyo
Konsesyon sa *logging* na malawakan kung magtroso
Mapaminsalang mina na nagmamasaker ng mga puno
Ay! Talagang ang gubat kung iiwana'y kalbo!

Maliitan lang naman ang aming pinuputol
Kulang na kulang pa para sa gastusin maghapon
Marahil ay dahil mura ang bentahan ngayon
Bente pesos lang ang kada bolpit ng kahoy."

Agad kaming naglabas ng papel upang magkwenta
Bawat pagtutuos ay ipinauunawa sa kanila:
"Sampung libo'ng inyong kita, iya'y kinis na
Menos na riyan ang konsumo at utang
Saka hahatiin sa pagkakahoy nang anim na buwan
Aba'y nasa singkwenta lang pala ang inyong arawan!"

Waring binuhusan ng tubig
Ang mukha ng mga magkakahoy sa narinig
Dagdagan pa ng komersyanteng pagsasamantala
Ng ahente nilang kwarenta kada *board feet* ang benta!

"Anong lugi, anong sakit
Sakdal-hirap, sakdal-lupit
Ng aming dinaranas, nakapagngingitngit!"

Ang mga luha'y namuo at nangilid
Sa mga matang namulat sa sinapit.
At nang matapos ang kursong masa, nasambit,

"Nararapat palang amin na ring ipag-*powersaw*
Ng mga tabla para kabaong ay mabuo
Iyo'y pagsisidlan ng mga pasistang sundalo
na mga protektor ng konsesyonaryo ng troso
At ng papet at  pahirap na estado!" D

# Dakilang Partido

NI KA OLGA



Dikta ng kasaysayan
Ng walang humpay na
mga tunggalian
Ang mahigpit na
pangangailangan
Sa isang proletaryong
rebolusyonaryong
Partido.

Hinaing at pagbalikwas
ng aping sambayanan
Ay signos ng papalapit at 'di mapipigilang daluyong
Na marapat na pamunuan at gabayan
Nitong ating Partido na konsolidado
Sa ideolohiya, pulitika at organisasyon

Dakilang tungkulin ng proletaryo
Ang itatag at ibayong patatagin ang Partido
Sa teorya at praktika, sa pagpupuna at pagwawasto
Sa pagpapanibagong hubog
Hanggang sa tuluyang baguhin ang mundo.

# Pola

NI KA HERA

Marka ang puting linya
hindi lamang ng pagtanda
kundi ng lawak at lalim
ng iyong pagkabatid sa rebong syensya

ng dami ng sakripisyo't kahirapang binata
ng di mabilang na karanasang
sayo'y nagpatibay at nagpatatag
senyal at epitomya
ng 'yong diwang komunistang
di matitibag ng anumang tangka ng kaaway

Kaya kami sayo'y labis ang paghanga
sa kung paano mo sinisilip ang mabuti
sa bawat sitwasyong bigo o sawi
sa gitna ng unos at mga pighati

Iwinalay ka man sa 'min ng kaaway
ang 'yong mga aral lagi naming gabay
laging may silbi at puno ng saysay
ang diwa at gawa mong sa bayan inialay

Hindi kami naulila
pagkat lagi kang baon sa aming gunita
ang lahat ng iyong turo't paalala
laging tangan namin sa 'ting pakikibaka.

*Alay sa isang may edad na kadreng ipiniit ng estado sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, 18 Hulyo 2022.* D

# Katatagan

NI GABRIELA SAKA



Hindi ko alam kung saan ako mag-
uumpisa
Upang ilarawan ang katatagan mo
sa pakikibaka,
Masasabi kong matagal na ngang
talaga,
Dahil kita na ang ebidensya sa
buhok mong may puti na,
Bukod pa sa ang panganay mong
anak ay Hukbo na.

Una kang naging matatag
Nang iluwal ang iyong anak
Sa pag-iyak ng batang paslit,
Tubig sayong mata'y ibig na ring
pumatak,
Ayaw mo syang iwan, puso'y tila
binibiyak,
Ngunit iyo nang itinatak
Na isisilang mo lang sya't
babalik muli sa landas na iyong tinahak.

Pangalawa,
Ay ang di matatawarang husay sa pakikidigma
Pinatunayan mo ngang babae kang kayang humawak ng sandata,
Mag-iwan ng matinding sugat o pinsala sa mga pasista,
At magiliw namang nagsisilbi sa mahal nating masa.

Pangatlo at huli,
Sa pagkawala ng iyong kasama't sya ring kabiyak,
Ano't sadyang kaybigat...
Parang guguho na lahat,

Parang ubos na ang luha sa kakapatak
Kung sa iba'y parang wala nang pag-asang malalasap
Ngunit ang pagkawala nya mismo ang sya mong kalasag
Upang manatiling masikhay at matatag
Na lumaban para sa kalayaang ating hangad.

Babae, ina, anak, kasama, kaibigan at kabiyak,
Huwaran ka sa tapang mo't tatag
Hamon at inspirasyon para sa lahat
Upang manatili, hanggang tagumpay ay maganap.

# Sa ngalan nila

NI KA ALLEY

Sa ngalan ng kanilang mga buhay
na nabuwal, dahil sa walang humpay
nilang paglilingkod at pag-aalay
sa lumilikha na nilalamangan,
sa nagbubungkal na isinasakdal,
ng bulok na sistemang kontrol ng iilan.

Sa ngalan ng kanilang kapangahasan
na suungin, ang makatarungang digma
upang isulong at kamtin ang minimithing lipunan,
na may demokrasya't tunay na kalayaan.
Pasistang estado'y wawakasan
at ang diktadura ng proletaryado ay iiral.

Parang isang gintong tala na laging masisilayan
sa bawat ngiti, ng masang inyong pinagsisilbihan
na taas kamao kayong pinagpupugayan.
Makakaasa kayo sa aming buong lakas at tapang
na tahakin at isulong ang inyong nasimulan
sa ngalan ng inyong kadakilaan, hanggang sa tagumpay!

# Hanggang sa huling hininga

NI KA NINA

Sa buhay kong kinagisnan
Na walang kasiguraduhan
Tayo'y nagkadaupang palad, at ikaw
O ikaw, ang aking naging tanglaw

Sa piling mo'y aking natutunan
Na ang pagdurusang nararanasan
Ay hindi sadyang kapalaran
At kasama mo ay kaya kong lumaban

Ika'y 'di ko katabi, 'di rin nakikita
Ngunit sa diwa ko'y lagi kitang kapiling
Sa pagkakaisa ng masang aping nais makalaya
Ramdam kong kasama ka, hanggang sa bukas na maningning

Sa paglipas ng panahon, habang tumatagal
Sa pakikibaka, ako'y tila napapagal
Ngunit paulit-ulit mong sambit, mga gintong gabay at aral
Higpitan ang kapit, nang 'di mabuwal

At kahit ano pa ang sabihin ng iba
Anumang paninira, pagbali o pagbaluktot nila, ako sayo'y magtitiwala
'Pagkat iyong pinasubalian, mga kasinungalingan nila
Ika'y naninindigan, at patuloy na humuhulagpos upang wasakin ang tanikala

Kailanma'y 'di luluwag ang ating pagka-kapitbisig
Sa rurok man ng ligalig o pagbuwis ng dugo sa lupang iniibig
'Di magagapi, 'di magpapadaig
Ubos-kayang sasalungatin ang agos patungong maaliwalas na daigdig

Kaya't hanggang ngayon, sa isip at puso ko'y malinaw
Ikaw sa aking buhay ang maliwanag na tanglaw
Sa bawat liko at ikot nitong mapagpalayang pakikibaka
Hanggang sa tagumpay nating mga uring sinasamantala

Maraming salamat sa iyo, Partido Komunista ng Pilipinas
Ang aking makasariling pag-iral, nagkaroon na ng saysay
Paglahok sa Digmang Bayan para sa layunin na dalisay
Ang tanging pasyang kailanma'y 'di ko pagsisisihan, hanggang sa huling hininga. D



Sa alaala ng mga rebolusyonaryong martir

# Ang iniwang talinhaga ng aking rebolusyonaryong ina

MULA SA KALATAS

"Nay, kailan tayo magkakasama-sama?" Ito ang parating tanong ng aking kabataan. "Kapag pumuti na ang uwak." Ito ang laging sambit ni Nanay habang nakangiti. "Kailan puputi ang uwak?" tanong kong muli. "Matagal pa, pero gagawin natin ang ating makakakaya para mapabilis."

Sa murang edad ipinaunawa na ni Nanay na kami ay nabubuhay sa di ordinaryong sitwasyon. Sa mga sandaling dadalaw si Nanay, alam kong aalis din sya agad. Ang aming pagkikita ay laging may kaakibat na pamamaalam.

Ipinaunawa ni Nanay sa kanyang bawat sulat at pangaral na sya ay bahagi ng isang mas malalim na layunin. Si Nanay ay di lamang sa akin. Siya ay una sa lahat para sa bayan.

Iba ang saya at sigla ni Nanay sa kanyang mga kwento kasama ang mga katutubo, magsasaka at manggagawa. Ang kanyang hele ay awit ng pakikibaka. Ang aming ABAKADA ay MKLRP. Ang kanyang maikling kwento ay tungkol sa pagbaliktad ng tatsulok, sa matandang hangal na nagpatag ng dalawang bundok, at kung paano ang masa ang tunay na tagapaglikha ng kasaysayan.

Aking napagtanto na rebolusyon ang buhay na pinili ni Nanay.

"Anak, konting tiis na lang, magwawagi rin ang ating pakikibaka at lalaya ang inaapi."

Sa mata ng isang bata ano ba ang rebolusyon? Ito ay kaluskos ng sanga at dahon ng mga puno sa gitna ng gubat. Ito ay paglalakad sa gitna ng gabi sa ilalim lamang ng liwanag ng buwan. Ito ay ang masiglang tawanan sa kusina ng sonang gerilya. Ito ay ngiti ng bawat kasama na aming nakakadaupang palad. Ito ay pagkalinga ng bawat masa.



Sa paglipas ng panahon at mga taon mas lalo ring lumalim at lumawak ang pag-unawa ko rito. Ito ay pagyakap sa buhay ng sakripisyo at puspusang pakikibaka. Sa aking karanasan, masasabi kong ang mga katagang ito ay nananalaytay sa bawat himaymay ng pagkatao ng aking ina.

Sa maraming yugto ng pagkilos ng aking ina, kakambal ang kanyang mga piniling pangalan, buong lakas at tatag nyang ginampanan ang bawat gawain at atas. Masikhay sa pag-iisip ng mga ideya na makakapukaw sa damdamin ng masa, masiglang pag-abot sa lahat ng antas upang mas mailapit ang rebolusyonaryong teorya sa lugar na kanyang kinikilusan, at mapanghamig sa mga pwersa at alyado tungo sa isang malawak na pagkakaisa.

Buong buhay ng aking ina ay ibinigay nya sa paglilingkod sa masang api at pinagsasamantalahan. Buong lakas ng aking ina ay inialay nya sa pag-ambag sa layunin ng kilusan. Buong puso ng aking ina ay itinibok nya sa ngalan ng rebolusyon.

Kaakibat ng kanyang pagiging mabuting rebolusyonaryo ay ang kanyang pagiging mabuting ina. Walang kataga ang makakatumbas sa lalim at lawak ng pagmamahal niya. Labis-labis at higit sa walang hanggan. Ang pinakadalisay na bahagi ng kanyang pagiging ina ay ang kanyang pagiging rebolusyonaryo.

Bilang isang anak, hindi ko mailarawan ang pagdadalamhati na aking nararamdaman. Ngunit kasabay nito ang walang hanggang pagdakila at pagpupugay na nais kong ibigay kay Kasamang Victoria Mirayan, ang kanyang opisyal na pangalan sa Partido na higit na kilala ng masa at mga kasama sa kanyang iba't ibang pangalan sa pakikibaka bilang Sandy, Luisa o Marta.

Ayon sa kwento ng mga nakapaligid sa kanya, bago sya mawalan ng malay ay mga kasama ang nasa isip nya. Hanggang sa huli ang aking ina ay gumagampan ng kanyang gawain. Bagamat nasa kritikal na kundisyon, ang aking ina ay una at higit sa lahat, isang rebolusyonaryo. Hanggang sa huling pintig ng kanyang puso, sya ay lumalaban.

Ikinararangal ko na si Ka Sandy ay dakilang martir at bayani ng rebolusyon. Ikinararangal ko na si Ka Sandy ay ang aking Ina. Ang kanyang pagkawala ay mag-iiwan ng di masusukat na puwang at marka sa ating mga puso.

Marahil ang mga salitang "kapag pumuti na ang uwak" ay kanyang talinhaga sa "kapag lumaya na ang lipunan".

Mga kasama, gawin natin ang ating puspusang makakaya upang "pumuti na ang uwak". Ibaling ang ating pagdadalamhati sa isang rebolusyonaryong agos. Sa oras ng paglaya, katagpuin natin ang ating mga martir at dakilain ang kanilang buhay at sakripisyo.

Mahal na mahal kita Nanay. Ikaw ang buong puso ko. Hanggang sa muli nating pagkikita.

*Si Josephine "Ka Sandy" Mendoza ay kagawad ng Komite Sentral ng Partido at ikalawang pangalawang kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan. Pumanaw siya noong Nobyembre 10, 2023 sa sakit.* D

# Ang kaligayahan ay nasa rebolusyon

NI ADEL SERAFIN

Ang kaligayahan ay nasa rebolusyon —
Sa magdamag na paglalamay,
Pagkukunot ng noo,
Pagtatagisan ng isip,
Paghalaw sa gabay ng teorya,
At mga praktika ng tagumpay at pagkabigo.

Kung paano patataasin ang kita ng gumagawa,
Paanong ang lupa sa kamay ng nagbubungkal
ay 'di maagaw ng mga ganid
na ni minsan ay di man lamang nagpagal?

Kung paano malulutas ang pagkaing ihahapag
Sa abang mesa ng mga dukhang
Kumakahig man nang kumakahig,
makatuka ma'y pilit.

Ang kasiyahang makita ang bunga ng pinaghirapang ipundar,
Ang kapangyarihang maisasalin sa kamay ng masang
lumilikha't pumupunit sa laong kasaysayan
ng pagkaapi't pagkabusabos.

Ang makita silang matiyagang nagbubuklod,
Bumoboses ng pagkakaisa,
Nagtitibag ng mga bato ng kamangmangan at atrasadong kaisipan,
Nagpapanday ng mauunlad na karanasan ng paglaban,
Sama-samang naninindigan upang itindig ang isang gubyernong
ganap na makatarungan,
Napupuspos ng katwiran
at pagmamalasakit sa masang anakpawis.

Ang kaligayahan ay nasa rebolusyon:
Sa piling ng mga masang buong init na yumayakap
sa mabubuti nilang anak,
Mga anak ng bayang nangahas tumahak
Sa landas na puno ng pait, salimuot, sakripisyo't hirap,
Ngunit sa piling ng mga bagong ama't ina,
Sila'y nagiging ganap.
Marangal, makabuluhan.

Ang rebolusyon ay isang propesyon,
Isang obligasyon na buong galak na tinutugon,
Dahil ito'y makatwiran,
Ito'y lubos na kailangan,
Ito lamang ang tanging daan
Upang makamit ng masang api
Ang tunay na katubusan.

Hindi ito kailanman matatalo.
Hindi maigugupo ng mga hangal na
Naga-akalang sa pagkitil sa puno
ay mapipigtaw ang pag-usbong
ng kapangyarihang wawasak sa mga palalong panginoon...

Silang mga hangal na naniniwalang sa paghahasik ng kabangisan
Ay maaampat ang nagnanaknak nang kanser ng lipunan.
Silang naglulunoy sa ampaw na kasiyahan,
Sa delusyong sa makahayok nilang dahas ay mailulugmok ang ating paglaban...

Mananatili silang aamot ng hungkag na karangalan,
sa mga paimbabaw nilang tagumpay.
Habang tayo, ang rebolusyon, ang kilusan at ang aping sambayanan
Hinahambalos, niyuyurakan

Ngunit taas noo,
Buong kagalakang pinupuspos ang diwa at puso,
Ng kasiyahang hindi matutumbasan kailanman,
Nang piliin natin ang landas
ng paglilingkod sa sambayanan.

*Alay kina Kasamang Wilma at Benito Tiamzon. Si Benito "Ka Laan" Tiamzon ang tagapangulo ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral habang si Wilma "Ka Bagong-Tao" Austria Tiamzon ang pangkalahatang kalihim ng PKP. Kabilang sila sa Catbalogan 10 na pinaslang ng pinagsanib na pwersa ng Joint Task Force - Storm, 8th Infantry Division, Intelligence Service ng AFP at joint Special Task Force Trident (yunit na tuwirang hawak ng US) noong Agosto 21, 2022 sa Catbalogan, Samar.* D

*22 Abril 2023*



## ‘KAIBIGANG OSO’

*Alay kay Ka Jorah/Ka Edrik*
*ni RA Santiago*

*Si Misael “Ka Jorah” Ongtangco ay tubong Liliw, Laguna at ipinanganak noong Pebrero 20, 1975. Namatay siya sa labanan sa pagitan ng 80th IBPA at NPA-Rizal sa Sityo Kimaluab, Brgy. Pagsangahan, Gen. Nakar, Quezon noong Setyembre 20, 2022.*

# Salamat kay Senior B

NI KA CUBE*

Magtanong ka *out of the blue*, may sagot siyang nakakatawa. Hindi mo alam kung sino ang umimbento ng karayom? Itanong mo sa kaniya at tiyak na maniniwala kang si Nelson Needle[1] iyon. Sino ang nagbawal ng paninigarilyo? Sasabihin niya sa iyong isang hari, si King Nosmo[2].

Iyong alam niya na lugar ko, pati panahon ng Kastila, dinamay niya sa kwento kung bakit ganun ang tawag sa barangay na alam ko. Di lang naman siya ang may imbentong *etymology*, diba sa mga barangay o lugar na alam natin, may pinagmulan? Tulad ng Pinagkabayuhan, Nilabasan, Cayacyan, at marami pang iba.

Minsan tinawag din siya ng mga kasama na Hari, King Horic. Di ko alam kung bakit, basta't nakiuso ako.

Lagunahin, kaya't *inborn* na pilosopo. Nakumpirma ko 'yan at ang tunay niyang pangalan nang makita ko ang pangalan niya sa *subpoena* na inilabas ng korte, kung saan isa siya sa kinasuhan sa insidente ng ambush sa Luisiana, Laguna kung saan namatay ang dalawang CAFGU.

Sa lahat ng mga nakilala kong kasama, isa si Ka Jorah sa itinuturing kong alamat ng rehiyong Timog Katagalugan. At 'yong tipong, di ako makapaniwala na martir na. Kung bakit eh, mantakin mo naman ang ambag niya sa rebolusyonaryong kilusan sa TK. Isa siya sa mga namuno sa samu't saring TO sa iba't ibang dako ng rehiyon.

Oo't napatay siya ng kaaway, pero hindi nila mapapatay ang alaala at buhay ni Ka Jorah na bahagi na sa ating mga buháy pa at nakikibaka.

### *Agit*

Sa unang karanasan ko na makasama sa TO, si Ka Jorah ang PI sa platun namin. Malalakas ang mga armas naming dala. Matigas din naman ang aming target dahil trentserado ng buhos na semento ang bahay na pinagkakanlungan ng mga kaaway. Mahusay ang aming

ginawang paghahanda — mula sa pagsi-*zero* ng target, lohistika, transportasyon, konsolidasyon ng pwersa, paglalatag ng taktika at plano sa labanan, *dry run* at kondukta sa pag-*insert* at pag-*extract*.

Unang sikad pa lang ng pag-alis namin sa *staging area* ay bumuhos na ang malakas na ulan. "Ikukubli nito ang ating maniobra," ika ni Ka Jorah. Mahirap at lubog ang mga paa at bota namin sa putik. Matatalas ang mga bato sa lugar kung saan kami sasakay para sa mas mabilis na maniobra.

Mula sa *staging area* hanggang sa bawat istasyon na aming tinitigilan, walang awat na maririnig ng mga kasama ang propaganda at ahitasyon ni Ka Jorah para sa aming sasabak sa matinding labanan.

Hindi inalintana ng mga kasama ang pagod, puyat at hirap sa mga pinagdaanan at kahit sa mismong aktwal na labanan at resulta, dahil laging inililinaw sa amin ni Ka Jorah ang pampulitikang ganansya at epekto nito sa mamamayan at erya.

### ***Passion for details***

Minsan naipakat ako sa ispesyal na gawain na si Ka Jorah ang kalihim. Kahit nag-iisa ako sa erya na saklaw ng gawain, ramdam kong parang nandiyan lang siya sa tabi, dahil araw-araw inoobliga niya ako na mag-ulat nang madetalye sa inabot ng gawain ko.

No'ng nag-ulat ako tungkol sa kausap kong masa na parang ayaw magkwento tungkol sa isang kaso na sinisiyasat ko, napansin ni Ka Jorah na ang problema lamang ay dahil kinausap ko ang masang iyon nang may iba pang tao sa paligid na nakakarinig. Kaya't no'ng sumunod na pagkausap na iba na ang *setting*, maluwag nang nakapagbigay ang masa ng kinakailangan kong impormasyon.

Pati ugali ng mga masang nakakasalamuha ko ay may *say* siya at kung paano mapapakilos sa ating layunin. Kailangan talagang mapalalim ang *background* sa pamamagitan ng mahusay na pakikipagkwentuhan sa mga masa, tipong malapit na kaibigan o di kaya'y dumalaw na kamag-anak nila ako, habang sinasabayan o tinutulungan ko sa paglalaba, o anumang gawain ng masa. Matatandaan ko pa ang simpleng teknik niya sa pagtulong sa kahit maliit na problema ng masa. Naging *instant*

*repairman* siya nang nilinisan niya ang sirang *electric fan* ng masang kaniyang binabasehan. Natuwa ang masa at naging mahusay nating pwersa.

Kung sa mga lugar naman na nakikilusan, tinitiyak niya na maiulat ko ang katangian, galaw ng mga tao, mga kalsada, mga *outpost* ng kaaway, mga personnel at asset ng kaaway na nakatira sa lugar, upang sa una pa lang mataya na ang *security* sa pagkilos at makagawa ng angkop na hakbanging panseguridad. Palagi niyang pinapaalala na ingatang maging *"guilty"* ang pagkilos upang maging mainam ang paghalo sa mga komunidad na napupuntahan ko, kasabay nito ang iwasang ma-sibilyanisa at magkampante naman upang maging mapagbantay sa paligid.

*Legacy* ni Ka Jorah sa kaniyang pamumuno sa anumang rebolusyonaryong gawain ang pagiging maurirat. Siyempre SOP itong maituturing sa gawaing paniktik, dahil ang kaalaman ay nagiging malalim kung bibigyan ng kaukulang punto ang bawat detalye. Paraan ito upang maging obhetibo (hindi maging makaisang panig) ang pagsusuri sa mga kalagayan, hanggang sa makagawa ng tumpak na desisyon sa teknika at taktika lalo na sa anumang gawaing militar.

**Wala sa *limelight***

Sa kabila ng mabibigat niyang responsibilidad sa Hukbo at Partido, bahagi na ng buhay at hindi mawawala kay Ka Jorah ang kakulitan at pagpapataas ng diwa ng mga kasama. Lagi niyang ibinibida ang mga kasamang may simple basta't positibong bagay na nagawa. Halimbawa na lang 'yong isang kasamang katutubo na mahusay magsaulo ng balita kahit mapakinggan lang nito ang balita sa radyo.

Palagi siyang malapít sa mga kasama anuman ang estado nito—baguhan, datihan, namumroblema o sinasanay na upisyal. Kahit sa proseso o sa panahong may tensyon, nagagawa niyang maging kalmado at ipakita sa mga kasama na kailangan ang "presensya ng isip". Pilit siyang kumalma sa kabila ng nagawang desisyon ng isang kasama sa gitna ng operasyon, na maaaring ika-bulilyaso at lagpas sa kakayanin ng yunit na operasyon. Nang mataya niya ang risgo at posibilidad, ay

itinuloy pa rin ang operasyon at umayon sa plano ang nasabing opensiba at naging matagumpay.

Mabilis din siyang nakakaagapay sa mga kasamang kapwa kumander. Kung sa gitna ng operasyon ay may minutong hindi nakagampan ang kumander ayon sa plano ng labanan, kagyat siyang umaalalay upang tiyakin na makukuha ito at maitutuloy ang opensiba nang walang pasubali at hindi mapapalampas ang pagkakataon.

Mahusay siyang kumilala ng kalakasan at kahinaan ng mga kasamang sinasanay niya sa mga gawain at tungkulin. Nakakapagpaunlad ang mga kasama dahil matama niya itong ginagabayan sa kanilang paggampan sa ibinigay na atas.

Hindi mahirap magbukas ng saloobin kay Ka Jorah, ito man ay mga nagawang kahinaan, pagtatasa sa sarili sa gawain o mga problemang isipin. Eksakto ang kanyang pagbibigay ng obserbasyon at pagsusuri base sa aktwal na nagampanan, at nakukuha niya ang mga punto na dapat pang mapaunlad ng isang kasama at binibigyan ito ng kaukulang payo.

**Paalam, Senior B**

Pasimuno ang kolokyal na maibabansag kay Ka Jorah. Kapag may pinauso siya na kataga, kwento o bansag, ginagaya at inuulit ng mga kasama.

Yung mga kwento sa mga naganap na TO, patok sa mga kasama kapag ibinibida na niya, halimbawa nung nag-*icom* ang isang tim lider sa Platun Lider ng operasyon, "Bra-vo…,E-cho… lag-pas kayo." O kaya, yung isang tim din na bahagi ng malaking TO, sinalubong at hinarang nila ang dumaang kaaway na naka-sibilyan, at nagsabi "Dong, padala kami ni Duterte." Takbo ang kaaway at naiwan ang mga bag nito.

Marami pang ibang karanasan at kwentong kakatuwaan at pampasaya sa mahirap nating pakikibaka ang pasimunong ibinida at pinapang-ahita ni Ka Jorah. Hindi ko na lang maisalaysay lahat at baka mapuno ang isang libro rito.

Kaya't bilang parangal sa isang dakilang kasama, ito lamang ang maiaalay ko, isang bahagi sa salaysay ng buhay ni Ka Jorah para sa kanilang mga mag-uurirat.

At sa bahagi ko, masasabi kong kung ano ako ngayon ay may malaking impluwensya si Ka Jorah, hindi lang sa paborito naming mga awiting *mellow* at *new rock* ng 70s at 90s, kundi sa pagpapakahusay sa mga gawain at sa pagpapatatag ng sarili sa rebolusyon.  Hinding-hindi ko malilimutan ang isa sa sinabi niya sa akin, "Huwag mong isiping gawin kung saan ka masaya, kundi kung ito ay tama," sa tuwing madadaan ako sa masalimuot na sitwasyon ng pakikibaka.

Habambuhay na magiging tatak Jorah ang kaniyang mga naging yapak sa rebolusyonaryong pagpapanday.  Salamat sa masasayang alaala lalo na sa mahahalagang aral at praktika na babaunin naming mga kasama sa pagpapatuloy ng kaniyang nasimulan sa ating dakilang rebolusyon. D


** Si Ka Cube ay si Abegail Bartolome, kilala ring Ka Tintin, Esang at Laura ng mga masa at kasama.  Namartir siya sa isang depensibang labanan noong Nobyembre 19 sa Sityo Tugas, Brgy. Sabang, Pinamalayan.  Sa panahon ng pagkasawi ay istap siya ng bisig ng panrehiyong kumand ng BHB sa pagsasanay at personel.  Sa isang haba ng panahon ay gumampan din siya bilang opisyal sa pulitika ng mayor na yunit gerilya ng BHB sa rehiyon.*

______

*1 Needle - Ingles sa karayom*
*2 Nosmo - Pinaikling "No Smoking"*

# Ka Hunter

NI KA NATHAN



Sariwa pa sa aking alaala ang iyong mga ngiti,
Habang kadaupang-palad ang masang inaapi.
Mga tagpong nagsisimula sa kumustahan at tawanan,
Paglao'y bahaginan ng hinagpis at kalungkutan.

Seryoso kang nakikinig sa gabundok nilang hinaing,
Kung paano baratin ang mga kalakal nila't tanim.
Kung bakit ang anak igapang ma'y 'di makapag-aral,
At kung bakit sa gutom sila'y parating nangangatal.

Saksi ka paano pagsamantalahan ang katutubong Mangyan,
Ang karampot na nilang lupa ay bagkus pang kinakamkam.
Hanggang pati produktong kanilang inaasaha'y mawala,
Mangabulok ang mga prutas, mangamatay mga hayop na alaga.

Sapagkat ipinagbawal ng sundalo na sa kaingin sila'y gumala,
Hinahanapan ng ID, NPA daw ang walang maipakita.
Binabaril nang basta na lamang at pagdaka'y sasabihing nanlaban,
At marami pang tulad nito ang krimen nila sa mamamayan.

Ngunit sino ang tunay na salarin?
Kung bakit ang masa'y saklot ng pangamba't isipin?
Sila'y natutulig sa lakas ng kabog ng kanilang dibdib,
Mga bakas ng kombat, sa kanila'y bangungot ang hatid.


Sinong dapat sisihin sa inyong pagkawala?
Gayong ang nais niyo lang ay maihatid sa madla,
Mga pangangailangang malaon nang ipinagkait,
Ng gubyernong pasista't walang malasakit.

Tiyak na namamayani sa dibdib ng masa,
Ang nag-aalimpuyong galit na nadarama.
Labis-labis nang naghihinagpis ang masa,
Sa kairalang baluktot at tagilid na sistema.

Kung sino pa ang totoong nagsisilbi sa bayan,
Sila pa ang walang awang pinapaslang
Ng mga halimaw na militar, pulis at paramilitar,
Mga bayarang aso ng gubyernong kriminal!

Sila'y nagpapanggap na mabait at makabayan,
Ngunit walang naniniwala sa kanilang kahangalan.
Sapagkat sa puso ng masa, ang mga mandirigmang tulad mo,
Ang kanilang pag-asa, ang tunay nilang Hukbo! D

*Alay kay Arc John "Ka Hunter" Varon na namartir sa isang labanan sa isla ng Mindoro noong Mayo 30, 2022.*




PAGPUPUGAY, MAHAL NA KASAMA!
*Alay kay Jethro Isaac "Ka Pascual/Ka Bundo" Ferrer*

*Pebrero 24 '22*

*Ka Andres*,*

*Ang sakit no'ng marinig ko ang balita. Hindi ko nga napigilan ang luha ko kahit maraming tao. Sabi nila, ang kamatayan ng isang kasamang naglingkod sa bayan ay kasimbigat ng bundok Sierra Madre, pero hindi ako naihanda sa tunay na bigat nito. Iba pala kapag ang namatay ay kaibigan, matagal na kasama sa pag-unlad at pakikibaka.*

*Halos sabay tayong umunlad sa organisasyon. Nakasama pa kita ng ilang panahon sa kolektibo. Noon pa lang, hanga na ako sa talas mo sa pagsusuri at sa sugid sa gawain. Ikaw ang nagpapataas sa diskurso sa mahahalagang isyu sa pamantasan. Naging inspirasyon ka sa sarili kong pagpapahusay at pagkapit sa ating prinsipyo.*

*Pinakahumanga ako nang pilit kang pinatalsik ng mapaniil na administrasyon ng kolehiyo mo dahil sa militante mong pagtanggol sa karapatan ng mga estyudante. Magna standing, batch valedictorian, ang layo sana ng mararating mo sa burges na lipunan. Pero hindi mo tinalikuran ang prinsipyo mo.*

*Pagkatapos nito, inilipat ka na ng gawain. Marami pa rin kaming naririnig na kwento hinggil sa husay mo sa pag-oorganisa at pagpapakilos. Sabi nga nila, pinangunahan mong maigaod ang isang mayor na kampanya na nakabutas sa isang susing paaralan. Yung mga naiwan nga sa pamantasan, nagselos pa eh, na nakunan kami ng isa sa pinakamahusay at pinakamasugid na kadre. Pero masaya kami noon, ipinagmamalaki namin ang iyong naabot.*

*Pagkatapos no'n, sumampa ka sa kanayunan. Anim na buwan lang, sumunod na rin ako. Ang swerte nga naman namin at napunta kami sa parehong yunit na pansamantala mo ring tinigilan. Marami pa rin kaming narinig na kwento tungkol sa'yo, mula sa*

*katatawanan hanggang sa paghanga. Minana namin ang mga naipunla mo sa larangang iyon. Naging inspirasyon ka rin namin sa pagpapasyang mag-FT.*

*Hanggang sa nadispo na rin kami. Pero tuluy-tuloy ang kwento. Nakapagsulat pa kami sa'yo at ikaw sa amin. Malaking tulong ka sa patuloy na pagkapit namin sa kilusan, sa gawain at rebolusyon, sa kabila ng mga hamon. Alam kasi namin, ang laki din ng hamon at hirap na dinanas mo. Pero ipinakita mo ang iyong husay at nag-iwan ng hindi matatawarang ambag sa pagsulong ng rebolusyon sa rehiyon.*

*Dala-dala namin palagi ang alaala mo. Isasabuhay ko ang iyong ehemplo, at titiyaking hindi masasayang ang sakripisyo mo.*

*Mabuhay ka, Ka Andres! Tutuloy kami, HST[1]!*

*Ka Kurt* D

** Ang buong pangalan ni Ka Andres ay Kevin Cedrick Castro, martir at bayani ng rebolusyong Pilipino at nakilalang Ka Kevin/Facio. Nagsilbi siyang kalihim ng isang yunit ng NPA at kasapi ng Komite ng Partido sa North-Quezon. Nasawi siya sa isang labanan sa Brgy. Binibitinan, Polilio, Quezon noong Pebrero 21, 2022 sa edad na 28.*

______

*1 HST - hanggang sa tagumpay*

# Sa saliw ng mga dalangin

NI KA ENYA



Sa muling pagbuklat ng mga libreta,
Kasabay ng mga dasal para sa kaluluwa,
Pakinggan mo ang bawat salita't pantig,
Ng pangungulilang namamayani sa aming dibdib.

Sa bawat pagbaybay ng mga dalangin,
Hayaan mong ilakip ko ang aking damdamin.
Sa ulap at kawalang nakapagitan sa atin,
Itong kalungkuta'y ibubulong na lang sa hangin.

Sapagkat patuloy akong dinadalaw ng mga alaala,
Sa pagtulog, paggising at paghakbang ng aking paa.

Sa kaparehong landas na binagtas nating dalawa,
Sa bawat paglingos ko ay naroroon ka.

Matiyagang umaabot sa bigat ng aking dala,
Gumagabay sa saliwang pagyapak nitong mga paa
Sa lupang kumakandili sa ating pagkapagal,
Sa lupang buod ng bukas na ating pinapanday.

Sapagkat naririnig pa rin kita sa bawat tawanan at hagikhik ng masa,
Sa tagumpay at kasiyahang iginuhit nang kasama sila.
Bumubuhos pa rin ang luha sa mga aral ng ating pagkabigo,
Sa mga hirap at sakripisyo, sigwa't alimpuyo.

Sadyang kay haba pa ng digma, ngunit wala ka na.
Naulila maging ang Bundok Banoi na saksi sa ating pag-iisa.
Ngunit sa pagkabuwal ng magiting na mandirigma,
Inianak ng iyong alaala ang panibagong lakas at pag-asa.

Narito pa kami ng iyong mga supling,
Binubuhay ng pagmamahal na iniwan mo sa amin.
Narito pa kami, mga masa at kasama,
Tangan na namin ang nabitawan mong sandata.

Ulap at kawalan man ang nakapagitan sa atin,
Apoy kang nagniningas sa aming takipsilim.
Hayaan mong sumaliw sa inuusal naming dalangin,
Ang panatang kailanman ay 'di ka lilimutin. D

*Alay ng kabiyak ni Isagani 'Ka Ringo' Isita sa kanyang ika-40 araw ng pagka-martir noong Setyembre 7, 2023.*



# Awit

# Magsasakang walang lupa

PULANG BANDILA-EDC-NPA BATANGAS

*Chords: D Em A D*

O may isang magsasaka
Nagising isang umaga
Nang mabulabog ng ugong
Ng isang makina

Nagulat siya nang makitang
Ang kanilang kabundukan
At niyugan ay hinukayan
Para sa minahan

"Ay dyuskupo!" ang hiyaw niya
Sabay sugod sa makina
May inhinyero't sundalo
Tanong ay "hu ar yo?"

Aba'y hu ar yo ka rin
Sinisira niyo ang aming *mountain*
Ngunit sabi ng inglesero
"Wer is yor titulo?"

Magsasakang walang lupa
Nagpakita ng kalyo't sugat
Ang kanyang katibayan
Ay tanim niyang kokonat

O magsasakang walang lupa
O magsasakang walang kita
Oras na oras na
Tayo'y magkaisa
Lumaban manindigan

Ipagtanggol ang karapatan
Bawiin ang lupang ating pinagyaman

“Ay dyuskupo!” ang hiyaw niya
Sabay sugod sa makina
May inhinyero’t sundalo
Tanong ay “hu ar yo?”

Aba’y hu ar yo ka rin
Sinisira niyo ang aming mountain
Ngunit sabi ng inglesero
“Wer is yor titulo?”

Magsasakang walang lupa
Nagpakita ng kalyo’t sugat
Ang kanyang katibayan
Ay tanim niyang kokonat

# Rekoberi erya

EDUARDO LABRADOR

*Intro: C F G-(2x) G7 C*

 *C            Dm*
Lugar na naiwan at di nabalikan
 *G                C*
 dahil konserbatibo, kulang sa paraan
            *C7    F*
 at dahil din sa salot, berdugong kaaway
       *C    G       C*
 sa pagbalik natin, dobleng ingat lamang

                 *Dm*
Marami nang nanghina, mga kalooban
               *C*
mga nasa lokal, mga dating pultaym
       *C7       F*
dapat pagbutihin, SI palalimin
     *C    G    C*
tiyaking laging ligtas ang GSM natin

                *Dm*
Dahil rin sa ating mga kakulangan
                 *C*
nang unang itatag ang mga samahan
       *C7      F*
hindi natin agad sila naturuang
       *C    G       C*
kahit na maiwan, tuloy lang ang laban

*Dm*
Nakakapagpulong kahit sila lamang
*G C*
nakakapagtasa kahit sila lamang
*C7 F*
laging may punahan sa pamamaraan
*C G C*
sila'ng namumuno sa kanilang laban

*Dm*
Sa simula lamang na organisahin
*G C*
Turuang umasa sila sa sarili
*C7*
at sa lagi lagi sila'y pag-ulatin
*C G C*
mga pagpupulong, mga suliranin
(mga pagpupulong at mga hakbangin)

*(Ulitin sa pinakahuli bago magtapos ang kanta)*

Koro:
*Dm*
Ito ang gintong aral, sa'ting karanasan
*G C*
Sa gawain natin, hu'wag kalilimutan
*C7 F*
Sumalig sa masa, sila'y paglingkuran
*C G C*
Silang tagapaglikha, nyaring kasaysayan!

# Ikambyo pasulong

EDUARDO LABRADOR

*Intro : Am E Dm Am E7 Am*

```
             E
Ito ang panahon upang tayo'y bumawi
       E7           Am
Kumambyo pasulong ang lahat ng pwersa
 Dm            Am
Ito ay kailangan at napapanahon
  E     E7           Am
Tapat na magwasto, ito ang ating hamon

         E
Sa nakaraan na anim na taon
    E7       Am
Ating nilabanan itong supresyon
    Dm     Am
Lahat ay ginawa na upang tayo'y supilin
 E     E7         Am
PKP at BHB, masa hindi kayang durugin

           E
Ano ang resulta ng pakana ng kaaway?
      E7     Am   A7
Nahihibang silang tayo ay wakasan
 Dm          Am
Hindi ito nangyari, bigo sila 'di ba?
E       E7          Am A7
Ang masang anakpawis lalong nagkakaisa
```

*PASADA:*
Dm                    Am
Kaya mga kasama, lahat ng pwersa
*Dm                    Am*
Ubos kayang gawin itong ating tungkulin
*Dm                Am*
At mga gawain na atang sa atin
*E            E7            Am  A7*
Ikambyo pasulong pakikibaka natin

*Dm              Am*
Atin nang nilagom mga karanasan
*Dm              Am*
Mga tagumpay natin sa ating paglaban
*Dm*
Maling kaisipan at mga kahinaan
*E            E7            Am   A7*
Mag-aral, magwasto, kayang kaya natin

*(Ulitin ang Pasada)*


*E            E7        Am   A7*
Ikambyo pasulong pakikibaka natin
*E            E7        Am   A7*
Ikambyo pasulong pakikibaka natin



BISWAL



PULTAYM
*ink*
Ka Sol




SA KANLURAN
*ink*
Ka Khabar





IMPYERNO MULA SA LANGIT
*ink*
Ka Brando



SA GAWAING MASA
*graphite*
Ka Eunice



INDAYOG SA MUSIKA
*graphite*
RA Santiago



KERIMA TARIMAN | MAKATA AT ARTISTA NG MASA
*graphite and charcoal*
RA Santiago



**TAO ANG MAHALAGA**
*digital*
Mula sa *KALATAS*




HUKBONG MAPAGPALAYA!
*digital*
Mula sa *KALATAS*




MAMAMAYAN MAG-AKLAS
*ink*
Ka Komi




TATLONG SANGKAP
*ink*
Ka Komi



Negosasyon para sa taas-sahod, bakit may pulis at sundalo?




Ano ang mas mapanganib? Ang mag-unyon at lumaban, o ang manahimik at magutom?




Hindi kami pagugupo!

HINDI KAMI PAGUGUPO!
*watercolor*
K. Panalig



# Liham

*08 Marso 2023*
*0826H*

*Dear Ka Zhuge at mga kasama,*

*Rebolusyonaryong pagbati! Sana ay nasa mabuti kayong kalagayan sa pagtanggap ng sulat ko. Ayos pa naman kami. Kagabi, may napakisuyuan kaming masa na ipadala itong sulat kaya kung nakaalis siya nang maagap ay agad niyo namang makikita ang resulta ng gawain namin.*

*Sumulat ako para mag-update sa gawain namin at magpasalamat sa mga natanggap naming padala mula sa inyo na bagong isyu ng AB at mga inilabas na pamamahayag at bidyo.*

*Natuwa ang mga kasama sa "Kun Walay Bagong Hukbong Bayan" dance instruction video. Gusto na nga nilang sayawin o paminsan-minsan ay hiramin ang gamit kong gadget para mapanuod kahit ginagamit ko pa ito para sa pagtatala! Hahaha.*

*Ang AB isyu ay agad na naming binasa at tinalakay sa mga kasama. Napapanahon ito lalo't narito kami sa eryang reaktibasyon. Gagamitin naming gabay habang nakikipagtalakayan sa masa.*

*Maliban pa sa aming mga natanggap na bungkos na releases mula sa inyo, dito naman sa SI gathering sa erya namin, nakakapag-utay na kami. Si Ka Cao ay katuwang ko sa pag-interbyu at pagsinsin ng datos. Alam niyo ba, sobrang positibo ng tugon ng mga masa sa praymer natin, tulad nung isa nating inilabas kung saan naliwanagan sila sa kasaysayan ng bayan ng Narra. Dahil halos lahat ng kaharap namin siguro nasa mid-30s or early 40s, di pa nila alam ang kasaysayan, dinatnan kasi na nila 'yung mga tagumpay ng pagkilos ng mga naunang kasama at masa. Maganda talagang ipopularisa natin ang ating praymer at in general, ang reb kas ng mga eryang kinikilusan natin. Dahil nung nalaman ng mga masa sa Brgy. Tibig ang kasaysayan, mas maluwag ang pagtanggap*

*nila sa pagtatayo ng PKM sa baryo at kitang-kita nila ang halaga ng hukbo. Dati maganit ang Tibig, pero kahapon, di sila mahirap kumbinsihin na pumaloob sa samahan matapos bigyan ng pag-aaral, kaya may bago tayong naitayong GSM ! YEY!*

*Ganoon din pormal naming itinayo ang KomSek ng Anilao kagabi. Dahil nauna nang natalakay ang ating linya, di na mahirap kausapin ang masa na itayo ang seksyon na mangangasiwa sa mga sangay. Kakatuwa nga, nung isinet namin ang pag-aaral ng "Ampatin..." excited silang aralin 'yun. Nagbahagi kasi kami ni Ka Sima ng background sa Ampatin. Sabi nila ay magandang pag-aralan. Napresyur po kami.*

*Sa aktwal, tumagal lang ng halos dalawang oras ang pag-aaral pero inabot kami ng halos ala-una ng madaling araw dahil nagpulong pa ang sangay matapos ang pag-aaral. Tatlo kaming nagturo. Dalawampu ang mga estudyante, may mga kasapi ng Partido at may mga pasumpain bilang kandidatong kasapi.*

*Nung nandoon na sa parte ng ilang pagsusuri, na nilaman ng dokumentong "Ampatin..", talagang humaba ang talakayan dahil tinasa rin nila sa kanilang sarili kung paano ba hinarap ang atake ng kaaway at paano pinamunuan ang masa. Para lang kaming naglalagom, sabi ng isa, "humina ang ating pagkakaisa dahil nadala sa takot". Tapos sabi naman ng isa pa, "hindi natin nagabayan ang mga masa kaya nangyari yung takot at dudahan."*

*Syempre sa bahagi natin sa Hukbo, inako rin natin ang kahinaan dun sa hindi pagturo sa kanila at yung mga tendensyang KPGM-GRL natin. Maganda ang daloy ng talakayan kasi wala ring isinubi ang mga estudyante sa kanilang pagtingin sa nangyari lalo noong 2020-2022. At kahit sila ay nagtatalakayan kung paano ba dapat hinaharap ang mga atake ng kaaway sa kabila ng takot nila. Rehistro nila, takot sila sa Anti-Terror Law, nagkaroon sila ng singilan dun sa pagpirma ng ibang mga opisyal ng persona-non-grata sa NPA, pinapipirma ito sa buong barangay, bagaman di lahat ng*

*opisyal ay pumirma.  Habang nagtatalakayan kami, nagmula na rin sa SPL na magkasa ng kampanya para bawiin yung pinapirma sa kanila at labanan ang ATL dahil ayon sa kanila, di naman bukal sa loob yun at napilitan lang sila.  Ahitado ang masa, kailangan lang din gabayan.  Kaya agad na pinulong namin ang SPL matapos ang pag-aaral, inihanda sila para sa mga posibilidad na mga operasyong militar.*

*Ayos pa naman sila, kaya ayos pa rin kami.  Aktibo naman ang masa rito.  Kahit may malaking kilos ng kaaway sa paligid ng yunit ay kakayanin pa namin dahil kumikilos ang masa para tiyakin ang seguridad namin.*

*May isa pa kaming aktibidad sa KomSek na nakahanay—yun ay ang MB-building, YPB-building, at Area Defense Conference bilang paghahanda sa maaaring mangyari batay na rin sa galaw ng kaaway.*

*Habang nandito kami, iaabante na rin namin ang lahat ng kayang iabante.  Ang magandang bagay ay napakainit ng pagtanggap ng masa sa atin at uhaw sa mga pag-aaral.  Totoong noong una may pangamba kami sa pagpasok sa reaktibasyon at rekoberi erya pero basta't nariyan ang masa handa kaming sumuong at balikan ang mga naiwang erya.*

*Dito na muna!  Ibayong pag-iingat!*

*str,*
*Ka Bei* D

*December 2023*

*Mapulang pagbati, Ka Mel!*

*Kumusta ka na? Sana ay nasa mabuti kang kalagayan ngayon.*

*Pasensya na at hindi ako nakasama ngayon diyan. Huhu. Napagpasyahan ko at payag naman ang mga kasama na manatili ako ngayong Pasko sa piling ng aking mga magulang bilang paghahanda sa kanila sa aking perspektiba sa pagpultaym sa NPA. Tinatanaw kong ito na ang huling Pasko at Bagong Taon ko rito sa lungsod na makakasama sila.*

*Pagkaalis ko riyan bilang TOD, ilang buwan na ang lumipas pero hindi mawala sa isip ko ang buhay ng isang rebolusyonaryo sa kanayunan. Parati kong naiisip ang masang mahal na mahal tayo pagkat sila'y tiwala at naniniwala sa ating ipinaglalaban.*

*Aaminin ko, hindi naging madali para sa akin na mag-adjust sa buhay diyan pero nang maglaon ay natutunan ko rin ang mga bagay sa tulong ninyong mga kasama.*

*Tuwing nakakabalita ako sa inyo, nawawala ang lungkot ko dito sa lungsod. Masigla akong bumangon sa umaga o sa araw-araw para pumakat sa gawain dito o magsulat ng prop at iba pa. Kasi parati kong tinatandaan ang sabi mo na kapag malakas kami rito sa lungsod ay nagiging inspirasyon din ng mga kasama riyan.*

*Parati akong nag-aalala sa inyo noong nakaraan, pagkat sari-sari ang mga balita ng pasistang kaaway sa kanilang propaganda laban sa kilusan. Tiwala akong mahusay kayo sa pakikipaglaban, syempre kayo pa ba! Pero hindi lang mawala sa akin ang pag-aalala. Mahal ko po kayo, mga kasama. Sa piling niyo po, mas namulat ako kung paano tanggapin ang hirap, sakripisyo at kamatayan sa pakikibaka.*

*Noong nagrally kami minsan, may kaaway na nanghablot at nanghatak sa akin. May mga kasamang sinipa at pinaghahampas. Panawagan lang naman namin na itigil ang patuloy na militarisasyon sa kanayunan.*

*Marami pa rin ang manggagawang pinagkakaitan ng nakabubuhay na sahod, mga komunidad na dinedemolis, mga pamilyang inaagawan ng tahanan, mga tsuper na tatanggalan ng hanapbuhay. Patuloy pa rin ang pang-aapi at pagsasamantala ng estado sa sambayanang Pilipino.*

*Dahil dito, patuloy ang pagsulong ng pakikibaka ng masang anakpawis. Dumarami pa rin ang mga estudyante at intelektwal na nakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Nakapagtayo kami ng mga bagong balangay ng Kabataang Makabayan. Masisikhay sila at pinatutunayang buhay ang militanteng tradisyon ng KM! Nakadalo rin ang aming mga balangay sa iglap protesta, nasarhan namin ang kalsada kung saan maraming masa ang dumadaan. Nakita at narinig nila ang aming mga panawagan. Nagdikit din kami ng mga prop sa mga lugar na karaniwang dinadaanan ng marami. Nais naming ipalaganap ang ating dakilang mithiin: kamtin ang lipunang walang inaapi at pinagsasamantalahan.*

*Patuloy kaming nagsisikap dito sa lungsod upang imulat ang masa sa mga adhikain ng Demokratikong Rebolusyong Bayan. Patuloy po naming iniigpawan ang mga kontradiksyon upang sumulong sa aming mga gawain at tungkulin. Naaalala ko lagi ang sinabi mo, kahit may mga kasamang nabuwal o kaya ay napasakamay ng kaaway ay patuloy pa rin tayong susulong para ipagtagumpay ang rebolusyon. Nagpapakatatag ako para magpatuloy sa pagkilos. Sana diyan ako i-dispo ng mga kasama kapag natuloy na ang programa ko sa paghuhukbo.*

*Lagi po kayo mag-iingat. =) Miss ko na po kayo! =)*

*- Ka Hannah* D

# PASASALAMAT

Buong pusong nagpapasalamat ang patnugutan ng *DAGITAB* sa lahat ng manggagawang pangkultura at aktibistang masa na nagbahagi ng kanilang mga akda at obra sa isyung ito. Isa itong tagumpay sa lahat ng mga kasama na naging bahagi ng demokratikong proseso ng kolektibong pagkritiko at pagpapaunlad ng mga likhang sining, sa layuning iangat ang antas ng kasiningan at higit pang patalasin ang nilalaman ng mga obrang luwal ng rebolusyunaryong kilusan sa TK.

Maraming salamat sa *Pulang Bandila-MGC-NPA ST* at *KALATAS* sa pagbabahagi ng mga nailathala nang mga kwento at dibuho. Salamat sa mga awit, tula, sanaysay, maikling kwento at liham ng *Pulang Bandila ng EDC-NPA Batangas, AMC-NPA Quezon, NAAC-NPA Rizal* at *LdGC-NPA Mindoro.* Gayundin, maraming salamat sa mga awitin ni *Ka Eduardo Labrador.*

Salamat kina Ka Nathan, Katarina Liwayway, Ka Jacinta, V. Sanggangbayan, Ka Rosie, Ka Pleni, Ka Bingbing, Ka Sean sa kanilang mga akdang pampanitikan at kina K. Panalig, Ka Brando, Ka Ikang, Ka Eunice, Ka Sol, RA Santiago, Ka Khabar sa kanilang mga sining biswal.

Ispesyal na pagkilala ang iginagawad ng patnugutan kina Adel Serafin, Seed Sumibol at Ka Komi na nag-ambag nang malaki sa pagbubuo ng edisyong ito. D



*Palimbagang Pulang Silangan*
Timog Katagalugan
2022-2023